

Pagsisimula ng Buhay sa Australya

Maligayang Pagdating sa

Victoria

Tagalog

Enero 2009

Petsa ng Edisyon: Enero 2009

Mga numero ng telepono: Ang mga numero ng telepono na nagsisimula sa 1800 ay mga libreng tawag kung tatawag mula sa isang pribadong telepono at kapareho ng halaga ng lokal na tawag kung tatawag sa teleponong hinuhulugan na pera. Ang mga numerong nagsisimula sa 13 o 1300 ay kapareho ng bayad ng lokal na mga tawag. Ang ilang numerong nagsisimula sa 1300 at 1800 ay maaari lamang matawagan mula sa labas ng kabiserang siyudad. Ang halaga ng mga tawag mula sa mobile phone ay ayon sa halaga ng mga tawag sa mobile.

Para sa mga numerong hindi nagsisimula sa 13, 1300 at 1800: Kung tatawag mula sa labas ng Australya, i-dial muna ang numerong 61, pagkatapos ay ang area code na hindi kasama ang 0, pagkatapos ang numerong iyong tinatawagan. Kung tumatawag mula sa loob ng Australya ngunit sa labas ng estado o teritoryo, i-dial ang area code, at pagkatapos ay ang numero.

Pagkakaila: Bagama't sinikap ng Department of Immigration and Citizenship (Kagawaran ng Imigrasyon at Pagkamamamayan)(ang kagawaran)at ng mga nag-aambag nito na matiyak na ang materyal sa buklet na ito ay wastong-wasto sa oras ng paglalabas, saklaw ng buklet na ito ang hanay ng mga bagay na palagiang nagbabago. Walang pananagutang aakuin para sa kapabayaan o ano man ang kagawaran at ang mga nag-aaambag nito kung sakaling ito ay magdulot ng kawalan o pinsala sa sinuman bilang resulta ng pag-asa sa impormasyong ibinigay sa buklet na ito.

Nilalaman

Panimula	5
1. Ano ang kailangang gawin kaagad matapos na dumating	6
A. Mag-aplay para sa Tax File Number	6
B. Magrehistro sa Medicare at pag-isipan ang pagkuha ng pribadong segurong pangkalusugan	7
C. Magbukas ng account sa bangko.	7
D. Magrehistro sa Centrelink.....	8
E. Kontakin ang Serbisyo kaugnay ng Gawaing Pangkalusugan	8
F. Magrehistro para sa pag-aaral ng Ingles	9
G. Ipalista ang iyong mga anak sa isang paaralan.....	9
H. Mag-aplay para sa lisensiya sa pagmamaneho	9
2. Tulong sa wikang Ingles	10
Mga serbisyong kaugnay ng pagsasalin at pag-iinterpretate	10
Pag-aaral ng Ingles para sa mga Matanda	11
3. Mga Serbisyong Pangkagipitan	14
Pulisya.....	14
Ambulansiya.....	14
Brigada ng Bombero	15
Iba pang mga numerong pangkagipitan.....	15
4. Saan makakakuha ng tulong	16
Settlement services for recently-arrived migrants	16
Adult Migrant English Program (AMEP - Programa sa Wikang Ingles para sa Matandang Migrante)	16
Mga Migrant Resource Centre at Migrant Service Agency o mga Ahensiyang nauukol sa mga Serbisyong Pang-migrante.....	16
Mga etniko at pangkomunidad na samahan	18
Mga serbisyo para sa mga kabataan	20
Tulong na Pambatas	21
Karahasan	22
Mga karapatang pangmamimili	22
Lokal na Konseho.....	24
Ang Pangrehiyong Serbisyong Pang-impormasyon ng Pamahalaang Australya (AGRIS)	24
Tulong pangkagipitan	24
Paghahanap ng mga kamag-anak	24
Pagpapayo sa telepono sa oras ng krisis.....	25
Kasal at iba pang pakikipagrelasyon.....	25
Pagpapayo para sa mga taong nakaranas ng labis na pagpapahirap at trauma.....	25
Mga serbisyong pampinansiya.....	26
Konsesyon para sa mga taong mababa ang kinikita.....	27
Tax Help (Tulong sa Buwis)	27
5. Kaugalian at batas sa Australya.	28
Mga responsibilidad at prinsipyo	28
Pagkapantay-pantay at laban sa diskriminasyon	28
Mga kriminal na pagkakasala.....	29
Pagmamaneho	33
Paghitiit at pag-inom ng mga bawal na gamot	35
Kapaligiran	35
Ingay.....	35
Mga Hayop	36
Pakikipagkita at pakikipag-usap sa mga tao	36
Magalang na Gawi	36
Pananamit	37

Karaniwang mga kasabihan sa Australya	37
6. Pabahay	38
Pag-upa sa pribadong bahay o flat	38
Mga karapatan at katungkulan ng mga Nangungupahan	38
Pagbili ng bahay o flat	39
Public Housing (Pampublikong Pabahay)	39
Pangkagipitang Pabahay	40
Mga Mahalagang Serbisyong Pambahay	40
7. Pagtatrabaho.	42
Paghahanap ng trabaho	42
Mga Serbisyo ng Job Network	42
Karagdagang impormasyon	44
Mga Kwalipikasyon.....	44
Mga Kondisyon sa Pagtatrabaho (mga karapatan ng tagapag-empleyo/empleyado).....	46
Superannuation	47
Pagbubuwis.....	48
Mga ari-arian, pamumuhunan at kinkita sa ibayong dagat.....	49
8. Kasiguruhang panlipunan.	50
Mga panahon ng paghihintay	50
Crisis Payment para sa mga pumasok sa ilalim ng programang humanitarian	51
Family Assistance payments (Mga Kabayaranang Tulong Pampamilya)	51
Mga kabataan.....	52
Isang taong makikitungo sa Centrelink o sa Opisina ng Tulong para sa iyo.....	52
Mga Karapatan at mga Katungkulan.....	52
Mga Opisyal para sa Serbisyong Multikultural ng Centrelink	53
Higit pang impormasyon.....	53
9. Sasakyan.....	55
Sasakyang Pampubliko.....	55
Pribadong mga sasakyan.....	55
10. Edukasyon at pangangalaga sa bata.....	57
Pangangalaga sa bata	57
Mga Paaralan	58
Mga batang hindi nagsasalita ng wikang Ingles.....	59
Mga Interpreter.....	59
Pagpapalista.....	59
Isinaling impormasyon tungkol sa mga paaaralan	60
Bokasyonal na Edukasyon	60
Mga unibersidad.....	61
11. Ang sistemang pangkalusugan	62
Medicare.....	62
Centrelink Health Care Card (Kard para sa Pangangalaga ng Kalusugan mula sa Centrelink)	62
Pribadong segurong pangkalusugan.....	62
Medikal na tulong	63
Community Health Centres (Mga Sentrong Pangkalusugan sa Komunidad).....	64
Mga serbisyo para sa mga pamilyang may mga batang anak	65
Kalusugan at Kagalingang Pangkababaihan	65
Kalusugang Pangkaisipan.....	66
Mga Serbisyong Pangkapansanan	67
Mga serbisyo para sa mga taong mula sa magkakaibang kultura at lengguwahe	67
Kaligtasang pambata at pag-iwas sa aksidente	67
Pagbabakuna	67
Mga Serbisyong nauukol sa Pangangalaga ng Ngipin.....	68
Paglapit sa Serbisyong nauukol sa Pangangalaga sa Matanda	68

Karagdagang impormasyon	69
12. Libangan at Media	70
Mga gawain sa labas.....	70
Mga gawain at palabas na pangkultura.....	71
Internet	72
13. Kagawaran ng Imigrasyon at Pagkamamamayan	73
Pagkamámamayán sa Australya.....	73
Resident return visa o visa para makabalik ang residente	74
Mga pagbisita ng pamilya sa Australya.....	74
14. Lokal na pamahalaan at mga serbisyong pangkomunidad.....	75
Mga serbisyong pangkomunidad	75
Mga serbisyong Multikultural.....	75
Mga Aklatan	75
Iba pang mga serbisyo	75
Higit pang impormasyon.....	76

Panimula.

Maligayang pagdating sa Australya lalong-lalo na sa Victoria.

Ang Australyano, Estado, Teritoryo at mga Lokal na Pamahalaan ng Australya kasama ng mga di-pampamahalaang mga ahensiya ay nagbibigay sa mga naninirahan sa Australya ng malawak na hanay ng mga serbisyo. Ang buklet na ito ay magbibigay sa iyo ng simpleng ideya sa uri ng mga serbisyo at tulong na maaari mong makuha at kung saan ka maaaring pumunta para sa pagpapayo. Ang mga taong kabilang sa ilalim ng sistemang refugee at humanitarian ay kailangan basahin ang impormasyon na tanging inilaan para sa kanila ng Department of Immigration and Citizenship (DIAC)(Kagawaran ng Imigrasyon at Pagkamamamayan).

Ang buklet na ito ay nakatuon para sa lahat ng inaasahan at bagong dating na mga migrante sa Australya na may partikular na pagtuon ng pansin sa mga permanenteng migrante at mga dumating sa ilalim ng sistemang 'humanitarian'. Kailangan basahin ng mga taong kabilang sa ilalim ng sistemang refugee at humanitarian ang impormasyon na tanging inilaan para sa kanila ng Department of Immigration and Citizenship (DIAC)(Kagawaran ng Imigrasyon at Pagkamamamayan).

Madalas na magiging mahirap na magawang angkop para sa lahat ng mga mambabasa ang lahat ng impormasyon sa buklet na ito. Mahalaga na tandaan na ang ilang mga permanenteng migrante at karamihan sa mga may hawak na pansamantalang *visa* ay maaaring hindi makakuha ng lahat ng mga serbisyo.

Mangyari lamang na maglaan ng oras upang mabasa nang maingat ang buklet na ito. Naniniwala kami na ito ay makatutulong sa pagsisimula ng iyong bagong buhay sa Australya. Kailangan mong gamitin ang pinakahuling edisyon, na makukuha mula sa maraming tagapagbigay ng serbisyo para sa mga bagong dating mula sa website na may pamagat na "Living in Australia" o Buhay sa Australya mula sa mga pahina ng website na: www.immi.gov.au/living-in-australia. Iminumungkahi namin na basahin mo muna ang Tsapter (*kabanata*) 1-4. Ito ay tungkol sa mga isyung may tanging kinauukulan sa iyong mga unang linggong paninirahan sa Australya.

Ang mga bagay na iyong kakaharapin sa iyong pagsisimula ng bagong buhay sa Australya ay pawang mahirap at pabago-bago. May mga paghamon at mayroon ding mga gantimpala. Sa bandang huli ang iyong tagumpay ay nakabatay sa iyong sariling pagsisikap gayundin sa tapat na kalooban ng mga taong handang tumulong sa iyo. Maligayang pagdating at hangad namin ang iyong tagumpay!

1. Ano ang kailangang gawin kaagad matapos na dumating

Nasa ibaba ang listahan ay ilang sa mga mahalagang bagay na kailangan mong gawin sa lalong madaling panahon matapos na dumating sa Australya. Tsekan ang bawa't bagay kapag nagawa mo na ito.

- | | |
|---|--------------------------|
| Ang Iyong Checklist | ✓ |
| A. Mag-aplay para sa Tax File Number | <input type="checkbox"/> |
| B. Magrehistro sa Medicare at pag-isipan ang pagkuha ng pribadong segurong pangkalusugan | <input type="checkbox"/> |
| C. Magbukas ng account sa bangko | <input type="checkbox"/> |
| D. Magrehistro sa Centrelink | <input type="checkbox"/> |
| E. Kontakin ang Serbisyo kaugnay ng Gawaing Pangkalusugan | <input type="checkbox"/> |
| F. Magrehistro para sa pag-aaral ng Ingles | <input type="checkbox"/> |
| G. Ipalista ang iyong mga anak sa isang paaralan | <input type="checkbox"/> |
| H. Mag-aplay para lisensya sa pagmamaneho | <input type="checkbox"/> |

Basahin ang Tsapter 2, *Tulong sa wikang Ingles* para sa impormasyon tungkol sa mga serbisyong pang-interpretate at pagsasalin ng mga dokumento.

Basahin ang Tsapter 4, *Saan makakakuha ng tulong* para sa impormasyon tungkol sa mga organisasyong maaaring makatulong sa iyo kaugnay ng paninirahan.

A. Mag-aplay para sa Tax File Number

Ito ang unang gawin. Upang makatanggap ng kita sa Australya, kailangan mo ng **Tax File Number (TFN)**. Kabilang sa kita ang mga sahod o suweldo mula sa trabaho, mga kabayaran mula sa pamahalaan, at perang kinita mula sa mga pamumuhunan kabilang ang interes sa savings accounts.

Paano mag-aplay para sa Tax File Number

Sa Australya, maaari kang tumawag sa **Australian Taxation Office (ATO)** (Opisina ng Pagbubuwis sa Australya) at humiling na ikaw ay padalhan ng porma ng aplikasyon. Sa ibang paraan, maaari kang mag-aplay para sa TFN sa website ng ATO 24 na oras sa isang araw 7 araw sa isang linggo. Ang mga porma ng aplikasyon ay maaari ding makuha mula sa ATO o mga opisina ng Centrelink na nakalista sa White Pages na direktoryo ng telepono.

Australian Taxation Office (ATO) – mga detalye ng pagkontak

Telepono 13 2861

Mag-aplay para sa TFN sa internet
[Pagrerehistro para sa TFN sa pamamagitan ng internet](#)

Mag-aplay nang personal
[Sa mga opisina ng ATO](#)
[Sa mga opisina ng Centrelink](#)

Sa website ng ATO www.ato.gov.au

Tunghayan ang Tsapter 7, Pagtatrabaho, para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagbubuwis.

B. Magrehistro sa Medicare at pag-isipan ang pagkuha ng pribadong segurong pangkalusugan

Nagbibigay ang Pamahalaan ng Australya ng tulong para sa mga gastos sa pagpapagamot sa pamamagitan ng panukalang tinatawag na **Medicare**. Nagbibigay din ang pamahalaan ng tulong para sa gastos ng karamihang gamot sa ilalim ng Pharmaceutical Benefits Scheme (PBS). Ang Medicare at PBS ay pinangangasiwaan ng Medicare Australia

Ikaw ay maaaring maging karapat-dapat na maging miyembro ng Medicare at kagyat na makakuha ng mga serbisyo at programa para sa pangangalaga ng kalusugan. Kabilang dito ang libreng pangangalaga sa publikong ospital, tulong sa halaga ng pangangalaga sa labas ng ospital at gayundin ng tulong sa halaga ng mga gamot. Mahalagang malaman na hindi lahat ng mga migrante ay karapat-dapat makakuha ng tulong mula sa Medicare at kailangan mong kontakin ang Medicare kung ikaw ay karapat-dapat.

Ang Medicare ay mayroong **Kit na Pang-impormasyon** na isinalin sa 19 na iba't ibang wika at makukuha sa wikang Ingles, Braille at sa audio CD at cassette. Ito ay nagpapaliwanag tungkol sa Medicare at iba pang mga pampamahalaang serbisyo sa kalusugan at mga pangangailangan upang maging karapat-dapat na makakuha ng mga benepisyo at kabayaran. Tandaan na humingi nito kung ikaw ay pupunta sa isang lokal na opisina ng Medicare, Migrant Resource Centre o bumibisita sa website.

Paano Makakapagpatala Sa Medicare

Upang makapagparehistro sa Medicare, kailangan mong pumunta sa isang opisina ng Medicare 7 hanggang 10 araw makalipas na ikaw ay dumating sa Australya at dalhin ang iyong pasaporte, mga dokumento sa pagbibiyaha at permanenteng visa. Kung matugunan ang lahat ng mga pangangailangan sa pagpaparehistro, ikaw ay maaaring bigyan ng numero ng iyong Medicare kard upang magamit hanggang sa dumating ang iyong kard sa pamamagitan ng koreo makalipas ang halos 3 linggo. Sa karamihang kaso ikaw ay magbabayad para sa medikal na pangangalaga at pagkatapos ay makatatanggap ng refund para sa ilang bahagi ng kabayaran. **Kung kailangan ang kagyat na pagpapatingin sa doktor**, maaari kang magrehistro sa Medicare nang hindi na kailangang maghintay ng 7 hanggang 10 araw at humingi ng pansamantalang numero.

Ang **pangkagipitang pagpapagamot** ay maaaring magawa sa loob ng 24 na oras mula sa mga departamentong 'Casualty' o 'Emergency' ng mga pampublikong ospital.

Medicare - mga detalye ng pagkontak

Sa pamamagitan ng telepono

13 2011

Nang personal

[Mga opisina ng Medicare](#)

Information kit ng Medicare

[Information Kit](#)

(makukuha sa mga wikang maliban sa Ingles)

Website ng Medicare

www.medicareaustralia.gov.au

Bilang karagdagan sa Medicare, maraming iba't ibang mapagpipiliang mga pribadong segurong pangkalusugang pondo na nagbibigay ng mga opsyon na sumasaklaw sa mga serbisyong hindi saklaw ng Medicare, gaya hal., pangangalaga sa ngipin, karamihan sa pangangalaga sa mata at sasakyang pang-ambulansiya.

Para sa higit pang impormaasyon tungkol sa pribadong segurong pangkalusugan, basahin ang Tsapter 11, *Ang Sistemang Pangkalusugan*.

C. Magbukas ng account sa bangko.

Sa Australya, itinatabi ng mga tao ang kanilang pera sa bangko, building society o credit union. Karamihan sa kinikita kabilang ang sahod sa trabaho at mga benepisyo mula sa pamahalaan ay ibinabayad nang direkta sa isang account. Gumagamit ang mga taga-Australya ng mga bankcard o credit card para sa maraming mga layunin.

Maipapayo na magbukas ng account sa bangko, building society o credit union **sa loob ng 6 na linggo ng iyong pagdating**, dahil kadalasan ay kailangan mo lang ng pasaporte bilang pagkakakilanlan (I.D). Matapos ang 6 na linggo, kakailanganin mo ng karagdagang I. D. upang magbukas ng account at maaari kang mahirapan kung ikaw ay walang ibang dokumento. Abisuhan ang iyong bangko ng tungkol sa iyong Tax file Number (TFN) upang maiwasan ang mas mataas na halaga ng pagbubuwis sa interes na kinita.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagbubukas ng account sa bangko bisitahin ang website na nasa ibaba.

[Smarter Banking – pakinabangan nang husto ang inyong pera](#)

www.bankers.asn.au

D. Magrehistro sa Centrelink

Ang tulong para sa paghahanap ng trabaho, mga kabayaran nauukol sa kasiguruhang panlipunan at iba pang tulong ay ibinibigay sa pamamagitan ng ahensiya ng pamahalaan na tinatawag na **Centrelink**. Ang mga bagong dating na residente ay maaaring magrehistro sa Centrelink upang makakuha ng tulong para sa paghahanap ng trabaho, pagkilala ng kwalipikasyon sa mga kasanayan sa ibang bansa at mga angkop na kurso. Ang Centrelink ay mayroon ding mga porma ng aplikasyon para sa Tax File Number at makatutulong upang mailagak mo ang iyong aplikasyon sa Opisina ng Pagbubuwis, upang hindi maantala ang pagkuha ng anumang kabayaran. Ang mga kabayaran ay maaaring ibigay mula sa araw ng iyong pagkontak sa Centrelink. Upang mabayaran mula sa araw na ikaw ay dumating sa Australya kailangang mong kumontak sa araw na ito at maglagak ng claim sa loob ng 14 na araw.

Ang mga taong pumasok sa ilalim ng programang *humanitarian* ay karapat-dapat para sa Crisis Payment mula sa Centrelink. Kailangang mag-claim ang taong ito sa loob ng 7 araw ng pagdating sa Australya o kumontak sa Centrelink na may balak mag-claim sa loob ng 7 araw ng pagdating at maglagak ng claim sa loob ng 14 na araw ng pagkontak na iyon. Para sa karagdagang impormasyon basahin ang Tsapter 8, *Kasiguruhang panlipunan*.

Kung ikaw ay may mga anak, maaaring ikaw ay karapat-dapat para sa mga kabayaran nauukol sa Tulong Pampamilya na pinondohan ng pamahalaan upang makatulong sa halaga ng pagpapalaki sa mga anak.

Centrelink – mga detalye ng pagkontak

Telepono 13 1021

Tulong para sa mga wikang maliban sa Ingles 13 1202

Personal [Mga opisina ng Centrelink](#)

Centrelink website www.centrelink.gov.au

Para sa bagong dating na mga migrante
[Lumipat ka ba kamakailan sa Australya upang manirahan](#)

Impormasyon sa mga ibang wikang maliban sa Ingles
[Tulong para sa Centrelink – kami ay nagsasalita ng iyong wika](#)

Para sa higit pang impormasyon, basahin ang Tsapter 2, *Tulong sa wikang Ingles*, Tsapter 7, *Pagtatrabaho*, at Tsapter 8, *Kasiguruhang panlipunan*.

E. Kontakin ang Serbisyo kaugnay ng Gawaing Pangkalusugan

Kung ikaw ay pumirma sa isang **Health Undertaking** (Form 815) sa kahilingan ng koreong pang-ibayong dagat ng Department of Immigration and Citizenship (DIAC), kailangan mong tawagan ang Health Undertaking Service matapos na ikaw ay dumating sa Australya.

Kapag nakontak mo ang Health Undertaking Service aabisuhan ka nila kaugnay ng pinakamalapit na Health Authority Clinic kung saan maaaring isagawa ang iyong kasunod na mga medikal na pagpapasuri.

Health Undertaking Service

1800 811 334
(9n.u. – 4n.h., Lunes - Biyernes)

F. Magrehistro para sa pag-aaral ng Ingles

Ang **pakikipag-usap sa wikang Ingles ay napakahalaga** at susi sa iyong matagumpay na paninirahan. Kung ikaw ay hindi nakakapagsalita ng wikang Ingles, lubos namin ka naming hinihikayat na mag-aral sa lalong praktikal na panahon matapos na ikaw ay dumating.

Ang mga kursong nauukol sa wikang Ingles para sa mga bagong dating sa Australya ay ibinibigay sa ilalim ng **Adult Migrant English Program (AMEP)** o Programang Ingles para sa mga Matandang Migrante. Bilang isang bagong residente, maaari kang makakuha ng libreng pag-aaral ng wikang Ingles na aabot hanggang 510 oras. Ang AMEP ay nagbibigay ng ilang mga mapagpipilian upang ikaw ay makapag-aral pa rin ng wikang Ingles kung ikaw ay may trabaho, pamilya o iba pang mga responsibilidad. **Magrehistro sa lalong madaling panahon** o maaaring hindi mo magamit ang iyong karapatan para sa mga klase!

Para sa higit pang impormasyon, basahin ang Tsapter 2, *Tulong sa wikang Ingles*

G. Ipalista ang iyong mga anak sa isang paaralan

Sa ilalim ng batas sa Australya, kinakailangang pumasok sa paaralan ang mga batang nasa pagitan ng 5 hanggang 15 taon ang edad. Kailangan mong ipalista ang iyong mga anak sa paaralan sa lalong madaling panahon. Para sa higit pang impormasyon, basahin ang Tsapter 10, *Edukasyon at pangangalaga sa anak*.

H. Mag-aplay para sa lisensiya sa pagmamaneho

Kung ikaw ay may visa para sa pagiging permanenteng residente at may kasalukuyang lisensiya sa pagmamaneho mula sa ibang bansa, sa wikang Ingles o may isang opisyal na salin mula sa isang matatanggap na pinagmulan, ikaw ay papahintulutang magmaneho sa unang 3 buwan matapos ang pagdating. Pagkatapos nito, kung gusto mong magmaneho, kailangan mong kumuha ng angkop na lisensiya sa pagmamaneho sa Australya. Kadalasan kakailangan nito na ikaw ay pumasa sa isang pagsusulit sa kaalaman, isang praktikal na iksamen sa pagmamaneho, at isang pagsusuri sa paningin. Sa Australya, ang mga lisensiya sa pagmamaneho ay ibinibigay ng mga pamahalaang estado at teritoryo.

Kung ikaw ay walang lisensiya mula sa ibang bansa kailangan mong pumasa sa Driver Knowledge test upang makakuha ng lisensiya upang matuto o learner's permit.

VicRoads

13 1171

VicRoads website

www.vicroads.vic.gov.au/Home/Licensing/NewResidentsVisitors/

Mangyari lamang na bigyang pansin: Sa Australya ay may mga mahigpit na batas na nararapat mong sundin kaugnay ng trapik at pagmamaneho nang nakainom. Para sa higit pang impormasyon, basahin ang Tsapter 5, *Kaugalian at batas sa Australya*.

Para sa opisyal na pagsasalin ng isang lisensiya sa pagmamaneho basahin ang Tsapter 2, *Tulong sa wikang Ingles*.

2. Tulong sa wikang Ingles

Mga serbisyong kaugnay ng pagsasalin at pag-iinterpretar

PAG-IINTERPRETE

Ang **Translating and Interpreting Service (TIS National)** ay makakapagbigay ng interpreter sa telepono sa mahigit na 120 mga lengguwahe at wika. Maaari kang tumawag sa Pambansang TIS National sa halaga lamang ng lokal na tawag (maaaring magkaiba ang singil sa mga tawag na mula sa mobile). Ang Pambansang TIS National ay maaaring tawagan sa loob ng 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo at makatutulong sa mga sitwasyong pangkagipitan mula saan mang lugar sa Australya.

Kung hindi ka makapagsalita o makaintindi ng Ingles at kailangan mong makipag-usap sa isang ahensiya ng pamahalaan, hilingin sa kanila na kumontak sa Pambansang TIS National upang matulungan ka na makipag-usap sa kanila. Karaniwan ay gumagamit ng interpreter sa telepono ngunit kung kinakailangan, ang mga ahensiya ng pamahalaan ay maaaring gumawa ng pagsasaayos na naroroon ang interpreter nang personal. Ang ahensiya ng pamahalaan ang dapat magbayad para sa gastos ng interpreter. Tiyakin na inalam mo ang mga oras ng opisina ng ahensiya ng pamahalaang nais mong kausapin bago ka tumawag.

Kung ikaw ay may problema sa pag-intindi sa mga automatikong sistema ng telepono ng mga ahensya ng pamahalaan, kung gayon, tawagan nang direkta ang Pambansang TIS National at tutulungan ka nila.

Kung kailangan mo ang tulong ng interpreter kung ikaw ay nagpapakonsulta sa iyong doktor maaari mong hilingin sa kanila na kontakin ang Pambansang TIS National sa Doctor's Priority Line upang makakuha ng interpreter sa pamamagitan ng telepono. Maaari ding mag-book ang doktor para sa isang on-site interpreter kung kinakailangan.

Translating and Interpreting Service (Pambansang TIS National) 131 450

TIS National website www.immi.gov.au/tis

Kung nais mong kumontak sa Centrelink at kailangan mo ang tulong ng interpreter, maaari kang tumawag nang direkta sa Centrelink sa:

Centrelink (upang makakuha ng tulong ng interpreter) 13 1202

Website ng Centrelink www.centrelink.gov.au

Ang Pambansang TIS National ay tumatanggap ng mga katanungan mula sa mga residente at mamamayang Australyano na interesadong maging mga kontratistang interpreter, na nagbibigay ng mga serbisyong pang-interpreter batay sa kontrata sa mga miyembro ng Australyanong komunidad na nagsasalita ng mga wikang maliban sa Ingles. Kung ikaw ay may mahusay na mga kasanayan sa Ingles at isa man lamang sa ibang wika, maaari mong isaalang-alang na mag-aplay upang maging isang kontratistang interpreter sa Pambansang TIS National. Para sa karagdagang mga detalye maaari mong kontakin ang Contract Manager ng Pambansang TIS National sa 1300 132 621 kaugnay ng pagrerekluta ng interpreter at mga kondisyong pantrabaho.

Kailangan ko ng 'interpreter card'

Ang Pambansang TIS National ay gumagawa ng "I need an interpreter card" upang magamit ng mga taong hindi Ingles ang tubong wika na nangangailangan ng tulong ng interpreter. Ang card na kasinglaki ng wallet ay may Simbolo ng Pambansang interpreter, ay inilaan upang makatulong sa mga taong hindi Ingles ang tubong wika kung kailangan nilang makipag-ugnayan sa mga ahensya ng pamahalaan, mga grupong pangkomunidad at mga negosyo, Simple lamang na maipakikita ng mga taong hindi Ingles ang tubong wika upang ipagbigay-alam na kailangan nila ng interpreter.

Maaaring isulat sa harap ng card ng taong hindi Ingles ang tubong wika ang nais niyang wika at sa kabilang bahagi naman ay nakasulat ang mga detalye ng pagkontak sa Pambansang TIS National. Ang card ay maaaring magamit ng kahit sinuman sa Australya na nagsasalita ng wikang maliban sa Ingles at nangangailangan o nagnanais na gumamit ng interpreter upang makipag-usap.

Ibinibigay ng Pambansang TIS National ang mga card nang libre sa iba't ibang mga ahensya ng pamahalaan, mga grupong pangkomunidad, at mga ahensyang hindi nagpapatubo upang ipamahagi sa kanilang mga kliyenteng hindi Ingles ang tubong wika sa antas ng komunidad. Maaaring mag-order ng mga card sa pamamagitan ng email mula sa pangkat ng TIS National Client Liaison at Promotions sa tispromo@immi.gov.au

Tandaan: Sa pangkalahatan ang Pambansang TIS National ay gumagana batay sa bayad para sa serbisyo at maaaring maging angkop ang mga bayad para sa pag-iinterpretar.

Pagsasalin ng iyong mga mahahalagang dokumento

Ang isang buod /halaw na pagsasalin sa wikang Ingles ng ilang mga dokumento na iyong kakailanganin sa iyong paninirahan sa Australya ay maaaring ibigay nang walang bayad ng Department of Immigration and Citizenship (DIAC) (Kagawaran ng Imigrasyon at Pagkamamamayan). Maaaring kabilang sa mga dokumentong ito ang mga sertipiko ng kapanganakan at kasal, lisensiya sa pagmamaneho, mga kwalipikasyon sa pag-aaral, at mga *reference* sa pagtatrabaho.

Kung nais mong makakuha ng libreng mga pagsasalin, kailangang ikaw ay isang permanenteng residente o mamamayang Australyano at kailangang kang humiling nito sa loob ng dalawang taon ng iyong pagdating o pagiging permanenteng residente. Kailangan mong ilagak ang iyong kahilingan para sa pagsasalin sa pamamagitan ng tagapagbigay serbisyo ng Adult Migrant English Programme (AMEP) (tignan sa ibaba).

Ang pagsasalin ng ibang mga dokumento ay maaaring isaayos sa pamamagitan ng akreditadong tagapagsalin batay sa may bayad na serbisyo. Para sa listahan ng mga akreditadong mga tagapagsalin sa iyong wika, bisitahin ang website ng Pambansang Autoridad ng Akreditasyon para sa mga Tagapagsalin at Interpreter (NAATI) sa:

NAATI Hotline

1300 557 470

NAATI website

www.naati.com.au/

Pag-aaral ng Ingles para sa mga Matanda

Ang Adult Migrant English Program (AMEP)

Ang pag-aaral ng Ingles ay isa sa mga pinakapangunahin at pinakamahalagang hakbang na maaari mong magawa upang makapanirahan nang matagumpay sa Australya at matamo ang iyong mga hangarin. Kung ikaw ay karapat-dapat, ang AMEP ay makapagbibigay ng batayang pagtuturo sa wikang Ingles na magagamit mo para sa pang-araw araw na pakikipag-unayan sa lipunan at sa ilang mga kalagayang pantrabaho.

Kung ikaw ay maging kwalipikado para sa AMEP maaari kang mag-aral ng Ingles na tatagal nang hanggang 510 oras, o hanggang sa maaari mo nang magamit ang wikang Ingles, o kung alinman ang mauna. Kung ikaw ay dumating sa ilalim ng sistemang 'humanitarian' na nagkaroon ng mahirap na karanasan katulad ng pagpapahirap o troma bago dumating sa Australya, o nakaabot lamang ng mababang pormal na pag-aaral, maaari kang makakuha ng karagdagang pag-aaral ng wikang Ingles.

Kailangang suriin ang iyong mga kasanayan sa pagsasalita, pagbabasa, pagsusulat at pakikinig sa wikang Ingles upang malaman kung ikaw ay karapat-dapat para sa mga klase ng AMEP. Kung ang iyong Ingles ay hindi nasuri sa ibayong dagat bilang bahagi ng iyong aplikasyon sa migrasyon, ito ay susuriin kapag ikaw ay nagrehistro para sa mga klase ng AMEP sa Australya.

Kailangan kang magrehistro para sa mga klase ng AMEP sa iyong lokal na tagapagbigay ng serbisyo ng AMEP sa loob ng tatlong buwan ng pagdating sa Australya o pagiging permanenteng residente. Kailangan kang magsimula sa mga klase sa loob ng isang taon, at kung hindi ay hindi ka maaaring makapag-aral ng Ingles sa AMEP. Kapag ikaw ay rehistrado na, maaari mong ipagpaliban ang pagsisimula ng iyong mga klase sa Ingles kung magiging mahirap para sa iyo na dumalo sa mga ito dahil sa iyong pamilya, trabaho o iba pang mga pananagutan.

Ang AMEP ay nagbibigay ng ilang mga pamamaraan upang matuto. Maaari kang dumalo sa mga klase nang full-time or part-time, sa araw, sa gabi o sa weekend. Ang mga klase ay ginaganap sa mga syudad at mga lugar sa kanayunan. Maaari kang mag-aral ng Ingles sa bahay sa pamamagitan ng 'Distance Learning' sa pamamagitan ng tulong ng isang tyutor sa bahay. Kung ikaw ay may mga anak na hindi pa puwedeng pumasok sa iskuwela maaaring magsaayos ang iyong tagapagbigay-serbisyo ng libreng childcare habang ikaw ay nasa klase.

Enquiries Line

131 881

AMEP website

www.immi.gov.au/amep

Settlement Services Locator

www.immi.gov.au/living-in-australia/settle-in-australia/find-help/where-to-help/index.htm

Kung nais mong magparehistro o alamin kung ikaw ay karapat-dapat sa AMEP, kontakin ang iyong pinakamalapit na tagapag-bigay-serbisyo (nakalista sa ibaba).

Central and Eastern Melbourne and Rural region of Victoria

Adult Multicultural Education Services Consortium
AMES Central
255 William Street
MELBOURNE VIC 3000
Tel: **1300 304 685**
Fax: 9926 4600
Email: education@ames.net.au
Web: www.ames.net.au/learn_english

Southern Melbourne region of Victoria

Adult Multicultural Education Services Consortium
AMES Central
255 William Street
MELBOURNE VIC 3000
Tel: **1300 304 685**
Fax: 9926 4600
Email: education@ames.net.au
Web: www.ames.net.au/learn_english

Western Melbourne region of Victoria

Adult Multicultural Education Services Consortium
AMES Central
255 William Street
MELBOURNE VIC 3000
Tel: **1300 304 685**
Fax: 9926 4600
Email: education@ames.net.au
Web: www.ames.net.au/learn_english

Northern Melbourne region of Victoria

Northern AMEP Consortium
C/O NMIT
Cnr Dalton Road and Cooper Street
EPPING VIC 3076
Tel: **9269 1012**
Fax: 9269 1011
Web: www.northernamep.com.au

Ang iyong Migrant Resource Centre (Basahin ang *Tsapter 4, Saan makakakuha ng tulong*) at Centrelink (basahin ang *Tsapter 7, Pagtatrabaho*) ay may impormasyon tungkol sa AMEP at iba pang mga paraan upang mapabuti ang iyong Ingles.

Iba Pang Mapagpipilian Para Sa Pag-Aaral Ng Wikang Ingles

Ang pag-aaral ng wikang Ingles ay maaari ding makuha sa pamamagitan ng nakalaang mga programa na pinangangasiwaan ng Department of Education, Employment and Workplace Relations (DEEWR) at ng mga pamahalaang estado/teritoryo. Ang DEEWR ay may 2 programang panglengguwahe kaugnay ng trabaho para sa mga taong may sapat na gulang.

Ang una ay ang **Language, Literacy and Numeracy Program (LLNP)** (Programa para sa Lengguwahe, Karunungan Bumasa, Sumulat at Bumilang) na nagbibigay ng hanggang sa 800 oras na pagsasanay sa wika, karunungan bumasa, sumulat at bumilang para doon sa mga nahihirapang humanap ng trabaho dahil sa mga balakid na bunga ng mababang antas ng karunungan bumasa at sumulat o kakahayan sa wikang Ingles.

Ikaw ay maaaring maging karapat-dapat sa LLNP kung ikaw ay nakatapos na ng isang kurso ng AMEP o ikaw ay hindi karapat-dapat para sa AMEP. Kabilang sa LLNP ang pagsusulat, pagsasalita, pakikinig at pagbabasa sa wikang Ingles, matematika at bokasyonal na pag-aaral na makatutulong sa iyo sa paghahanap ng trabaho. Upang maging karapat-dapat ikaw ay kinakailangang nakarehistro bilang isang Naghahanap ng Trabaho sa Centrelink.

Centrelink **13 1021**

Kung ikaw ay hindi nakakapagsalita ng wikang Ingles **13 1202**

LLNP – mga pahina sa internet www.centrelink.gov.au/internet/internet.nsf/services/literacy_numeracy.htm

Ang pangalawa ay ang programang **Workplace English Language and Literacy (WELL)** na nagbibigay ng pondo sa mga organisasyon upang magsanay ng mga manggagawa sa wikang Ingles, karunungan bumasa at sumulat at mga kasanayan sa karunungan bumilang.

WELL Program **1300 363 079**

Website www.deewr.gov.au

Ang DEEWR ay nagbibigay din ng masinsinang pagtuturo ng wikang Ingles para sa karapat-dapat na bagong dating na mga mag-aaral na mababa sa 18 taon ang edad sa ilalim ng **programang English as a Second Language for New Arrivals (ESL-NA)**. Layunin ng programa na mapagbuti ang mga pagkakataong pang-edukasyon at mga resulta ng bagong dating na mga mag-aaral na di-Ingles ang tubong wika sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng kanilang kakayahan sa wikang Ingles at pagtulong ng kanilang pakikilahok sa mga pangunahing gawaing pang-edukasyon.

ESL-NA Program **1300 363 079**

Website www.deewr.gov.au

May mga kursong nauukol sa wikang Ingles na maaaring makuha sa pamamagitan ng ibang mga institusyong pang-edukasyon at sentrong pangkomunidad. Basahin ang Tsapter 7, *Pagtatrabaho* at Tsapter 10, *Edukasyon at pangangalaga sa bata*, sa ilalim ng *Bokasyonal na edukasyon*.

3. Mga Serbisyong Pangkagipitan

Sa kagipitan, tumawag sa **000**, para sa:

- [Police](#) (Pulisya)
- [Ambulance](#) (Ambulansiya)
- [Fire Brigade](#) (Bombero)

Ang mga tawag sa **000** (tatlong zero) ay libre. Maghanda sa pagbibigay ng iyong pangalan, tirahan at numero ng telepono (kung ikaw ay mayroon), at ng uri ng serbisyo na kailangan mo.

Kung ikaw ay hindi nakapagsasalita ng Ingles, sabihin muna sa opereytor kung anong tulong ang iyong kailangan (sabihin lamang na “**Police**”, “**Ambulance**” o “**Fire**”) at pagkatapos ay sabihin ang iyong lengguwahe. Ikaw ay ikokonekta sa Translating and Interpreting Service (TIS National) (Serbisyong Tagapagsalin at Tagapag-interpretar), kaya huwag ibababa ang telepono. Pagkatapos ay tutulungan ng interpretar ang serbisyo ng pulisya, bombero o ambulansiya upang makuha ang mga detalye ng iyong tinitirhan at iba pa.

Pulisya

Sa isang **kagipitan**, tumawag sa **000** at hilingin ang “**Pulisya**”.

Para sa mga **di-kagyat** na usapin, tumawag sa **131 444** o sa iyong lokal na istasyon ng pulisya. Ang kanilang mga numero ay nakalista sa seksiyon ng ‘Police stations’ ‘Mga Istasyon ng Pulisya’ sa White Pages na direktoryo ng telepono. Walang bayad para sa mga serbisyo ng pulisya.

Ang pulisya sa Australya ay hindi konektado sa puwersang militar at walang ginagampanang papel sa pulitika. Layunin nila na protektahan ang buhay at ari-arian sa komunidad, hadlangan at manmanan ang krimen at pangalagaan ang kapayapaan. Ang pulisya ay maaaring mamagitan sa mga isyung pampamilya kung saan may pagtatalo sa tahanan o pangamba kaugnay ng pisikal, seksuwal o sikolohikal na pang-aabuso.

Ambulansiya

Kung kailangan mo ng ambulansiya, tumawag sa **000** at hilingin ang “**Ambulansiya**”. Ang mga ambulansiya ay nagbibigay ng pangkagipitang sasakyan patungo sa ospital at kagyat na atensiyong medikal. Tandaan, **HUWAG IBABA** ang telepono kung ikaw ay hindi nakapagsasalita ng wikang Ingles – sabihin ang iyong wika at ikaw ay tutulungan ng interpretar sa iyong tawag.

Sa ilang mga estado at teritoryo, ang serbisyo ng ambulansiya ay maaring maging libre o mas mababang halaga para sa mga taong tumatanggap ng pensiyon sa Pamahalaang Australya o mayroong Health Care Card (ibinibigay ng Centrelink sa mga taong natasa bilang mababa ang kinikita). Maaaring malaki ang magastos kung ikaw ay walang ganitong mga benepisyo, kung gayon maaari mong naisin na maging miyembro ng ambulansiya o sumapi sa isang pribadong segurong pangkalusugan na siyang sasagot sa gastos. Basahin ang *Tsapter 11, Ang Sistemang Pangkalusugan*

Sa Victoria ang Ambulansiya ay hindi isang libreng serbisyo maliban na lamang kung ikaw ay may kard ng pensiyon mula sa gobyerno o Health Care Card (na ibinibigay ng Centrelink sa mga taong natasa na mababa ang kinikita). Ang serbisyo at sasakyan ng ambulansiya ay maaaring maging napakamahal kung ikaw ay wala ng mga benepisyong ito, kaya maaari mong naisin na maging miyembro ng ambulansiya o sumapi sa isang pribadong pondo ng segurong pangkalusugan na mananagot sa gastos. (Tunghayan ang *Tsapter 11, Ang sistemang pangkalusugan.*) Upang lubos na walang babayaran para sa mga gastos ng ambulansiya, inirerekomenda ng Metropolitan Ambulance Service na ikaw ay maging Miyembro ng Ambulansiya sa Victoria na may taunang bayad na \$60.00 para sa mga

nagsosolong tao o \$120.00 para sa mga pamilya. Ito ay nagbibigay ng buong segurong pang-ambulansiya sa kabuuang Australya.

Kumuha ng aplikasyon para sa pagiging miyembro mula sa Australia Post at ilagak ang aplikasyon sa counter o kumontak sa:

Pagsapi sa Ambulansiya

1800 648 484

Brigada ng Bombero

Sa isang kagipitan, tumawag sa **000** at hilingin ang **"Fire Brigade"**. Ang **Fire Brigade** (Brigada ng Bombero) ay pumapatay ng mga apoy, nagliligtas ng mga tao sa nasusunog na mga gusali at tumutulong din sa mga kalagayan na kung saan ang gas o mga kimiko ay nagiging mapanganib. Sa mga di-gaanong mahalagang kaso, maaari mong gamitin ang numero ng telepono na nakalista sa seksiyon ng 'Fire brigades' o 'Mga Istasyon ng Bombero' sa White Pages na directoryo ng telepono.

Iba pang mga numerong pangkagipitan

Ang makatutulong na mga numerong pangkagipitan ay nakalista sa harap ng iyong lokal na White Pages na direktoryo ng telepono.

Poisons Information Centre

13 1126

(Sentrong Pang-impormasyon kaugnay ng Pagkalason)
(24 na oras na linya)

[Child Abuse Prevention Services \(CAPS\)](#)

1800 688 009

(Mga Serbisyo kaugnay ng Paghadlang sa Pag-abuso sa Bata)
(24 na oras na Libreng tawag sa Linyang Pangkrisis)

4. Saan makakakuha ng tulong

Settlement services for recently-arrived migrants

Mga serbisyong nauukol sa paninirahan para sa kamakailan lamang na dumating na mga migrante

Ang Kagawaran ng Imigrasyon at Pagkamamamayan (DIAC) ay nagpopondo sa **Settlement Grants Program (SGP)** na nagbibigay ng mga serbisyong nauukol sa paninirahan sa mga kamakailan lamang na dumating na mga permanenteng residente sa ilalim ng panukalang humanitarian at programang 'family stream' na mababa ang kaalaman sa wikang Ingles.

Ang mga dependant ng mga skilled migrant kabilang ang mga may hawak na temporary visa katulad ng mga Prospective Marriage visa holder at Provisional Spouse at Interdependency visa holder at ang kanilang mga dependant sa kanayunan at rehiyonal na mga lugar na may mababag kaalaman sa wikang Ingles ay maaari ding makakuha ng mga serbisyong ito.

Sa ilalim ng SGP, ang mga organisasyon ay pinopondohan upang magbigay ng mga proyektong makatutulong sa mga bagong dating na magkaroon ng tiwala sa sariling kakayahan at makilahok nang pantay sa lipunang Australya sa lalong madaling panahon matapos na dumating. Ang mga proyekto ay maaaring sa mga larangan ng Oryentasyon sa Australya, Pagpapaunlad ng mga Komunidad at Integrasyon.

Ang impormasyon kaugnay ng SGP, kabilang ang mga detalye ng mga organisasyong pinondohan ng SGP ay maaaring makuha sa website na:

Settlement Grants Program (SGP)

www.immi.gov.au/living-in-australia/delivering-assistance/settlement-grants/

Settlement Services Locator

www.immi.gov.au/living-in-australia/settle-in-australia/find-help/where-to-help/index.htm

Adult Migrant English Program (AMEP - Programa sa Wikang Ingles para sa Matandang Migrante)

Bukod sa pagtuturo sa iyo ng wikang Ingles, tutulungan ka ng iyong mga guro sa AMEP na maunawaan ang mga paraan ng pamumuhay sa Australya at mga pang-araw araw na gawain tulad ng pagbabangko, pamimili, pag-aaplay ng trabaho at pakikilahok sa komunidad. Ganoon din ang magiging sitwasyon ng iyong mga kaklase at makapagbabahagi ka ng mga nakatutulong na gabay. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa AMEP, basahin ang Tsapter 2, *Tulong sa wikang Ingles*

Settlement Services Locator

www.immi.gov.au/living-in-australia/settle-in-australia/find-help/where-to-help/index.htm

Mga Migrant Resource Centre at Migrant Service Agency o mga Ahensiyang nauukol sa mga Serbisyong Pang-migrante

Ang **Migrant Resource Centres (MRCs)** at **Migrant Service Agencies (MSAs)** na nakalista sa ibaba ay matatagpuan sa kabuuan ng metropolitang Melbourne at kadalasan ay nagbibigay ng buong hanay ng mga serbisyo para sa mga migrante, kabilang ang mga bagong dating. Ang mga ito ay pinopondohan ng Kagawaran ng Imigrasyon at Pagkamamamayan upang magbigay ng mga serbisyong nauukol sa paninirahan sa ilalim ng Settlement Grants Program (SGP) sa mga karapat-dapat na mga kliyente. Maaari mong

naisin na kontakin ang pinakamalapit na MRC/MSA sa iyo bilang unang punto ng kontak matapos na dumating sa Australia o kung paalis na sa mga serbisyo ng IHSS para sa mga bagong dating. Ang mga tauhang pinondohan ng SGP ay magbibigay sa iyo ng impormasyon at naaangkop na mga serbisyo o irereper ka sa pinaka-angkop na ahensya upang tumulong sa iyong mga pangangailangan sa paninirahan. Kontakin ang:

New Hope Migrant & Refugee Centre
(formerly South Central Region MRC)
18 Chester St
OAKLEIGH VIC 3166
Tel: **9563 4130**
Fax: 9563 4131
Website: www.newhope.asn.au
Email: equiry@newhope.asn.au

New Hope Migrant & Refugee Centre
(formerly SCR MRC Prahran Branch)
40 Grattan St
PRAHRAN VIC 3181
Tel: **9510 5877**
Fax: 9510 8971
Website: www.newhope.asn.au
Email: equiry@newhope.asn.au

Migrant Resource Centre North West Region (MRC NWR)
45 Main Rd West
ST ALBANS VIC 3021
Tel: **9367 6044**
Fax: 9367 4344
Website: www.mrcnorthwest.org.au
Email: mrcnw@mrcnorthwest.org.au

MRC NWR Hume Branch Office
60 Belfast St
BROADMEADOWS VIC 3047
Tel: **9351 1278**
Fax: 9351 1210

MRC NWR Hobsons Bay Outreach Program
8 Donald Street
LAVERTON VIC 3028
Tel: **9351 1278**
Fax: 9351 1210

Spectrum Migrant Resource Centre (SMRC)
251 High St
PRESTON VIC 3072
Tel: **9496 0200**
Fax: 9484 7942
Website: www.spectrumvic.org.au
Email: info@spectrumvic.org.au

Spectrum MRC Moreland Outreach Service
13 Munro St
COBURG VIC 3058
Tel: **9383 6233**
Fax: 9383 6299

South Eastern Region Migrant Resource Centre (MRC NWR)
Level 1, 314 Thomas St
DANDENONG VIC 3175
Tel: **9706 8933**
Fax: 9706 8830
Website: www.sermrc.org.au
Email: sermrc@sermrc.org.au

SERMRC Casey Office
60 Webb St
NARRE WARREN VIC 3805
Tel: **9705 6966**
Fax: 9705 6977
Website: www.sermrc.org.au
Email: sermrc@sermrc.org.au

Migrant Information Centre
(Eastern Melbourne)
Suite 2
Town Hall Hub
27 Bank Street
BOX HILL VIC 3128
Tel: **9285 4888**
Fax: 9285 4882
Website: www.miceastmelb.com.au

Gippsland Multicultural Services Inc.
(formerly Gippsland Migrant Resource Centre)
100-102 Buckley St
MORWELL VIC 3840
Tel: **5133 7072** or **1300 304 552**
Fax: 5134 1031
Website: www.gmsinfo.com.au

DIVERSITAT
(Geelong Migrant Resource Centre)
153 Pakington St
GEELONG WEST VIC 3218
Tel: **5221 6044**
Fax: 5223 2848
Website: www.diversitat.org.au/

Mga etniko at pangkomunidad na samahan

Maraming mga etniko at pangkomunidad na samahan na maaring makapagbigay ng tulong o magturo sa iyo doon sa maaaring makatulong sa iyo. Mayroon ding mga klub, asosasyon at mga pangrelihiyong samahan na maaari mong salihan. Ang mga ito ay nakalista sa bahagi na 'Clubs' at 'Organisations' sa [Yellow Pages](#) na direktoryo ng telepono. Ang iyong Migrant Resource Centre o Migrant Resource Agency ay magagalak na magbigay sa iyo ng listahan ng mga klub at samahang maaaring maging angkop sa iyong mga pangangailangan at interes. Kabilang sa iba pang mga organisasyon na maaaring magbigay ng impormasyon ang:

Bendigo Regional Ethnic Communities' Council
PO Box 2323
120 McCrae Street
BENDIGO Mail Centre VIC 3554
Tel: **5441 6644**
Fax: 5441 6644
Email: brecc@bigpond.net.au
Website: www.brecc.org.au

Community Connections (Victoria) Ltd
PO Box 404
135 Kepler Street
WARRNAMBOOL VIC 3280
Tel: **1300 361 680**
Fax: 5560 3700
Email: ccvl@comconnect.com.au
Website: www.comconnect.com.au

Sunraysia Mallee Ethnic Communities' Council
PO Box 1213
255 Eleventh Street
MILDURA VIC 3502
Tel: **5022 1006**
Fax: 5021 2450
Email: rosac@migrantservices.com.au
Website: www.migrantservices.com.au

Ballarat Regional Multicultural Council
504 Mair Street
BALLARAT VIC 3350
Tel: **5337 0700**
Fax: 5337 0777
Email: info@brmc.org.au
Website: brmc.ballarat.vic.au

Ethnic Council of Shepparton & District Inc.
158 Welsford Street
SHEPPARTON VIC 3630
Tel: **5831 2395**
Fax: 5831 3764
Email: ecshepp@mcmmedia.com.au

Swan Hill Rural City Council
PO Box 488
Swan Hill Region Information Centre
Cnr McCrae and Curlewis Streets
SWAN HILL VIC 3585
Tel: **5032 3033**
Fax: 5032 3032

Uniting Care-Cutting Edge

136 Maude Street
SHEPPARTON VIC 3630
Tel: **5831 6157**
Fax: 5872 2835

City of Wodonga
PO Box 923
104 Hovel Street
WODONGA VIC 3690
Tel: **(02) 6022 9300**
Fax: (02) 6022 9322
Email: infor@wodonga.vic.gov.au
Website: www.wodonga.vic.gov.au

Para sa tulong sa metropolitang lugar tumawag sa:

Footscray
AMES Settlement Services
Level 1, 27 Albert Street
Metrowest Shopping Centre
FOOTSCRAY VIC 3011
Tel: 8398 4700

Noble Park
AMES Settlement Services
60 Douglas Street
NOBLE PARK VIC 3174
Tel: 8558 8870

Para sa mga pagtatanong sa kanayunan tumawag sa:1800 500 962 (Libreng tawag)

Mga Website:

Australian Multicultural Foundation	9347 6622
Ethnic Communities Council of Victoria	9349 4122
InfoXchange Australia	9418 7400
Victorian Multicultural Commission	9208 3184
Ecumenical Migration Centre	9416 0044
Refugee Council of Australia	9348 2245
Federation of Ethnic Communities Councils in Australia	(02) 6282 5755

Pangunahing suporta ukol sa paninirahan para sa mga humanitarian entrant

Ang **Integrated Humanitarian Settlement Strategy (IHSS)** ng kagawaran ay nagbibigay ng panimulang masinsinang suporta para sa paninirahan sa mga bagong dating na pumasok sa ilalim ng porgramang humanitarian, pangkaraniwan para sa loob ng 6 na buwan, ngunit ito ay maaaring pahabain para sa mga kliyenteng nahaharap sa dagdag na mga paghamon.

Ang IHSS ay naglalayong makatulong sa mga pumasok bilang humanitarian na matamo ang kasapatang pansarili sa lalong madaling panahon sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng espesyal na tulong batay sa pangangailangan. Sa pamamagitan ng pamamaraan ng pangangasiwa ng kaso, ang mga pangangailangan ng mga pumasok bilang humanitarian ay natutukoy at gumagawa ng plano para sa kaso para sa paghahatid ng suporta.

Ang karagdagang impormasyon tungkol sa IHSS, kabilang ang mga detalye ng mga organisasyong pinondohan ng IHSS, ay maaaring matagpuan sa website na:

Integrated Humanitarian Settlement Strategy (IHSS)

www.immi.gov.au/living-in-australia/settle-in-australia/find-help/ihss

Mga serbisyo para sa mga kabataan

Sa kabuuang Victoria, ilang mga ahensiyang pangkomunidad ay nagbibigay ng programa para sa mga kabataang nasa pagitan ng edad na 12 at 25 taong gulang. Para sa impormasyon tungkol sa mga programang panglibangan at iba pang gawain para sa mga kabataan, mangyari lamang kontakin ang iyong lokal na konseho at makipag-usap sa Koordineytor ng mga Serbisyong Pangkabataan o Koordineytor ng Libangan. Maraming mga serbisyo sa lokal na konseho ay ibinibigay nang libre para sa mga kabataan, o sa mababang halaga. Basahin ang Tsapter 14, *Mga Lokal na Konseho*.

Ang direktoryo ng mga organisasyon na nagbibigay ng mga programa at serbisyong partikular na inilaan para sa mga kabataang mula sa iba't ibang kutura at lengguwahe (CALD) ay maaaring makuha mula sa website na:

www.cmyi.net.au/ResourcesfortheSector#Directories

Ano ang Serbisyong Pangkabataan? – ang isinaling impormasyon para sa mga pamilya tungkol sa mga serbisyong pangkabataan sa Australya na ibinibigay para sa mga kabataan at mga pamilya. Ito ay maaaring makuha mula sa website na:

www.cmyi.net.au/TranslatedandCommunityInfo

Ang mga manggagawang pangkabataan ay mga taong may kwalipikasyon at karanasan sa mga gawaing pangkabataan. Sila ay nagtatrabaho sa mga Sentrong Pangkabataan, mga Migrant Resource Centre at mga lokal na konseho at nagbibigay sa mga kabataan ng impormasyon, tulong at mga gawain sa isang ligtas na kapaligiran.

Ang **The Source** ay ang website na pangkabataan ng Pamahalaang Komonwelt na nagbibigay ng iba't ibang impormasyon para sa mga kabataan.

Kids Helpline (24 na oras na linya)

1800 551 800

Kids Help website

www.kidshelp.com.au

The Source

www.thesource.gov.au

The **Centre for Multicultural Youth (CMY)** is a not-for-profit community organisation that promotes the wellbeing of migrant and refugee young people throughout Victoria. CMY may also be able to help you find appropriate youth groups, youth activity programs and support services for newly arrived young people.

Ang **Centre for Multicultural Youth** ay isang pangkomunidad na organisasyong hindi nagpapatubo na nagtataguyod ng kapakanan ng mga kabataang migrante at *refugee* sa buong Victoria. Ang CMY ay makakatulong din ito sa iyo upang makahanap ng mga angkop na grupong pangkabataan, mga programang nauukol sa gawaing pangkabataan at mga serbisyong pansuporta para sa mga bagong dating na kabataan.

Ang **Mga Serbisyong Pangkabataan ng Frontyard** ay nagbibigay ng hanay ng mga serbisyo para sa mga kabataang, walang tirahan o nanganganib na mawalan ng tirahan. Kabilang sa mga serbisyo ang reperal para sa tirahan, kalusugang pangkabataan, tulong kaugnay ng Centrelink, suportang pambatas, suportang pantrabaho at pang-edukasyon, maagang pamamagitan at mga serbisyong pangkabataan kaugnay ng Impormasyong Pangteknolohiya. Ang **Melbourne Youth Support Service** ay nakabase sa Frontyard at nagbibigay ng impormasyon at mga numero ng telepono para sa mga serbisyong nauukol sa pabahay para sa mga kabataan sa buong Victoria.

Ang **Action Centre** ay nakabase sa siyudad ng Melbourne at nagbibigay ng serbisyong pangkalusugan para sa mga kabataan.

[Centre for Multicultural Youth](http://www.cmyi.net.au)

9340 3700

[Frontyard Youth Services](http://www.frontyard.org.au)

9611 2411

1800 800 531

<u>Action Centre</u>	9654 4766
<u>Job Watch Employment Rights Legal Centre Telephone Service</u>	9662 1933
	1800 331 617

Ang ilang mga Migrant Resource Centre at Migrant Service Agencies (basahin sa itaas ng tsapter na ito) ay may mga programang nauukol sa kabataan.

Tulong na Pambatas

Sa bawa't estado at teritoryo ay may mga pangkomunidad na samahan na nagbibigay ng impormasyon sa mga tao tungkol sa kanilang legal na mga karapatan at mga tungkulin, at upang mapahusay ang kanilang paglapit sa sistema ng hukuman. Maaari mong kontakin ang:

Ang mga Pangkomunidad na Sentrong Pambatas ay maaaring magbigay ng libreng impormasyon at payong pambatas sa mga taong naninirahan sa lokal na komunidad. Maaari mong kontakin ang:

<u>Federation of Community Legal Centres (Vic)</u>	9652 1500
--	------------------

Ang Victoria Legal Aid (Legal Aid) ay makatutulong sa iyo kaugnay ng iyong pambatas na problema. Ang Legal Aid ay nagbibigay ng legal na pagpapayo at tulong kaugnay ng mga usaping nauukol sa krimen, pagkasira ng pamilya, karahasan sa pamilya, imigrasyon, kalusugang pangkaisipan, kasiguruhang panlipunan, pautang at mga paglabag sa trapiko.

Ang libre at kompidensiyal na impormasyong pambatas ay makukuha sa pamamagitan ng telepono. Kung kailangan mo ng tulong sa lengguwahe, mangyari lamang na sabihin ang iyong lengguwahe at maaaring isaayos ang isang interpreter o opisyal pambatas para sa iyo. Ang Multilingual Telephone Information Service ay nagbibigay ng impormasyon sa wikang Arabiko, Kantones, Kroasyan, Griyego, Italyano, Masedonyan, Mandarin, Polis, Ruso, Serbiyan, Kastila, Turko, Ukraniyan at Biyetnames. Para sa pagpapayo at impormasyon sa pinakamalapit na serbisyo kumontak sa:

Victoria Legal Aid (Lunes – Biyernes sa pagitan ng 8.45 n.u. at 5.15 n.h.)	9269 0120
--	------------------

Para sa mga tumatawag sa kanayunan:	1800 677 402
--	---------------------

www.legalaid.vic.gov.au

Bukod sa pagbibigay ng impormasyong pambatas, ang **Dispute Settlement Centre of Victoria** (Sentro para sa Pag-aayos ng mga Pagtatalo sa Victoria) ay nagbibigay ng libre at kompidensiyal na serbisyo upang matulungan ang mga tao na malutas ang mga pagtatalo bilang magkakapitbahay katulad ng mga bagay na may kaugnayan sa mga puno, bakod, ingay at asal ng mga tao, mga pagtatalo sa lugar na pinagtatrabahuhan at mga pagtatalo sa negosyo, pagpapalano at kapaligiran. Ang Sentro ay gumagamit ng mga interpreter sa pamamagitan ng telepono kung kinakailangan at may hanay ng mga polyeto ng impormasyon sa iba't ibang wika.

<u>Dispute Settlement Centre</u>	9603 8370
--	------------------

Para sa mga tumatawag sa kanayunan:	1800 658 528
--	---------------------

<u>Telephone Interpreting Service</u>	13 1450
---	----------------

Ang **Job Watch** ay nagbibigay ng payong pambatas tungkol sa mga problema sa trabaho katulad ng di-makatarungang pagpapalalis, seksuwal na panliligalig o karahasan.

Job Watch	<u>www.job-watch.org.au</u>
------------------	---

Melbourne	9662 1933
------------------	------------------

Country Victoria	1800 331 617
-------------------------	---------------------

Karahasan

May mga umiiral na iba't ibang serbisyo upang makatulong sa mga biktima ng krimen o karahasan, kabilang ang karahasan sa tahanan. Ang iba ay tumutulong sa mga kalalakhian at kababaihan, at sa kanilang mga pamilya upang makayanan ang mga problema na kadalasang nagiging dahilan ng karahasang pantahanan o pampamilya. Mangyari lamang na tunghayan ang Tsapter 5, *Kaugalian at batas sa Australya*.

Immigrant Women's Domestic Violence Service	9898 3145
Women's Domestic Violence Crisis Service	9373 0123
24 na oras na linya	1800 015 188
WIRE - Women's Information Victoria	1300 134 130
Women's Legal Service Victoria Advice Line	9642 0877
	1800 133 302
Women's Health in the North (North Metropolitan)	9484 1666
Violence Against Women (24 na Oras na Linyang Pantulong)	1800 200 526
Violence Against Women website	www.australiasaysno.gov.au
(kabilang ang impormasyon sa mga wikang maliban sa Ingles)	
CAPS website	www.childabuseprevention.com.au
Child Abuse Prevention Services (CAPS)	1800 688 009
(24 na Oras na Libreng tawag sa Linyang Pangkrisis)	

Mga karapatang pangmamimili

Ang **Consumer Affairs Victoria** ay makapagbibigay ng impormasyon at pagpapayo sa mga kliyente sa kanilang sariling wika sa pamamagitan ng mga interpreter, o sa wikang Ingles sa mga sumusunod na mga isyung pangkliyente: pag-upa at akomodasyon, mga Ahente ng Ari-arian, pagbili at pagbenta ng bahay, pagtatayo at pagkukumpuni, pagbili ng sasakyan, pamimili, mga garantiya, mga layby, mga pagbabalik ng ibinayad, pautang at pangangalakal sa Victoria

[Consumer Affairs Victoria](#)

English helpline	1300 558 181
Arabic help line	1300 655 503
Russian help line	1300 655 503
Vietnamese help line	1300 855 110
Chinese helpline	1300 726 656

O bumisita sa aming mga tanggapan ng **Victorian Consumer & Business Centre** sa:

60 Mitchell Street
BENDIGO
Tel: **5444 2038**

113 Exhibition Street
MELBOURNE
Tel: **1300 558 181**

122 Ninth Street
MILDURA
Tel: **5022 1735**

11 Sturt Street
BALLARAT
Tel: **5331 6074**

62-68 Ovens Street
WANGARATTA
Tel: **5723 6400**

65 Gheringhap Street
GEELONG
Tel: **5224 8072**

192 Liebig Street
WARNAMBOOL
Tel: 5561 3631

25 Ann Street
MORWELL
Tel: 5116 5701

Iniimbestigahan ng mga opisina ng **Ombudsman** ang mga reklamo tungkol sa mga samahang pampamahalaan, at mga pribadong kompanya sa ilang industriya. Maaari silang gumawa ng aksiyon upang wakasan ang mga labag sa batas, hindi makatarungan o may-pagtatanging pakikitungo, o mamagitan upang makakuha ng mas makatarungang resulta para sa iyo.

Ang **Australian Communications and Media Authority (ACMA)** ay nag-iimbestiga ng mga reklamo tungkol sa di-angkop na nilalaman ng mga serbisyong nauukol sa pagbobroadcast katulad ng telebisyon at radyo, at ng internet. Ang mga reklamo ay dapat munang iharap sa may-ari ng serbisyo. Kung hindi nalutas ang reklamo, maaari mong ipadala ang iyong reklamo sa ACMA. Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa:

Australian Communications and Media Authority (Libreng tawag) **1800 226 667**

TTY (para sa may kapansanan sa pandinig at pagsasalita) **(03) 9963 6948**

ACMA website

www.acma.gov.au

Ang **Australian Competition and Consumer Commission (ACCC)** (Komisyon ng Kompetisyon at Mámimili sa Australya) ay nagbibigay sa mga mámimili ng ilang proteksiyon laban sa di-makatarungang mga gawi sa larangan ng pagpepresyo, laban sa kompetisyon at di-makatarungang kaugalian sa mga pamilihan at kaligtasan ng produkto.

Ang ilan sa mga numero ng teleponong maaaring tawagan ay:

Australian Competition & Consumer Commission	1300 302 502
Commonwealth Ombudsman	1300 362 072
Advertising Standards Bureau	(02) 6262 9822
Banking and Financial Services Ombudsman	1300 780 808
Credit Union Dispute Resolution Centre	1300 780 808
Financial Ombudsman Service	1300 780 808
Insurance Ombudsman Service	1300 780 808
Financial Co-operative Dispute Resolution Scheme	1300 780 808
Private Health Insurance Ombudsman	1800 640 695
Superannuation Complaints Tribunal (SCT)	1300 780 808
Telecommunications Industry Ombudsman	1800 062 058
Consumers Online	www.consumersonline.gov.au
Consumer Affairs Victoria	1300 558 181
Victorian Ombudsman (regional only)	9613 6222 1800 806 314

[Victorian Health Services Commission](#) 1800 136 066

[Legal Services Commissioner](#) 9679 8001
(local call Australia-wide) 1300 796 344

[Energy and Water Ombudsman](#) 1800 500 509

Lokal na Konseho

Maaari ka ring lumapit sa iyong town hall o mga opisina ng lokal na konseho para sa impormasyon tungkol sa mga serbisyo sa lugar na iyong tinitirahan. Ang mga ito ay nakalista sa seksiyon ng 'Local Government' sa [White Pages](#) na direktoryo ng telepono. (Basahin ang Tsapter 14, *Lokal na Pamahalaan*.)

Ang Pangrehiyong Serbisyon Pang-impormasyon ng Pamahalaang Australya (AGRIS)

Ang **Pangrehiyong Serbisyon Pang-impormasyon ng Pamahalaang Australya** ay isang serbisyon nagbibigay impormasyon tungkol sa mga serbisyo at programa ng Pamahalaan para sa kanayunan at pangrehiyong Australya. Ito ay naglalathala ng **The Australian Government Regional Information Directory**, na maaaring makuha sa pamamagitan ng pagtawag sa:

Australian Government Regional Information Service	1800 026 222
AGRIS Regional Entry Point website	<u>www.regionalaustralia.gov.au</u>
<u>Rural Women's Network</u>	9208 3650
Provincial Victoria website	<u>www.provincialvictoria.vic.gov.au</u>

Tulong pangkagipitan

Kung kailangan mo ng pangkagipitang pagkain, damit, tirahan o kasangkapan sa bahay, maaari kang humingi ng tulong mula sa 'mga di-pampamahalaang samahan'(NGO) katulad ng:

<u>St Vincent de Paul Society</u>	1300 305 330
<u>The Salvation Army</u>	9353 5200 o 1800 627 727
<u>The Smith Family</u>	9419 7666
<u>The New Hope Foundation</u>	9510 5877
<u>Community Information Victoria</u>	9672 2000

Huwag matakot na humingi ng tulong. Maaaring may mga partikular na patakaran upang maging karapat-dapatat maraming mga organisasyon na maaaring makatulong ayon sa iba't ibang mga kalagayan. Maaari mong kontakin ang MRC o lokal na konseho upang alamin ang mga serbisyo sa iyong lugar.

Paghahanap ng mga kamag-anak

Ang **Australian Red Cross** ay nagbibigay ng mga serbisyon kaugnay ng paghahanap at pagbibigay ng mensahe para sa mga kamag-anak na nahiwalay dahil sa giyera, kaguluhang sibil at mga malaking kapahamakan dulot ng kalikasan.

Pagpapayo sa telepono sa oras ng krisis

May iba't ibang mga serbisyong nagbibigay ng pagpapayo sa telepono kabilang na ang **Lifeline** na nagbibigay ng libreng pagpapayo sa oras ng krisis 24 oras baw't araw, 7 araw baw't linggo. Maaaring ikaw ay nakararamdam ng pagkalungkot, kailangan lang may makausap, o nais na gumamit ng kanilang espesyal na mga serbisyong nauukol sa pananalapi, pagsusugal o pangkabataang pagpapayo.

Lifeline (24 na Oras na Linyang Pangkrisis) **13 1114**

Lifeline website www.lifeline.org.au

Maternal & Child Health Line **13 2229**

(Linyang Pangkalusugan para sa Ina at Anak)

[Alcohol & Drugs – Direct Line](#) **1800 888 236**

(Alak at Bawal na Gamot -Direktang Linya)

[Gambler's Help](#) **1800 156 789**

(Tulong para sa Nagsusugal)

Parent line **13 22 89**

Kids helpline **1800 551 800**

Kasal at iba pang pakikipagrelasyon

Ang **Relationships Australia** ay nagbibigay ng pagpapayo, edukasyon at mga serbisyong nauukol sa pag-aayos upang magkasundo para sa mga tao, mag-asawa at pamilya. Sumisingil sila ng halagang batay sa iyong kinikita. Maaaring magsaayos ng interpreter kung kinakailangan.

Relationships Australia **1300 364 277**

Relationships Australia website www.relationships.com.au

Ang **Men's Line Australia** ay nagbibigay ng pagpapayo, impormasyon at mga serbisyong pang-reperal upang makatulong sa mga kalalakihan na may mga problema sa kanilang buhay pampamilya o sa kanilang mga pangunahing pakikipagrelasyon. Ito ay nagbibigay din ng suporta at impormasyon para sa mga kababaihan at mga miyembro ng pamilya na nag-aalala tungkol sa kanilang mga kapareha, mga asawa o mga ama. Para sa karagdagang impormasyon kumontak sa:

Men's Line Australia (24 na Oras na Linya) **1300 789 978**

Men's Line Australia website www.menslineaus.org.au

Pagpapayo para sa mga taong nakaranas ng labis na pagpapahirap at trauma

Ang **Victorian Foundation for Survivors of Torture (Foundation House)** ay nagbibigay ng pagpapayo, pagtataguyod at suporta sa mga taong dumating bilang mga refugee, kabilang ang pangkalusugang mga reperal, suporta sa baw't isa at sa pamilya, grupong paggawa at pagtulong sa mga kabataan na maging panatag sa kapaligiran ng paaralan. Ito ay kompidensiyal, walang kaugnayan sa relihiyon at walang kinikilingang pulitika. Para sa karagdagang impormasyon kontak in ang:

Mga serbisyong pampinansiya

Sa Australya, mayroong malaking hanay ng mga produkto at mga serbisyong kaugnay ng pagbabangko, seguro, superannuation at pamumuhunan. Ang mga produkto at serbisyong pampinansiya ay maaari lamang ibenta ng isang negosyo na lisensiyado ng pamahalaan. Labag sa batas ang magbenta ng mga serbisyong pampinansiya nang walang lisensiya.

Understanding Money Website www.understandingmoney.gov.au/content/

May ilang hindi tapat na mga tao na magtatangkang magnakaw sa iyo sa pamamagitan ng panlilinlang na ibigay mo sa kanila ang iyong pera. Kung ikaw ay mayroong reklamo tungkol sa pagdedeposito ng pera, mga pautang sa negosyo, seguro, superannuation, pamumuhunan at pagpapayong pampinansiya o kung ikaw ay hindi sigurado o nagsususpetsa tungkol sa isang tawag tungkol sa pamumuhunan, kontakin ang **Australian Securities and Investments Commission (ASIC)**:

ASIC Infoline

1300 300 630

ASIC website

www.fido.asic.gov.au

Pagbabangko

Ang mga serbisyong nauukol sa pagbabangko ay ibinibigay ng mga bangko, mga building society at mga unyong kaugnay ng pautang. Upang makapaglabas ng pera, ikaw ay maaaring pumunta sa isang bangko o gumamit ng bankard at iyong **PIN** (sariling numerong pagkakakakilanlan) upang kumuha ng kash mula sa isang **ATM** (Automatikong Makinang Teler). Huwag isulat ang iyong PIN sa iyong bankard. **Kung ninakaw o nawala ang iyong bankard – ipagbigay-alam kaagad sa iyong bangko.**

Mga Pautang

[Ang pautang](#) ay kapag ikaw ay nanghiram ng pera at pumayag na bayaran ito sa kalaunang petsa nang may karagdagang bayad, na kilala bilang interes. Ang ilan sa iba't ibang uri ng mga pautang ay mga personal na pautang, pautang sa pabahay, kredit kard at mga overdraft. Ang halaga ng pautang ay labis na magkakaiba batay sa uri ng pautang, sa umuutang, gaano katagal mo ito mababayaran, halaga ng interes at mga kabayaran at mga gastos. **Mahalaga na ikaw ay hindi kumuha ng pautang o gumamit ng kredit kard kung hindi mo kayang bayaran ito.**

Kung ikaw ay nahihirapang magbayad ng iyong utang dahil sa ikaw ay maysakit o nawalan ng trabaho, maaari mong hilingin na baguhin ang halaga ng iyong binabayaran. Kung kailangan mo ng tulong kumontak:

[Centrelink's Financial Information Service](#)

13 2300

(Serbisyong nauukol sa Impormasyong Pampinansiya ng Centrelink)

[Centrelink Financial Information National Seminar Booking Service](#)

13 6357

[Consumer Action Law Centre](#)

9670 5088

Ang mga [tagapagpayong pampinansiyal](#) ay nagbibigay ng kompidensiyal na libreng pagpapayo. Upang hanapin ang tagapagpayong pampinansiyal na malapit sa iyo kontakin ang Australian Securities and Investments Commission (ASIC) o Serbisyo ng Impormasyong Pampinansiya ng Centrelink.

Seguro

Ang [insurance](#) (seguro) ay kapag ikaw ay nagbabayad ng kaukulang halaga bawat taon upang ikaw ay maprotektahan mula sa panganib na mawala ang iyong pera kung may mangyaring hindi mabuti. Ang karaniwang uri ng seguro ay segurong pabahay, seguro para

sa mga kagamitan sa tahanan at seguro sa kotse. Kung ikaw ay nagmamay-ari ng kotse kailangan mo ng seguro upang ikaw ay maprotektahan kung nakapinsala ng ibang tao sa isang aksidente. Maaari mo ring naisin na kumuha ng komprehensibong segurong pangkotse na nagbibigay ng mas malawak na saklaw ng seguro.

Konsesyon para sa mga taong mababa ang kinikita

Batay sa kinikita, trabaho, edad, pagiging-estudyante o tinatanggap na benepisyo sa Centrelink, ang mga pamilyang mababa ang kinikita ay karapat-dapat na tumanggap ng mga konsesyon – ibig sabihin ay makakakuha ng mababang-presyo o walang bayad na mga pangunahing serbisyo sa Victoria. Karamihan sa mga tagapagbigay ng serbisyo ay magbibigay ng abiso kung ano at para kanino ang maaaring makuhang mga konsesyon. Para sa listahan ng mga konsesyon na maaaring makuha ng mga taga-Victoria, humingi ng polyeto mula sa:

Victorian Department of Human Services
(Kagawaran ng mga Serbisyong Pantao sa Victoria)
(Concessions Unit Infoline)

1800 658 521

Website

<http://www.cyf.vic.gov.au/concessions/>

Tax Help (Tulong sa Buwis)

Ang taon ng pagbubuwis sa Australya (o “pampinansiyang taon”) ay mula ika-1 ng Hulyo hanggang ika-30 ng Hunyo. Sa ilalim ng batas ng Australya ang karamihang tao ay kinakailangang magsumite ng ulat ng buwis sa Australian Tax Office sa pagitan ng ika-30 ng Hunyo at ika-31 ng Oktubre bawa’t taon.

Ang **Tax Help** ay nakalaan para sa mga taong mabababa ang kita, kabilang ang mga nakatatanda, mga taong hindi Ingles ang tubong wika, mula sa lahing Katutubo o Isla ng Torres Strait o may kapansanan. Ang Tax Help ay isang libreng serbisyo at mahihingan ng tulong mula 1 Hulyo hanggang 31 Oktubre. Upang alamin kung ikaw ay karapat-dapat at ang kinaroroonan ng iyong pinakamalapit na Tax Help Centre tumawag sa:

Tax Help (Tulong sa Buwis)

13 2861

5. Kaugalian at batas sa Australya.

Ang pag-alam at pag-unawa sa mga kaugalian at batas sa Australya ay makatutulong sa iyo upang makibagay sa buhay ng komunidad sa Australya.

Ang Australya ay isang mapagparaya at magkakaibang lipunan na may mga mamamayang mula sa iba't ibang kultura at etnisidad. Ang mga Australyano ay mula sa lahat ng sulok ng mundo. Halos 45% ng mga Australyano ay ipinanganak sa ibayong dagat o may magulang na doon ipinanganak. Bagama't Ingles ang pambansang lengguwahe, mayroong humigit-kumulang na 300 mga lengguwaheng ginagamit sa Australya kabilang ang mga katutubong lengguwahe. Ang mga Australyano ay mayroon ding iba't ibang mga relihiyon.

Sa Australya, ang bawa't isa ay malayang magpahayag at magpanatili ng kanilang mga tradisyong pangkultura at pangrelihiyon, sa ilalim ng batas, at makilahok at maging bahagi bilang isang Australyano. Sa una, ikaw ay maaaring hindi sanay sa ganitong mga pagkakaiba. Ngunit kung ikaw ay bukas at may buong paggalang sa ibang mga tao, mga ideya at mga tradisyon, ikaw ay malamang na makikibagay at magiging matagumpay sa iyong bagong buhay.

Mga responsibilidad at prinsipyo

Ang kalayaan at pagkakapantay-pantay na ating tinatamasa sa Australya ay nakabatay sa pagtupad ng bawa't isa ng kanilang mga responsibilidad. Inaasahan namin na kayo ay magiging tapat sa Australya, susuporta sa ating demokratikong paraan ng pamumuhay at tutulong na mapanatili ang tradisyon ng Australya ukol sa pagtanggap, pagpapaloob at pagiging makatarungan para sa lahat. Kabilang sa mga prinsipyong ito ang paggalang sa batas, ang kalayaan at dangal ng bawa't tao at ang pagkakapantay-pantay ng kalalakihan at kababaihan, at ang pagpapaparaya, pagiging makatarungan at pakikiramay para doon sa mga nangangailangan.

Ang ating mga prinsipyo ang batayan ng pagiging malaya at demokratiko ng lipunang Australya. Kabilang sa mga ito ang:

- paggalang sa pantay na halaga, karangalan at kalayaan ng indibiduwal
- kalayan sa pagsasalita
- kalayaan sa relihiyon at pamahalaang walang kaugnayan sa relihiyon
- kalayaan sa pagsasama-sama
- suporta para sa parlamentaryong demokrasya at patakaran ng batas
- pagkakapantay-pantay sa ilalim ng batas
- pagkakapantay-pantay ng kalalakihan at kababaihan
- pagkakapantay-pantay ng pagkakataon
- pagiging mapayapa
- diwa ng egalitarianismo, na nagtataguyod ng pagiging mapagparaya, paggalang sa isa't isa at pagkahabag para doon sa mga nangangailangan.

Pagkapantay-pantay at laban sa diskriminasyon

Mayroon kang karapatang igalang at matugunan ang iyong pangangailangan nang kasing pantay ng bawa't isa. Katulad din na kailangan mong igalang ang ibang mga tao, maging sila man ay ipinanganak sa Australya o, katulad mo ay dayuhan dito.

Sa ilalim ng pederal at pang-estado/teritoryong mga batas laban sa diskriminasyon, walang sinuman ang dapat na tratuhin nang di gaanong mabuti kaysa iba sa kadahilanang kaugnay ng kanilang edad, lahi, bansang pinagmulan, kasarian, kalagayan sa pag-aasawa, pagbubuntis, paniniwalang pampulitika o pangrelihiyon, kapansanan o piniling kasarian. Ito

ay naaangkop sa halos lahat ng mga lugar, kabilang ang pagtatrabaho, edukasyon, tirahan, pagbili ng mga bagay, at pagpunta sa mga serbisyong katulad ng mga doktor, bangko, at hotel. Ang mga kalalakihan at kababaihan ay pantay sa mata ng batas at para lahat ng iba pang mga layunin.

Ang Australya ay may tradisyon ng malayang pagsasalita. Gayunpaman, labag sa batas ang mang-insulto, manghiya, manakit ng damdamin o manakot ng ibang tao o grupo batay sa lahi, kasarian, kalagayan sa pag-aasawa, pagbubuntis, o mga paniniwalang pampulitika o pangrelihiyon.

Ang Programang **Pamumuhay nang may Pagkakasundo** ng Pamahalaang Australya ay nagtataguyod ng mga prinsipyong inilarawan sa itaas, damayang obligasyon at unawaan sa pagitan ng mga taong mula sa iba't ibang pinagmulan. Ito ay naglalayon ding harapin ang hindi pagpapparaya. Ginagawa ito sa pamamagitan ng:

- lokal na mga proyektong pangkomunidad;
- pagtutulungan ng mga pambansang organisasyon;
- isang pampublikong impormasyong estratehiya, na kabilang ang Araw ng Pagkakasundo sa ika-21 ng Marso bawa't taon.

Para sa karagdagang impormasyon, kumontak sa:

Harmony Day	1800 331 100
Funded community projects	1800 782 002
Living in Harmony website	www.harmony.gov.au

Ang **Australian Human Rights Commission (Komisyon ng Mga Karapatang Pantao sa Australya)** ay nangangasiwa sa Pangkomonwelt na batas sa mga bagay na kaugnay ng mga karapatang pantao, laban sa diskriminasyon at hustisyang panlipunan.

Australian Human Rights Commission	1300 369 711
TTY (para sa mga may kapansanan sa pandinig at pagsasalita)	1800 620 241
Website (kabilang ang impormasyon sa mga wikang maliban sa Ingles)	www.hreoc.gov.au

Ang pangunahing layunin ng **Victorian Equal Opportunity and Human Rights Commission (VEOHRC)** ay upang maiwasan at mabawasan ang diskriminasyon at matulungan ang lahat ng mga taga Victoria na makaranas ng pagkakapantay-pantay at ng tinatawag na 'Fair Go', sa pamamagitan ng administrasyon ng Equal Opportunity Act 1955 at ng Racial and Religious Tolerance Act 2001.

Victorian Equal Opportunity & Human Rights Commission	9281 7111
Para sa mga tumatawag sa kanayunan	1800 134 142
Website (kabilang ang impormasyon sa mga wikang maliban sa Ingles)	www.humanrightscommission.vic.gov.au

Kung ikaw ay biktima ng diskriminasyon maaari kang magharap ng reklamo sa:

Victorian Equal Opportunity & Human Rights Commission	9281 7111
Para sa mga tumatawag sa kanayunan	1800 134 142

Mga kriminal na pagkakasala

Ang krimen ay kadalasang ipinapaliwanag na anumang pagkilos o gawi na labag sa batas at maaaring mauwi sa kaparusahan. Ang bawa't isa sa Australya ay inaasahang sumunod sa lahat ng mga batas ng bansa. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga kriminal

na pagkakasala at sa papel na ginagampanan ng pulis sa Australya, bisitahin ang website na: www.apmab.gov.au/pubs/PoliceGuide.html (maaaring makuha sa 8 lengguwahe)

Kung ikaw ay nakasaksi ng isang kriminal na pagkakasala o kung ikaw ay may impormasyon na makatutulong sa pulisya na malutas ang isang krimen kumontak sa:

Crime Stoppers

1800 333 000

Ang mga kaugaliang pangrelihiyon at pangkultura ay kailangang magkompirma ng kasalukuyang mga batas ng Australya. Gaya halimbawa, ang mga batas sa mga estado at mga teritoryo na nagbabawal ng mga kaugaliang kinapapalooban ng pagtutuli at karahasan sa tahanan.

Karahasang pantahanan o pampamilya

Tulad ng sa ibang mga bansa, ang karahasan laban sa ibang tao ay ipinagbabawal sa Australya at itinuturing na napakasama. Kabilang dito ang kalupitan sa loob ng tahanan at sa loob ng relasyon ng mag-asawa, na kilala din sa tawag na karahasang pantahanan o pampamilya. Ito ay ang pagkilos ng isang tao na maaaring magbigay daan sa biktima na makaranas o matakot sa pisikal, seksuwal o sikolohikal na pang-aabuso at pinsala, sapilitang mga relasyong seksuwal, sapilitang paghihiwalay o kawalang-pang-ekonomiya ng biktima.

Violence Against Women (24 na Oras na Linyang Pantulong) **1800 200 526**

Women's Domestic Violence Crisis Service **9373 0123**

(24 na Oras na Linya) **1800 015 188**

Women's Health in the North (North Metropolitan) **9484 1666**

Immigrant Women's Domestic Violence Service **9898 3145**

Violence Against Women website www.australiasaysno.gov.au

(kabilang ang impormasyon sa mga wikang maliban sa Ingles)

Men's Line Australia (24 na Oras na Linya) **1300 789 978**

Men's Line Australia website www.menslineaus.org.au

Ang **Domestic Violence Outreach Services** ay nagbibigay sa mga kababaihan at mga bata ng praktikal na suporta at impormasyon tungkol sa mga mapagpipiliang akomodasyon, pagkuha ng pambatas na pagpapayo, paggamit ng mga pinansiyal na mga karapatan, mga reperal sa pagpapayo at iba pang mga serbisyo.

Lokal At Pangrehiyong Mga Serbisyo

Bairnsdale
Willaneen Women's Shelter
Tel: **5152 1863**

Ararat
Grampians Community Health Centre
Tel: **5352 6200**

Bendigo
E.A.S.E.
Tel: **5430 3000**

Ballarat
W.R.I.S.C.
Tel: **5333 3666**

Footscray
Women's Health West
Tel: **9689 9588**

Broadford
Mitchell Community Health Service
Tel: **5784 5555**

Geelong
Barwon Domestic Violence
Outreach Service
Tel: **5224 2903**

Dandenong or Springvale
WAYSS
Tel: **9791 6111**

Heidelberg
Northern Family Domestic Violence
Outreach Service
Tel: **9458 5788**

Frankston
WAYSS
Tel: **9781 4658**

Horsham
Grampians Community Health Centre
Tel: **5362 1200**

Mildura
Mallee Domestic Violence Services
Tel: **5021 2130**

Leongatha
Gippscare
Tel: **5662 4502** or **1800 221 200**

Morwell
Quantum Support Services
Tel: **5120 2000**

Narre Warren
WAYSS
Tel: **9703 0044**

Pakenham
WAYSS
Tel: **5945 3201**

Shepparton
Goulburn Valley Community Health
Service
Tel: **5823 3200**

Ringwood
Eastern Domestic Violence Outreach
Service
Tel: **9870 5939**

Stawell
Grampians Community Health Centre
Tel: **5358 7400**

St Kilda or Moorabin
Southern Region Outreach Service
Tel: **9536 7777**

Swan Hill
Mallee Domestic Violence Services
Tel: **5033 1899** (24 hr line)

Warrnambool
Emma House Domestic Violence
Services
Tel: **5561 1934**

Wangaratta
Cooroonya Domestic Violence Service
Tel: **1800 721 100**

Warragul
Quantum Support Services
Tel: **5622 7000**

Wodonga
Upper Hume Community Health
Service
Tel: (02) **6022 8888**

Ang **Men's Referral Service** ay nagbibigay ng impormasyon, pagpapayo at reperal para sa mga kalalakhian na naging marahas laban sa kababaihan o mga bata at nagnanais na matigil ang kanilang paggamit ng karahasan.

Men's Referral Service

9428 2899

1800 065 973

Sexual assault services

Ang **Centres Against Sexual Assault (CASAs)** ay nagbibigay ng 24 oras na pagtugon sa mga pangangailangan ng kamakailan lamang at nakaraang mga biktima/nakaligtas sa situwasyon ng seksuwal na pang-aabuso. Ang mga serbisyo ay para sa mga kababaihan, kalalakhian at mga bata.

[Centre Against Sexual Assault](#)

1800 806 292

**Para sa reperal sa iyong lokal na CASA
'After hours' na linya sa buong estado**

Ang legal na edad ng pahintulot

Ang legal na edad ng pahintulot ang ibig sabihin ang edad na kinikilala ng batas ang iyong karapatan na sumang-ayong makipagtalik sa ibang tao ay nagkakaiba-iba sa bawat estado sa Australya. Labag sa batas na makipagtalik sa isang taong mas bata sa legal na edad ng pahintulot at maaaring magkaroon ng malubhang mga kaparusahan para sa sinumang lumabag sa batas na ito.

Sa **Victoria**, ang edad ng pahintulot ay 16 na taong gulang para sa kapwa kalalakihan at kababaihan sa kondisyon na ang kanilang kapartner ay hindi ang kanilang tagapag-alaga o guro. Ang mga taong nasa edad na 10-15 taon ay maaaring legal na makipagtalik sa kondisyon na ang kanilang partner ay hindi mas matanda nang higit sa dalawang taon. Pinoprotektahan ng mga batas na ito ang mas nakababatang mga tao mula sa pagsasamantala.

Maaari kang makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa edad ng pahintulot sa pamamagitan ng pagkontak sa klinika para sa seksuwal na kalusugan o klinika para sa pagpapalano ng pamilya.

<u>Action Centre for Young People:</u>	9654 4766
Country callers	1800 013 952
<u>Melbourne Sexual Health Centre:</u>	9347 0244
Country callers	1800 032 017

Mga karapatan ng mga bata

Ang Australya ay lubos na nakalaan upang pangalagaan ang mga karapatang pantao ng mga bata, na maaaring magkaiba-iba sa ilang mga kaugaliang pangkultura na may kaugnayan sa pagpapalaki ng bata. Kabilang sa partikular na mga kaugalian na ilegal sa ilalim ng mga batas sa Australya ang sapilitang maagang pagpapakasal at ang tinatawag na 'female genital mutilation' (pagpuputol ng isang sensitibong bahagi ng isang babae). Ilegal din na kunin at dalhin ang isang bata sa ibang bansa para sa sapilitang maagang pagpapakasal o para sa 'female genital mutilation', o mag-organisa ng ibang tao upang gawin ito. May mga serbisyong maaaring makuha upang tumugon sa mga kaugaliang ito.

Ang mga bata ay protektado ng batas mula sa pisikal, seksuwal at emosyonal na pang-aabuso, pagpapabaya at karahasan, maging sa tahanan man o sa paaralan, at kailangang gumawa ng makatwirang pagsasaayos para sa kanilang superbisyon at pangangalaga. Karaniwang hinahadlangan ang pisikal na pagdidisiplina, at ito ay ilegal kung ito ay magiging sanhi ng malaking pinsala. Ito ay hindi pinahihintulutan sa mga paaralan.

Kung ang isang kaugalian ay nakapipinsala o malamang na makapinsala sa bata o nakababatang tao, maaaring masangkot ang Child Protection Services upang matiyak ang kanilang kaligtasan at kapakanan. Kung ikaw o sinumang kakilala mo ay nangangailangan ng proteksyon mula sa karahasan o pang-aabuso, dapat mong kontakin ang pulisya o isang serbisyong pamprotekta para sa bata.

Proteksyong pambata

Child Abuse Prevention Service (CAPS) (24 na Oras na Libreng tawag sa Linyang Pangkrisis)	1800 688 009
CAPS website	www.childabuseprevention.com.au
Children's Protection Society (CPS)	1800 688 009
CPS website	www.cps.org.au

**Gatehouse Centre at Royal
Children's Hospital**
(24 Hour)

9345 6391

**South-Eastern Centre Against
Sexual Assault (SECASA)**
(24 Hour)

9594 2289

Sapilitang maagang pagpapakasal

**International Social Service (ISS)
Australian Branch**

1300 657 843

ISS website

www.iss.org.au

Kalusugan at mga Karapatang nauukol sa Pag-aanak ng Babae

Ang kaugaliang 'female genital mutilation' (pagpuputol ng isang sensitibong bahagi ng isang babae), o anumang ibang gawain na binabago ang pag-aari ng babae at hindi isinagawa para sa kadahilanang pangkalusugan ay ipinagbabawal sa Australya. Illegal din na kunin at dalhin ang isang bata sa ibang bansa para isagawa ito, o mag-organisa ng ibang tao upang gawin ito. Ang mga kababaihan at mga batang babaeng dumarating sa Australya ay maaaring may mga problemang pangkalusugan dahil sa kaugaliang ito. May mga espesyal na serbisyo na makatutulong sa kanila. May espesyal na mga serbisyong makukuha na makakatulong sa kanila.

Ang Kagawaran ng mga Serbisyong Pantao sa Victoria ay nangangasiwa sa **Family and Reproductive Rights Education Program (FARREP)**. Ang FARREP ay naglalayong makipagtulungan sa mga komunidad na may kaugalian ng pagputol sa sensitibong bahagi sa pag-aari ng babae upang madagdagan ang kanilang pagkakataong kumuha ng mga primaryang serbisyong pangkalusugan, mapagbuti ang pisikal at emosyonal na kalusugan at kagalingan ng kababaihan, mga kabataang babae at kanilang mga pamilya at himukin ang sistemang pangkalusugan na higit na maging mabilis ang pagtugon sa kanilang mga pangangailangan. Ang karagdagang impormasyon ukol sa FARREP ay maaaring makuha mula sa mga kontak na nasa ibaba:

Royal Women's Hospital FARRAP

8345 3058

www.thewomens.org.au

South Eastern CASA (24 na oras)

9594 2289

www.secasa.com.au

Pagmamaneho

Upang makapagmaneho ng sasakyan sa Australya, ikaw ay kailangang may lisensiya sa pagmamaneho at ang iyong sasakyan ay rehistrado sa pamahalaan. Para sa impormasyon tungkol sa mga lisensiya at pagrerehistro ng mga sasakyan, basahin ang Tsapter 1, *Ano ang dapat gawin kaagad matapos na dumating.*

Ang paglabag sa batas kaugnay ng trapik ay maaaring magresulta sa malaking mga multa, pagkawala ng iyong lisensiya sa pagmamaneho o maging pagkabilanggo. Ang paggamit ng mobile phone habang nagmamaneho ay labag sa batas, maliban na lamang kung ikaw ay gumagamit ng isang 'handsfree' kit.

May mga sinturon sa upuan o seatbelt (tinatawag din na mga 'restraint') sa lahat ng sasakyan para sa mga matatanda at malalaking mga bata. Ikaw ay mangangailangan ng espesyal na mga 'restraint na inaprubahan ng pamahalaan para sa maliliit na mga bata at mga sanggol. Isinasaad ng batas na ang bawa't isang nasa iyong sasakyan ay kailangang

gumamit ng seatbelt o tamang restraint para sa bata, at kung ikaw ay napaloob sa isang aksidente sa kalsada kailangang ipagbigay-alam mo kaagad ito sa pulis.

Maaaring umupa ng mga safety restraint para sa bata sa ilang mga lugar. Upang alamin kung makukuha ang serbisyong ito sa iyong lugar, kumontak sa:

Kidsafe VIC **9244 6858**

**Tulong sa mga wikang maliban sa
Ingles** **131 450**

Website www.kidsafe.com.au

Lalong mahigpit ang mga batas tungkol sa mga itinakdang tulin at sa pagmamaneho matapos makainom ng alak. Ang pinapahintulutang porsiyento ng alkohol sa dugo o ang tinatawag na *blood alcohol level* ay magkakaiba, depende sa estado o teritoryo at ayon sa uri ng hawak na lisensiya sa pagmamaneho. Labag sa batas ang uminom ng alak habang nagmamaneho. Para sa higit pang impormasyon, kumontak sa:

Alcohol Guidelines www.alcohol.gov.au

Australian Drug Foundation - Drug Info Clearing House **1300 858 584**

www.druginfo.adf.org.au/

Para sa mga bagong migrante makatutulong na malaman na ang paggamit ng mobile phone habang nagmamaneho ay labag sa batas, maliban na lamang kung ikaw ay gumagamit ng isang "handsfree" kit. Ang Melbourne ay marami na ngayong mga "toll" road, na kilala bilang *CityLink* at ikaw ay kailangang magbayad upang magamit ang mga kalsadang ito. Para sa karagdagang impormasyon kontakin ang:

VicRoads **13 1171**

www.vicroads.vic.gov.au

CityLink **13 26 29**

www.citylink.com.au

Paghitit at pag-inom ng mga bawal na gamot

Maraming mga batas kaugnay ng pagkakaroon ng at paggamit ng mga bawal na gamot. Ang paglabag sa mga batas kaugnay ng mga bawal na gamot ay maaaring humantong sa **mga malubhang kaparusahan**. Kinikilala ng mga batas sa Australya kaugnay ng mga bawal na gamot ang kaibahan sa pagitan ng mga taong gumagamit ng mga bawal na gamot at ng mga namumuhunan sa pamamagitan ng pagsusuplay, paggawa o pagbebenta ng mga ito.

Ipinagbabawal ang paninigarilyo ng tabako sa dumaraming bilang ng mga lugar sa Australya, kabilang ang karamihang mga opisina ng pamahalaan, klinikang pangkalusugan at pinagtatrabahuhan. Ang paninigarilyo sa mga restoran at mga sentrong pamilihan ay ipinagbabawal din sa karamihang mga estado at teritoryo. Ang mga lugar na nagbabawal ng paninigarilyo ay malimit na may babalang nakadispley na 'no-smoking' ngunit hindi ito madalas na nangyayari.

Isang paglabag sa batas ay magbenta ng produktong tabako sa isang 'menor de edad' (ang ibig sabihin, sa isang taong mababa sa 18 taong gulang ang edad). Ang pagbebenta ng tabako sa isang menor de edad ay ipinagbabawal din sa karamihang mga estado at teritoryo.

Ang pag-inom ng alak ay legal sa Australya nguni't sa ilang mga lugar at panahon lamang. Isang paglabag sa batas para sa kahit sinong tao ang magbenta o magsuplay ng alak sa isang taong mababa sa 18 taong gulang (isang menor de edad). Isang paglabag din sa batas para sa isang menor de edad ang uminom ng alak maliban kung ito ay sa kaniyang pribadong lugar katulad ng isang pribadong tahanan. Ang pag-inom ng alak ay ipinagbabawal din sa ilang mga publikong lugar.

Australian Drug Information Network

www.adin.com.au

(kabilang ang impormasyon sa mga wikang maliban sa Ingles)

Kapaligiran

Mahalaga ang malinis na kapaligiran at pangangalaga ng kalikasan para sa mga Australyano. Bawal ang magkalat, maglikha ang polusyon, o magtapon ng mga basura nang walang pahintulot. Ang mga katutubong hayop, kabibi at halaman ay pinoprotektahan ng batas. Huwag mangaso, mangisda o mangulekta ng mga halaman o kabibi bago alamin kung kailangan mo ng pahintulot. Dagdag pa dito, may mga espesyal na patakaran na nauukol sa mga [National Parks](#) o mga pambansang liwasan upang mahadlangan ang pagkasira nito.

[Environment Protection Authority Pollution Watch Line](#)

9695 2777

(para sa mga tumatawag sa kanayunan)

1800 444 004

Department of Primary Industries

13 6186

Department of Sustainability & Environment

13 6186

Ingay

May mga batas na nangangalaga sa mga Australyano mula sa sobrang ingay. Ang mga batas ay nagkakaiba sa lahat ng mga estado at teritoryo, at ito ay batay din kung ang lugar ay sonang pangkomersiyal, pang-industriya o para sa paninirahan. Sa pangkaraniwan, mapagparaya ang mga kapitbahay sa paminsan-minsang ingay, ngunit kung ito ay madalas, sobrang lakas o nangyayari sa gabi, maaari itong ireklamo sa lokal na konseho, autoridad ng kapaligiran sa estado o teritoryo, o sa pulis.

Sa Victoria ang tungkulin ng **Environment Protection Authority (EPA)** kaugnay ng ingay sa mga tirahan ay ang pagbibigay ng payo. Ang pulis at ang iyong lokal na Konseho ay maaaring matawagan upang tumugon nang direkta sa problema.

EPA Information Centre

9695 2722

Mga Hayop

May mga batas sa Australya na nangangalaga sa mga hayop mula sa kalupitan at pagpapabaya. Ipinagbabawal ang pagpatay ng mga hayop sa likod-bahay. Maaaring magmula o makulong ang mga taong tinatrato nang masama sa mga hayop at ibon. May mga lokal na batas tungkol sa kung anong mga hayop ang maaaring alagaan sa tahanan. Ang mga pantahanang hayop katulad ng aso ay kailangang irehistro sa iyong lokal na konseho. Basahin ang seksiyon ng 'Dog' sa 'Pampamahalaang seksiyon' ng iyong [White Pages](#).

Kung ikaw ay kumuha ng alagang hayop pananagutan mo na alagaan ito nang mabuti kabilang ang pagpapakain at pagpapanatiling malinis ito. Maraming mga alagang hayop ay kailangang regular na mabakunahan at magamot ng beterinaryo kung sila ay maysakit o nasaktan. Inaasahan sa Australya na ang mga alagang hayop ay makapon at malagyan ng micro-chip at ito ay pananagutan din ng may-ari. Maaari kang makakuha ng karagdagang impormasyon mula sa iyong lokal na vet o sa **Royal Society for the Prevention of Cruelty to Animals (RSPCA)**.

Royal Society for the Prevention of Cruelty to Animals (RSPCA)

9224 2222

RSPCA e-mail

rspca@rspcavic.org.au

RSPCA website

www.rspca.org.au

Pakikipagkita at pakikipag-usap sa mga tao

Kapag makikipagkita sa isang tao sa unang pagkakataon, kinaugalian na makipagkamay sa pamamagitan ng kanang kamay. Ang mga taong hindi magkakilala ay pangkaraniwang hindi humahalik o yumayakap kapag nagkita.

Ang maraming mga Australyano ay tumitingin sa mata ng mga taong kausap nila, bilang palatandaan ng paggalang at upang ipakita na sila ay nakikinig. Gayon pa man, kailangan mong malaman na maaaring maging di-komportable o mapahiya ang ilang tao sa ganito.

Kapag nakikipagkita sa isang tao sa unang pagkakataon, maraming mga Australyano ang hindi komportable kapag tinatanong tungkol sa kanilang edad, kung sila ay kasal, may mga anak o pera.

Maliban na lamang kung ikaw ay ipinakilala sa isang tao sa pamamagitan ng kanilang unang pangalan, o maliban kung ikaw ay sinabihan na tawagin sila sa pamamagitan ng kanilang unang pangalan, kinaugalian na tawagin sila sa pamamagitan ng kanilang titulo at apelyido, (hal. G. Wong, Bb. Smith, Gng. Brown, Dr. Lee). Sa lugar ng trabaho at sa mga kaibigan, kadalasan tinatawag ng mga Australyano ang bawa't isa sa pamamagitan ng kanilang unang pangalan.

Magalang na Gawi

Ang mga Australyano ay kadalasang nagsasabi ng "**please**" kapag humihiling ng isang bagay o serbisyo at kadalasang nagsasabi ng "**thank you**" kapag sila ay tinulungan ng isang tao o sila ay binigyan ng isang bagay. Ang hindi pagsasabi ng "please" at "thank you" ay maituturing na hindi magalang.

Ang mga Australyano ay kadalasang nagsasabi ng "**excuse me**" para makuha ang pansin ng isang tao at "**sorry**" kapag sila ay nakabunggo ng isang tao. Ang mga Australyano ay nagsasabi rin ng "excuse me" o "pardon me" kapag sila ay dumighay sa publiko o sa bahay ng isang tao.

Ikaw ay dapat palaging magsikap na nasa oras para sa mga pulong o iba pang mga pakikipagtipan. Kung alam mo na ikaw ay mahuhuli, sikaping kontakin ang tao upang

ipaalam sa kanila. Ito ay napakamahalaga sa mga propesyonal na pakikipagtipan dahil maaari kang singilin sa pagiging huli o kung ikaw ay pumalya sa iyong pakikipagtipan na hindi ipinaalam sa tao nang maaga. Ang taong parating huli ay maituturing na hindi maasahan.

Kung ikaw ay makatanggap ng nakasulat na imbitasyon maaaring kabilang dito ang mga letrang 'RSVP' na may nakalagay na petsa. Ibig sabihin nito ay nais ng taong nag-iimbita sa iyo na malaman kung ikaw ay makakadalo o hindi. Sa ganitong kalagayan, mapitagan na sumagot bago dumating ang nabanggit na petsa.

Karamihan sa mga Australyano ay sumisinga sa mga panyo o tisyu, hindi sa daanan. Katulad din ito ng pagdura. Maraming tao ang magsasabi ng "bless you" kapag ikaw ay babahin – ang kasabihang ito ay walang kahulugang ukol sa relihiyon.

Mahalagang malaman na ang ilang pagkilos ay hindi lamang pagiging walang-galang ngunit labag din sa batas. Kabilang sa mga halimbawa ay ang pagmumura sa publiko, pagtutulak sa linya, at pag-ihing pagdumi kahit saan maliban sa isang publiko o pribadong palikuran.

Pananamit

Ang Australya ay isang lipunang iba't iba ang pinagmulan. Ang sari-saring klase ng mga damit na isinusuot ng mga tao ay nagpapakita ng ganitong pagkakaiba. Maraming mga tao ang may ugaling magdamit nang impormal upang maging komportable o angkop sa sosyal na kalagayan o klima. Marami mga tao ang magnanais ding magsuot ng tradisyonal na mga damit na maaring may kaugnayan sa relihiyon o kaugalian, lalo na sa mga espesyal na okasyon.

May ilang mga batas o patakaran sa pananamit, bagama't may mga pangangailangan sa pagsusuot ng ilang mga uri ng damit para sa mga kalagayan sa trabaho at sa ilang mga lugar. Gaya halimbawa, dapat magsuot ng mga pangkaligtasang sapatos at mga matitigas na sumbrero para sa dahilan ng kaligtasan sa mga lugar ng konstruksiyon at ang mga pulis at militar at ilang mga negosyante ay nagsusuot ng mga uniporme.

Maaaring ipag-utos ng mga klub, sinehan at iba pang mga lugar sa mga tagatangkilik na magsuot ng maayos at malinis na damit at angkop sa sapin sa paa (hindi tsinelas).

Maaaring maging mapanghamon o nakakagalit para sa iyo ang ilang mga estilo ng pananamit. Gaya halimbawa, ang ilang mga kababaihan na nagsusuot ng mga damit na halos labas ang katawan. Hindi mo dapat silang hushagan sa pamamagitan ng mga pamantayan ng iyong dating bansa. Sa Australya, ano man ang estilo ng damit ng babae, hindi mo dapat ipakahulugan ito na mababa ang kanilang mga moral o kaya ay nagnanais silang makaakit ng mga interes ng mga lalaki.

Karaniwang mga kasabihan sa Australya

Marami sa karaniwang mga kasabihan o slang sa Australya ang maaaring maging kakaiba sa mga taong bago sa Australya. Kung hindi ka nakatitiyak kung ano ang ibig sabihin ng kasabihan, ayos lamang na magtanong. Ang ilang karaniwang mga halimbawa ang:

- **Bring a plate** – kapag ikaw ay inimbita sa isang sosyal o pantrabahong okasyon at hinilingang mag-'bring a plate', ang ibig sabihin nito ay magdala ng isang uri ng pagkain na maaaring ibahagi sa ibang mga tao.
- **BYO** – ang ibig sabihin nito ay 'Bring Your Own' o magdala ng sariling inumin na maaring kabilang ang alak, juice, soft drink o tubig. Ang ilang mga restoran ay BYO. Maaari kang magdala ng iyong sariling alak, bagama't kadalasan ay may bayad para sa pagbibigay at paghuhugas ng mga baso, tinatawag na 'corkage'.
- **Fortnight** – ang isang 'fortnight' ay dalawang linggo. Maraming mga Australyano ay tumatanggap ng sahod tuwing ikalawang linggo.

6. Pabahay

Pag-upa sa pribadong bahay o flat

Ang pag-upa ng bahay o flat ay karaniwang ginagawa sa pamamagitan ng real estate agent na kumakatawan sa mga may-ari ng bahay o nang direkta mula sa mga pribadong may-ari. Ang mga bakanteng paupahan ay karaniwang inilalathala sa mga pang-araw araw na pahayagan, lalo na sa mga araw ng Miyerkoles at Sabado sa mga seksiyong 'To let' at 'Accommodation vacant'. Maaari ka ring pumunta sa tanggapan ng real estate upang makita ang listahan ng mga ari-ariang pinauupahan. **Maaaring mahirap humanap ng bahay sa Australya at maaaring mahal ang upa.**

Sa Australya, mas ninanais na magkaroon ng nakasulat na kasunduan sa pagitan ng umuupa at may-ari upang ang anumang mga kahilingan at kondisyon ay madaling matukoy. Ang tinatawag na 'lease' o 'kasunduan sa pag-upa ng tirahan' ay isang nakasulat na kontrata na ginawa sa pagitan ng umuupa at ng may-ari ng bahay at kadalasan ay nakapirming panahon sa loob ng 6 o 12 buwan, gayunpaman ikaw ay may karapatang makipagkasundo sa panahon ng kontrata sa may-ari ng bahay o sa kanilang mga ahente bago ka pumirma. Maaari mo ring baguhin ang lease sa katapusan ng nakapirming panahon ng kontrata.

Maaaring may mga gastos na nakapaloob kung hindi mo itutuloy ang lease bago matapos ang napagkasunduang panahon, kaya huwag mong ikokompromiso ang iyong sarili sa isang lease na mas mahaba sa panahong kaya mong ipamalagi. **Huwag pipirma ng kontrata kung hindi mo lubusang naiintindihan ang mga hinihiling at kondisyon sa dokumento, sa dahilang ito ay magiging isang legal na kasunduan pagkatapos na ito ay iyong mapirmahan .** (Para sa karagdagang impormasyon tungkay sa ibaba ang Mga karapatan at mga katungkulan ng nangungupahan).

Sa simula ng pag-upa karaniwan ay hihilingan kang magbayad ng isang buwang paunang upa gayundin ng rental bond o panggarantiyang upa. Ang bond o garantiya ay ang ibinabayad na deposito sa may-ari ng bahay at karaniwan ay hindi hihigit sa halaga ng isang buwang upa. Kailangang ilagak ng may-ari ng bahay o estate agent ang iyong bond sa Residential Tenancies Bond Authority.

Bago ka lumipat ang kondisyon ng bahay o flat ay isusulat sa isang dokumentong tinatawag na 'condition report' at ito ay kinukumpleto mo at ng may-ari ng bahay o ng kanilang ahente. Ang dokumentong ito ay makatutulong na maiwasan ang mga di-pagkakasundo kapag ikaw ay lilipat ng tirahan dahil sa nakasulat dito ang anumang sira na naroon na nang ikaw ay lumipat sa nasabing bahay o flat. Kapag ikaw ay aalis na sa inuupahang bahay o flat makukuha mong muli ang bond kung wala kang utang na upa at ang aria-arian ay malinis at walang sira.

Ikaw ay maaaring maging karapat-dapat para sa ilang pinansiyal na tulong upang matugunan ang gastos sa pagbabayad ng rental bond at paunang isang buwang upa. Maaari ka ring maging karapat-dapat para sa **Rent Assistance** na makatutulong sa iyo na matugunan ang iyong mga kabayaran sa upa. Ang impormasyon tungkol sa mga kabayaran ito ay makukuha mula sa [Centrelink](#).

[Office of Housing \(Vic\)](#)

1300 650 172

Mga karapatan at katungkulan ng mga Nangungupahan

Ikaw ay may legal na mga karapatan at katungkulan bilang isang nangungupahan sa Victoria. Ang mga may-ari ng paupahan ay mayroon ding mga karapatan at katungkulan sa ilalim ng kasunduan sa pag-upa. Ang ahente ng real estate o may-ari ng paupahan ay kailangang magbigay sa iyo ng kopya ng librong tinatawag na 'Renting a Home: A Guide for Tenants and Landlords' kapag ikaw ay lumipat sa isang bagong ari-arian. Ipinaliliwanag ng libro ang batas tungkol sa pag-upa sa Victoria. Ang libro ay nagsasabi din tungkol sa kung

saan makakakuha ng tulong kung hindi mo naiintindinhan ang batas. Maaaring makuha ang libro sa 7 mga wika. Kung hindi nagbigay sa iyo ng kopya ng librong ito ang may-ari ng paupahan o ahente ng real estate, maaari kang makakuha ng kopya nito mula sa [Consumer Affairs Victoria](#).

Dapat ka ring kumuha ng kopya ng Pag-upa ng Bahay sa Victoria ('Renting a home in Victoria): Isang gabay para sa mga bagong dating na mga migrante at refugee – Bagong Bansa Bagong Tahanan ('New County New Home') mula sa Consumer Affairs. Ang librong ito ay espesyal na inilaan para sa mga migrante at refugee at makukuha sa wikang Ingles, Arabik, Cambodian, Persian, Intsik, Turkish, Biyetnames, Somali, Taringan, Oromo, Tamil, Amharic, Dari at Burmese. Ang mga libro ay maaaring i-download mula sa website na: <http://www.consumer.vic.gov.au/>

Kung kailangan mo ng pagpapayo o tulong tungkol sa pangungupahan, maaari mong kontakin ang:

[Tenants Union of Victoria](#)
55 Johnston St
FITZROY VIC 3065
Tel: 9411 1444 (Administrasyon)
Tel: 9416 2567 or 1800 068 860
Linyang Pagpapayo
Website: www.tuv.org.au

[Consumer Affairs Victoria](#)
113 Exhibition Street
MELBOURNE VIC 3000
Tel: 1300 558 181
Website: www.consumer.vic.gov.au

Pagbili ng bahay o flat

Ang mga bahay o flat na ipinagbibili ay karaniwang inaanunsiyo sa pahayagan at maaari ding ianunsiyo sa internet. Ang mga ahensiyang nauukol sa real estate ay maaari ding magbigay sa iyo ng listahan ng mga ari-ariang ipinagbibili at karaniwan ay maaaring magbigay sa iyo ng libreng pamplleta. Kung ikaw ay bibili ng bahay sa unang pagkakataon sa Australya maaari kang maging karapat-dapat para sa 'First Home Buyers' Grant' ng Pamahalaang Australya.

Kung kailangan mong humiram ng pera upang makabili ng ari-arian, kontakin ang iyong bangko, o iba pang institusyon sa pananalapi. Sa Australya, ang mga tao ay karaniwang gumagamit ng abogado o konbeyanser kung bumibili ng ari-arian upang matignan kung tama ang mga titulo at mag-ayos ng mga papeles. Inuulit, **huwag pipirma ng kahit anong kontrata maliban kung naiintindihan mo nang lubusan ang lahat ang mga kahilingan at kondisyon.**

Ang [Consumer Affairs Victoria](#) ay namamahagi ng '[A guide for Buyers and Sellers](#)' na maaari mong makuha mula sa website. The Real Estate Institute of Victoria ay naglalathala ng magasin na may pamagat na 'Property Update' na mayroong mga presyo ng mga ari-ariang ibinenta sa ibat ibang mga suburbiya. May angkop na halaga para dito.

Real Estate Institute of Victoria

9205 6666

Website

www.reiv.com.au

Public Housing (Pampublikong Pabahay)

Ang [Office of Housing](#), ay isang Ahensiya ng Pamahalaang Victoria na nagbibigay ng pampublikong pabahay sa ilang mga taong mababa ang mga kinikita na lahat ay mayroong mga espesyal na mga pangangailangan. May limitadong suplay ng mga pampublikong pabahay na mga ari-arian, na nangangahulugan na ang ilang mga tao ay kailangang maghintay nang maraming taon para sa bakante.

Kung ikaw ay tumatanggap ng kabayaran mula sa Centrelink o mababa ang kinikita, maaari kang mag-aplay upang umupa ng pampublikong pabahay. Ang panahon ng paghihintay para sa pampublikong pabahay ay nagkakaiba batay sa lugar na gusto mong tirahan, ang laki ng iyong pamilya at ang mahigpit na pangangailangan mo ng pabahay.

Maaaring makakuha ng nakarekord na impormasyon sa iba't ibang wika tungkol sa pampublikong pabahay mula sa sumusunod na mga numero ng telepono:

Arabic	9280 0790
Chinese	9280 0791
Croatian	9280 0792
English	9280 0799
Polish	9280 0793
Russian	9280 0794
Somali	9280 0795
Spanish	9280 0796
Turkish	9280 0797
Vietnamese	9280 0798

Pangkagipitang Pabahay

Kung ikaw ay nahihirapang makakita ng angkop na pabahay o nanganganib na tumira sa isang di-angkop na pabahay, may mga pampamahalaang programa na makatutulong sa iyo. Kung ikaw ay walang matutuluyan at nangangailangan ng tulong na makahanap ng pang-maikling panahon at pang-di-gaanong matagalang tirahan, kontakin ang isa sa mga sumusunod na serbisyo:

Office of Housing	1300 650172
Flagstaff Crisis Accommodation (para sa mga kalalakihan)	9329 4800
Hanover Southbank Crisis Centre	9699 4566
Ozanam House (para sa mga kalalakihan)	9329 5100
St Kilda Crisis Services	1800 627 727
Melbourne Youth Support Service	9614 3688

Mga Mahalagang Serbisyong Pambahay

Kung ikaw man ay umuupa o bumibili ng bahay, may ilang mga serbisyong pambahay na kailangan mong maipakonekta sa ari-arian: Sikaping magbigay ng ilang araw na paunawa sa mga tagapagbigay ng mga serbisyong ito bago umasang makalipat sa isang bagong lugar.

Bago pumirma sa anumang kontrata para sa mga serbisyong pambahay, kailangang mong alamin kung ang serbisyong iyong papasukan ay kailangan kung isasaalang-alang ang kanilang mga kaayusan sa paninirahan. Sa ilang mga kaso may mga taong pumirma nang hanggang sa 3 taong kontrata para sa suplay ng kuryente, bagama't sila ay naninirahan sa isang pansamantalang pabahay. Mahalagang maintindihan ang mga kahilingan at kondisyon ng mga kasunduan sa mga tagapagbigay ng serbisyo bago gumawa o pumirma ng anumang mga kontrata para sa mga serbisyong pambahay.

Kuryente, Gas at Tubig

AGL	13 1245
Origin Energy	13 2461
Powercor	13 2206
TruEnergy	13 3466
AGL	13 3000
Origin Energy	13 2461
TruEnergy	13 3466
City West Water	13 1691
South East Water	13 1694
Yarra Valley Water	13 1695

Telepono

Ang mga kompanya ng telepono, kabilang ang [Telstra](#), na bahagyang pag-aari ng gobyerno ay nakalista sa [Yellow Pages](#) na direktoryo ng telepono sa seksiyong 'Mobile telephones and accessories' at 'Telephones – long distance'.

Ang ilan sa mga serbisyong ito ay maaring mangailangan ng bayad para sa koneksiyon. Mangyari lamang na i-tsek sa tagapagbigay ng serbisyo bago ka pumirma ng kontrata. Ikaw ay padadalhan ng regular na kuwenta o bill na nagsasaad ng mga gastos na kaugnay sa kanilang serbisyo. Kailangan mo silang kontakin kaagad kung hindi ka makakabayad sa takdang petsa, o kung nais mong makatanggap ng mas mababang bill sa halip na malalaking bill sa mahabang mga pagitan. Ang mga tawag sa mga ibang bansa ay maaaring maging napakamahal at ang mga bayarin ay madaling maipon. Maaaring kailanganin mo na i-monitor nang maingat ang iyong mga tawag sa ibang bansa o gumamit ng pre paid na call card (maaaring mabili sa mga tindahan ng diyaryo).

Maraming tao sa Australya ang mayroong mobile phone, gayunpaman, **ang mga tawag mula sa mga mobile phone ay maaaring napakamahal.** Kadalasan ang mga tawag ay inoorasan sa pamamagitan ng mga minuto o ng mga yunit na 30 segundo kapag gumagamit ng mobile phone upang gumawa ng mga tawag kabilang ang mga tawag sa ibang estado o ibayong dagat. **Kailangan mong mag-ingat upang maintindihan nang husto ang pampinansiya at pambatas na mga obligasyon bago ka magpasyang bumili ng teleponong mobile.**

Ang **Telecommunications Industry Ombudsman** ay gumawa ng ilang mga polyetong pang-impormasyon tungkol sa iba't ibang mga isyung pangmamimili na maaaring makuha sa wikang Ingles at iba pang mga lengguwahe. Para sa karagdagang impormasyon bisitahin ang website o kumontak sa:

Telecommunications Industry Ombudsman **1800 062 058**
Website www.tio.com.au/publications/FactSheets.htm

7. Pagtatrabaho.

Paghahanap ng trabaho

Maaaring maging napakalaki ng kompetisyon sa paghahanap ng trabaho sa Australya. Kung paano madaling makahanap ng trabaho ang mga bagong dating ay batay sa mga dahilang pang-ekonomiya, mga kwalipikasyon at mga kasanayan, ang uri ng trabahong hinahanap at partikular na mga kalagayan na maaaring makaapekto sa pagkakaroon ng ilang tiyak na mga uri ng trabaho sa iba't ibang bahagi ng bansa.

Ang mga pang-araw araw na pahayagan ay naglalathala ng mga bakanteng trabaho (o 'Positions vacant (mga bakanteng posisyon)') lalo na sa mga araw ng Sabado. Ang mga bakante sa trabaho ay maaari ding matagpuan sa internet. Mayroon ding mga pribadong ahensiya ng pagtatrabaho, na nakalista sa [Yellow Pages](#) na direktoryo ng telepono at mga anunsiyo para sa pagtatrabaho.

Ang sinumang residente ng Australya ay maaaring magrehistro sa **Centrelink** at sa **Job Network** upang makakuha ng tulong sa paghahanap ng trabaho. Kapag nakapagrehistro, ikaw ay irekomenda sa **Job Network**. na binubuo ng mga samahang pribado, pangkomunidad at pampamahalaan, na kinontrata ng Pamahalaang Australya upang matulungan ang mga tao na makahanap ng trabaho.

Bilang isang bagong dating, kadalasan ay magandang ideya na kausapin ang isang may kasanayang tagapayo sa pagtatrabaho o ang **Centrelink Career Information Centre** upang matiyak na ang iyong paraan ng paghahanap ng trabaho ay naaangkop, lalong lalo na kung ikaw ay nahihirapang makakakuha ng interbyu.

Mga detalye ng pagkontak sa Centrelink

Job Search Information Line	13 6268
Tulong sa mga wikang maliban sa Ingles	13 1202
Nang personal	Office locations
Mga impormasyon sa ibang mga lengguwahe	Centrelink assistance – we speak your language
Website	www.centrelink.gov.au

Mga Serbisyo ng Job Network

Maraming mga serbisyong nauukol sa pagtatrabaho na maaaring makuha sa pamamagitan ng Job Network. Kabilang dito ang mga sumusunod:

- Ang **Job Search Support Services** (Mga Serbisyong Pansuporta sa Paghahanap ng Trabaho) – agad-agad na makukuha ng mga karapatdat-dapat na naghahanap ng trabaho matapos na magrehistro sa Centrelink o sa isang miyembro ng Job Network, ito ay naglalayong tumulong sa mga walang trabaho na makakita kaagad ng trabaho hangga't maaari;
- Ang **Intensive Support Services** (Mga Serbisyong ukol sa Masinsinang Suporta) – nagbibigay ng karagdang tulong sa mga karapatdat-dapat na naghahanap ng trabaho kabilang ang pagsasanay upang mapaunlad ang mga kasanayang ukol sa interbyu, at upang makaharap nang mahusay sa malamang na mga tagapag-empleyo;
- Ang **Intensive Support - Job Search Training** (Masinsinang Suporta -Pagsasanay sa Paghahanap ng Trabaho) kabilang ang pagbibigay ng angkop na tulong sa bawat isang karapatdat-dapat na naghahanap ng trabaho, kabilang ang pagpapabuti ng kanilang mga kasanayan sa Paghahanap ng Trabaho, at pagpapalawak ng mga Network sa Paghahanap ng Trabaho (kabilang sa mga

gawain ang tulong para sa mga kasanayang nauukol sa paggawa ng mga resume at aplikasyon sa trabaho);

- Ang **Intensive Support – customised assistance** (Masinsinang Tulong – angkop na tulong) - nagbibigay ng higit na pang-isahang tulong para sa mga karapatdapat na naghahanap ng trabaho, at kabilang ang pagtutuon ng pansin sa mga hadlang sa paghahanapbuhay ng isang naghahanap ng trabaho at pag-angkop ng mga pagsisikap ng isang taong naghahanap ng trabaho.
- Ang **New Enterprise Incentive Scheme (NEIS)** (Bagong Panukalang Pangganyak sa Negosyo) – tumutulong sa mga walang trabaho na magsimula at magpatakbo ng sarili nilang negosyo. Ang kalahok ay maaaring makakuha ng tulong mula sa NEIS na nagbibigay ng pagsasanay para sa maliit na negosyo, kitang pansuporta at pagpapayo sa loob ng unang taon ng negosyo.
- Ang **Assessment Fee Subsidy for Overseas Trained Australian Residents** (Tulong na Bayad sa Pagtatasa para sa Australyanong Residente na Nagsanay sa Ibayong-dagat) – ay tumutulong sa gastos ng mga pagsusuri at mga pagtatasa.

Mahalaga na tandaan na ang basta lamang na pagrerehistro sa tagapagbigay-serbisyo na Job Network ay hindi nagbibigay ng garantiya ng trabaho. Kailangan mo pa rin na aktibong maghanap ng trabaho upang madagdagan ang iyong pagkakataong makahanap ng trabaho.

Ang lahat ng mga naghahanap ng trabaho ay maaari ding gumamit ng libreng kagamitan ng **Job Network Access** sa Centrelink. May ilang mga miyembrong ahensiya ng Job Network ang nagpapagamit ng mga telepono, photocopier, fax machine, mga touch screen at kompyuter (kabilang ang internet). Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga serbisyo, kabilang ang pagiging karapat-dapat, kumontak sa:

Job Seeker Hotline

13 6268

Job Network website

www.jobnetwork.gov.au

Mga Serbisyong Pampamahalaan

Ang tulong para sa mga naghahanap ng trabaho ay maaari ding makuha sa pamamagitan ng maraming mga programa ng Pamahalaang Victoria:

Mga Programang Pantrabaho sa Victoria (Victorian Employment Programs)

)1800 110 109

- Ang Workforce Participation Partnerships (WPP) ay nagbibigay ng tunay na mga trabaho para sa mga naghahanap ng trabaho sa Victoria at tumutulong din sa mga tagapag-empleyo na matugunan ang kanilang mga pangangailangang pangkasanayan at pantrabaho. Ang mga proyekto ng WPP ay nagbibigay ng partikular na tulong sa mga migranteng nagnanais na pumasok sa lakas paggawa ng Victoria sa isang hanay ng mga industriya at trabaho. Maraming ibat ibang mga proyekto ang WPP na pinapatakbo sa kabuuang Victoria at maaaring makakuha ng karagdagang impormasyon sa www.employment.vic.gov.au
- Ang **Skilled and Business Migration Program** ay nagbibigay ng impormasyon sa mga propesyonal at mga taong may kasanayan mula sa ibayong dagat gayundin sa mga nagmamay-ari ng negosyo at mga namumuhunan tungkol sa paninirahan at pagtatrabaho sa Victoria. Para sa karagdagang impormasyon bisitahin ang: www.LiveInVictoria.vic.gov.au
- Ang **Overseas Qualifications Unit (OQU)** ay nagbibigay ng isang hanay ng mga libreng serbisyo, upang makatulong sa mga kwalipikadong propesyonal mula sa ibayong dagat na makakuha ng rekognisyon para sa kanilang mga kwalipikasyon sa ibayong dagat. Para sa karagdagang impormasyon bisitahin ang: www.employment.vic.gov.au
- Ang **Global Skills for Provincial Victoria (GSPV)** ay nagbibigay ng mga serbisyong makatutulong sa mga migranteng may kasanayan at sa kanilang mga pamilya na

maging panatag sa kanilang trabaho at pamumuhay sa rehiyonal na Victoria. Para sa karagdagang impormasyon bisitahin ang: LiveinVictoria.vic.gov.au

Ang Centrelink ay nagbibigay din sa mga kliyente ng reperal para sa pagkilala ng mga kasanayan sa ibang bansa at nagbibigay ng pagpapayo tungkol sa iba pang lokal na mga serbisyong nauukol sa pagtatrabaho na maaaring makuha.

Ang mga opisina ng Centrelink ay matatagpuan sa maraming mga siyudad na suburbiya gayundin sa mga malaking sentro sa kanayunan. Ang lokasyon ng kanilang mga opisina ay nakalista sa seksiyon ng 'Centrelink' sa [White Pages](#) na direktoryo ng telepono at sa website ng Centrelink

Karagdagang impormasyon

Traineeship and Apprenticeship Programs **1800 110 109**

Mga Pag-aaprentis sa Australya **13 3873**

Website www.australianapprenticeships.gov.au

Workplace website www.workplace.gov.au

Australian Jobsearch website www.jobsearch.gov.au

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga programa ng pagsasanay at pag-aaprentis, kumontak sa:

[Victorian Government's Workforce Participation](#) **1800 110 109**

www.employment.vic.gov.au

Skilled Migrant Job Seeker website <https://skilledmigrant.gov.au>

Jobguide website www.jobguide.deewr.gov.au

Ang [Office of Training & Tertiary Education](#) ng Victoria ay nagbibigay din ng impormasyon sa mga programa ng pagsasanay at pag-aaprentis.

Apprenticeship Administration Information Line **1300 722 603**

Email apprenticeshipsadm@diird.vic.gov.au

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagsasanay sa karera at trabaho para sa mga kabataan kumontak sa:

Youth Central www.youthcentral.vic.gov.au

Mga Kwalipikasyon

Maipapayo na magkaroon ng pormal na pagkilala sa iyong mga kwalipikasyon sa ibang bansa upang mapabuti ang iyong pagkakataong makakuha ng trabaho sa parehong propesyon na ikaw ay mayroong kwalipikasyon.

Mga hanapbuhay

Kung ikaw ay may kwalipikasyon sa pag-iinhinyero, konstruksiyon, trabahong kaugnay ng metal, mga trabahong nauukol sa elektrikal at pangongontrata ng pagpapakain, maaari kang payuhan ng **Trades Recognition Australia (TRA)** kung paano makilala ang mga kwalipikasyong nabanggit sa Australya.

[Trades Recognition Australia](#)

GPO Box 9879

MELBOURNE VIC 3001

Tel: **1300 360 992**

or + 61 3 9954 2537

Fax: (03) 9954 2588

Website: www.workplace.gov.au/tra

Para sa mga katanungan mula sa ibang bansa, kumontak sa:

Trades Recognition Australia

GPO Box 9879

CANBERRA ACT 2601

AUSTRALIA

Tel: **+612 6121 7456**

Fax: +612 6121 7768

E-mail: traenquiries@dewr.gov.au

Website: www.workplace.gov.au/tra

Ang **Overseas Qualifications Unit (OQU)** ay nagbibigay ng hanay ng mga serbisyo nang walang bayad sa mga kwalipikadong propesyonal mula sa ibang bansa na naninirahan sa Victoria, kabilang ang pagtatasa ng mga propesyonal na kwalipikasyon, impormasyon at reperal para sa karagdagang edukasyon, pagsasanay at mga serbsiyong pantrabaho. Kabilang sa mga serbisyo ang mga sumusunod:

Ang mga permanenteng residente na mayroong mga kwalipikasyon sa ibang bansa ay maaaring makakuha ng tulong mula sa OQU. Gayundin ang mga pansamantala at probisyonal na residente ng Australya na may pahintulot magtrabaho at nangangailangan ng pagtatasa ng kanilang mga kwalipikasyon sa ibang bansa ay maaari ding makakuha ng mga serbisyo ng OQU.

Overseas Qualifications Unit

Telephone -Freecall

1800 042 745

Fax

9938 0543

Email

oqu@employment.vic.gov.au

Website

www.employment.vic.gov.au

Koreo: Overseas Qualifications Unit
Employment Programs
Department for Victorian Communities
Level 5, 1 Spring Street
MELBOURNE VIC 3000

Mga kwalipikasyong pang-tertiary

Kung ikaw ay naghahanap ng partikular na trabaho, kontakin ang propesyonal na ahensya ng pagrerehistro o paglilisensya na nakalista sa website ng Australian Skills Recognition Information.

Ang **Overseas Qualifications Units (OQU)** ng estado at teritoryo ay tumutulong sa mga migrante na makakuha ng rekognisyon ng kanilang natamong mga kasanayan at mga kwalipikasyon sa ibayong dagat. Para sa karagdagang impormasyon magpunta sa:

Skills Recognition website

www.immi.gov.au/asri/os-qual-units.htm

Ang Department of Education, Employment and Workplace Relations (DEEWR) sa pamamagitan ng **Australian Education International-National Office of Overseas Skills Recognition (AEI-NOOSR)** o ang Pangdaigdig na Edukasyon sa Australya-Pambansang Opisina para sa Pagkilala ng mga Kasanayan sa Ibang Bansa ay nagbibigay ng impormasyon at pagpapayo ukol sa libreng paghahambing ng mga kwalipikasyon sa ibayong dagat. Para sa karagdagang impormasyon kontakin ang:

AEI-NOOSR Hotline

1300 363 079

AEI-NOOSR website

aei.gov.au/AEI/QualificationsRecognition

Tandaan: Mangyari lamang na makipag-alam sa Overseas Qualifications Unit (OQU) bago kumontak sa AEI-NOOSR; ikaw ay irereper ng OQU kung kinakailangan.

Sa ilang mga pagkakataon, ang mga propesyonal na nagsanay sa ibang bansa na may katibayan ng pagiging mamamayan o permanenteng residente ng Australya ay maaaring maging karapat-dapat para sa TULONG–PAMBAYAD na suporta upang mabayaran ang bahagi o lahat ng kanilang bayaring matrikula para sa bridging study na kinakailangan para sa rekognisyon sa Australya ng propesyonal na mga pag-aaral na isinagawa sa ibayong dagat

FEE-HELP

1800 020 108

Going to Uni website

www.goingtouni.gov.au

Ang ASDOT ay nagbibigay ng pampinansyang tulong upang mabayaran ang halaga ng pagtatasa ng mga kwalipikasyon at mga pagsusulit para sa mga propesyonal na nagsanay sa ibayong dagat sa ilang tiyak na mga propesyon na tumutugon sa pamantayan ng programa sa pagiging karapat-dapat.

ASDOT Hotline

1300 363 079

ASDOT website

aei.gov.au/AEI/Qualifications/RecognitionInformation/Asdot

Tala: Mangyaring makipag-alam sa Overseas Qualifications Unit (OQU) bago tumawag sa AEI-NOOSR; Bibigyan ka ng reperal ng OQU kung kinakailangan.

Kung ang mga dokumento para sa iyong mga kwalipikasyon ay hindi nakasulat sa Ingles, kailangan mong ipasalin ang mga ito. Basahin ang Tsapter 2, *Tulong sa wikang Ingles*

iba ba pang mga kwalipikasyon

Kung ikaw ay kwalipikado sa antas ng mga propesyong may diploma maaaring tasahin **Education & Training Assessment Services (ETASSESS)** ang iyong mga kwalipikasyon.

VETASSESS

9655 4811

www.vetassess.com.au

mga sekundaryong kwalipikasyon

Ang **Victorian Curriculum and Assessment Authority (VCAA)** ay nag-iisyu ng Statement of Equivalent Qualification (Ulat ng Katumbas na Kwalipikasyon) sa mga taong ang mga kwalipikasyong pang-edukasyon mula sa ibang bansa ay napagpasiyahan ng VCAA na katumbas ng Year 11 o Year 12. Kontakin ang:

Victorian Curriculum and Assessment Authority (VCAA)

03 9651 4402

www.vcaa.vic.edu.au

Kung ang iyong mga dokumento na nagpapatunay ng iyong mga kwalipikasyon ay hindi nakasulat sa Ingles, kailangan mong ipasalin ang mga ito. Basahin ang Tsapter 2, *Tulong sa wikang Ingles*

Mga Kondisyon sa Pagtatrabaho (mga karapatan ng tagapag-employo/empleyado)

Ang mga empleyado sa Australya ay may mga karapatan at nararapat para sa mga proteksyon sa ilalim ng angkop na pederal at estado/teritoryong mga batas. Ang mga batas na ito ay nagtatakda ng mga patakaran katulad ng halaga ng pinakamababang pasahod at pinakamababang mga kondisyong pantrabaho na karapat-dapat para sa mga empleyado.

Ang **Workplace Authority** ay ang sentrong lugar ng kontak para sa libreng pagpapayo at impormasyon sa sistema ng mga ugnayan sa lugar pantrabaho sa Australya para sa kapwa

mga tagapag-empleyo at empleyado. Ang Workplace Authority ay tumatanggap din ng mga paglalagak ng mga kasunduan sa lugar ng trabaho o tinatawag na workplace agreements at tinatasa kung ang mga kasunduan ay makatarungan. Ang Workplace Authority ay matatagpuan sa bawat kabiserang syudad at maaaring makontak sa telepono sa pamamagitan ng Translation and Interpreting Service.

kung ikaw ay may mga alalahanin tungkol sa kung paano naaangkop ang mga batas sa iyong lugar ng trabaho ang **Workplace Ombudsman** ay maaaring mag-imbistiga ng mga reklamo o pinaghihinalang mga pagsalungat sa pederal na batas sa lugar pantrabaho, magtanong tungkol sa anumang pagkilos o kaugaliang maaaring salungat sa pederal na batas sa lugar pantrabaho, magsimula ng mga paglilitis sa hukuman upang ipatupad ang pederal na batas sa lugar pantrabaho at kumatawan sa mga manggagawa na bahagi, o maaaring maging bahagi ng mga paglilitis sa ilalim ng *Workplace Relations Act 1996*.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa sistema ng mga ugnayan sa lugar pantrabaho sa Australya maaari ka ring kumontak sa Workplace Infoline o bumisita sa website ng Australian Government's Workplace.

Wageline	1300 363 264
Tulong sa mga wikang maliban sa Ingles	13 14 50
Workplace website	www.workplace.gov.au
Workplace Infoline	1300 363 264
Workplace Ombudsman Helpline	1300 724 200
Workplace Ombudsman website	www.wo.gov.au
<u>Victorian Trades Hall Council</u>	9662 3511
Jobwatch Employment Rights	9662 1933
Legal Centre Telephone Service	1300 666 610

Sa ilalim ng Workplace Relations Act, ang lahat ng mga empleyado ay may karapatang sumapi o hindi sumapi sa isang unyong pantrabaho. Hindi maaaring paalisin ng tagapag-empleyo ang empleyado sa dahilang sila ay kasapi o hindi kasapi sa isang unyon. Para sa karagdagang impormasyon, kontakin ang **Australian Council of Trade Unions (ACTU)**

ACTU Helpline	1300 362 223
ACTU website	www.actu.asn.au

Superannuation

Ang superannuation ay isang espesyal na inilaang mahabang-panhong pamumuhunan para sa iyong pagreretiro. Ang superannuation ay kilala bilang 'pag-iimpok para sa pagreretiro' o 'kinikitang pensiyon' sa buong mundo. Ang pamumuhunan sa superannuation habang ikaw ay nagtatrabaho ay inilaan upang matulungan ka na makapagbuo ng reserba ng naipaong pera para sa iyong pagreretiro. while you are working is designed to help you build a nest-egg for your retirement. Halos bawat taong nagtatrabaho sa Australya ay miyembro ng pondong superannuation.

Ang superannuation sa Australya ay karaniwang kilala bilang 'Super'.

Sa karaniwang mga kaso, ang iyong tagapag-empleyo ay kailangang magbayad ng halagang katumbas ng siyam na porsiyento (9%) ng iyong kinikita para sa isang pondong Superannuation na iyong pinili. Maaari ka ring magbayad ng karagdagang pera sa iyong pondong super. Upang alamin kung ang iyong tagapag-empleyo ay nagbabayad ng tamang halaga kailangan mong alamin ito mula sa mga taong namamahala ng iyong iyong pondong super. Para sa karagdagang impormasyon kontakin ang:

ATO Superannuation Infoline

13 1020

ATO website

www.ato.gov.au/super

Australian Securities & Investments Commission (ASIC)

1300 300 630

ASIC website

www.fido.asic.gov.au

Pagbubuwis

Ang **Tax File Number (TFN)** ay isang walang-katulad na numero na ibinigay ng **Australian Taxation Office (ATO)**(Opisina ng Pagbubuwis sa Australya) sa mga tao o organisasyon at kinakailangan para sa lahat ng porma ng pagtanggap ng kinikita. Mag-aplay para sa iyong TFN bilang unang prayoridad. Ang pinakamabilis na paraan upang makakuha ng TFN para sa mga bagong dating ay sa pamamagitan ng internet. Maaaring **magrehistro** para sa **Online TFN** sa loob ng 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo at ang kailangan lamang ay ang mga detalye ng iyong pasaporte at ang iyong address sa Australia. Matapos ang halos 10 araw matatanggap mo ang iyong bagong TFN sa koreo. Kailangan mong pangalagaan ang iyong TFN at huwag itong itago kung saan ito ay maaaring manakaw tulad ng iyong pitaka, portamoneda o mobile phone.

Maaaring makakuha ng mga application form mula sa mga tanggapan ng [Centrelink offices](#), sa pamamagitan ng pag-iimprenta nito mula sa website ng ATO o sa pamamagitan ng pagtawag sa linyang-pantulong ng TFN. Ang pagpoproseso para sa pagbibigay ng TFN ay sa loob ng 28 araw.

Kung ikaw ay nagsimulang magtrabaho, hihilingin ng iyong tagapag-empleyo na kumpletohin ang TFN Declaration form kung saan ay kakailanganin mong isulat ang iyong TFN. Kung ikaw ay wala pang TFN, ang tagapag-empleyo ay hindi pinapayagang magbawas nang mahigit sa karaniwang halaga ng buwis hanggang sa matapos ang pamantayang panahon ng pagpoproseso ng TFN.

Kung ikaw ay may anumang kita sa loob ng pinansiyal na taon (sa pagitan ng 1 Hulyo at 30 Hunyo), ikaw ay kailangang maglagak ng **Income Tax Return** bago mag ika-31 ng Oktubre sa taong iyon, maliban kung may magagawang ibang pagsasaayos. Bilang isang residente ikaw ay nakapailalim sa batas ng Australya at sa pangkalahatan ay kinakailangang magbunyag ng lahat ng kitang tinanggap mula sa loob at labas ng Australya kapag gumagawa ng income tax retrun.

Ang Australya ay mayroong **Goods and Services Tax (GST)** o ang pagbubuwis sa mga kalakal at mga serbisyo na 10 porsiyento sa karamihang mga bagay. Ang GST ay kabilang sa halagang ipinababayad sa iyo. Ang ilang mga bagay tulad ng mahalagang pagkain, karamihang pang-edukasyon at pangkalusugang serbisyo, mga nahirang na child care at nursing home care ay walang GST.

Kung ikaw ay nagmamay-ari ng isang negosyo, kakailanganin mong kumuha ng Australian Business Number (ABN) o Numero ng Negosyo sa Australya para sa iyong mga pakikipag-ugnayan sa Australian Taxation Office (Opisina ng Pagbubuwis sa Australya) at iba pang mga negosyo. Para sa higit pang impormasyon, kontakin ang Australian Taxation Office (Opisina ng Pagbubuwis sa Australya) :

Mga detalye ng pagkontak sa Australian Taxation Office (ATO)

Linyang pantulong para sa Tax File Number

13 2861

Mga katanungan tungkol sa Negosyo at GST

13 2866

Linyang Pang-impormasyon para sa Pansariling Buwis

13 2861

Website ng Opisina ng Pagbubuwis

www.ato.gov.au

TFN online registration

www.ato.gov.au/individuals

Mga ari-arian, pamumuhunan at kinkita sa ibayong dagat

Ang mga residente ng Australya ay binubuwisan para sa kanilang kinikita sa buong daigdig at kailangang magdeklara ng lahat ng kanilang dayuhang kita sa kanilang income tax return. Kung ikaw ay residente ng Australya para sa layuning pambuwis ay dapat alamin batay sa bawa't kaso. Ang Australian Taxation Office (ATO) ay may impormasyon sa website nito na makatutulong sa iyo na maintindihan ang iyong mga pananagutang nauukol sa buwis.

Maaaring magbigay ng impormasyon ang ATO kung paano itinuturing ang kinikita katulad ng:

- Mula sa mga pamumuhunan katulad ng securities at mga paupahang ari-arian
- Interes at mga royalty
- Gawaing pangnegosyo sa ibayong dagat
- Pagtanggap ng pensiyon mula sa ibayong dagat.

Kung ikaw ay may kinikitang maaaring buwisan mula sa ibayong dagat, kailangan mo itong ideklara kahit na kinaltasan ito ng buwis sa bansa, kung saan ito ay iyong kinita. Kung ang dayuhang kita ay maaaring buwisan sa Australya, at ito ay binayaran mo ng dayuhang buwis, ikaw ay maaaring maging karapat-dapat na tumanggap ng tinatawag na foreign tax credit. Ang mga buwis na nagpapahintulot sa credit ay tinatawag na 'creditable' taxes.

Kailangan mong ideklara ang dayuhang kita na may iksemsiyon sa buwis sa Australya. Ang dayuhang kitang ito ay maaaring isaalang-alang kapag kinakalkula ang halaga ng buwis na kailangan mong bayaran sa iyong natasang netong kita mula sa Australya at mga dayuhang bansa.

ATO International Tax Essentials

www.ato.gov.au/individuals/pathway.asp?pc=001/002/012

8. Kasiguruhang panlipunan.

Ang Pamahalaang Australya ay nagbibigay ng kontribusyon sa pangsosyal at pang-ekonomiyang mga resulta sa pamamagitan ng paghahatid ng mga serbisyong tumutulong sa mga tao na umasa sa sariling sikap at pagsuporta sa mga taong nangangailangan. Ang kasiguruhang panlipunan ay pangunahing ibinibigay sa pamamagitan ng ahensiyang pampamahalaan na tinatawag na **Centrelink**. Ang **Opisina ng Tulong Pampamilya (Family Assistance Office)** ay nagbibigay ng tulong sa mga pamilya.

Maaari mong makita ang mga [lokasyon ng mga opisina ng Centrelink](#) at [Opisina ng Tulong Pampamilya](#) sa iyong lokal na White Pages na direktoryo ng telepono.

Mga Kabayaran mula sa Centrelink

Ang pagtanggap ng mga suportang kabayaran para sa kita ay batay sa klase ng iyong *visa* at iyong partikular na mga kalagayan, kabilang ang iyong kinikita at mga ari-arian. Kahit na ikaw ay maging permanenteng residente ng Australya, maaaring maging angkop ang panahon ng paghinhintay (basahin sa ibaba).

Kung ikaw ay hindi nakakapagsalita ng wikang Ingles, ang Centrelink ay maaaring magsaayos ng intrepreter para sa iyong appointment. Maaari mong kontakin ang Centrelink sa iyong sariling wika sa pamamagitan ng pagtawag sa:

Centrelink (mga serbisyong multilinguwal)

13 1202

Centrelink website

www.centrelink.gov.au

Kailangan kang magbigay ng mga dokumentong pagkakakilanlan (pasaporte at dokumento ng pagbibiyaha, mga detalye ng account sa bangko at ng tinitirhang lugar) sa Centrelink kapag nag-aaplay para sa mga kabayaran. Ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga kakailanganing pagkakakilanlan ay maaaring makuha sa numerong nasa itaas o sa pamamagitan ng pagdownload ng factsheet na "[Proving your identity to Centrelink](#)" mula sa website ng Centrelink.

Kailangan mo ng Tax File Number (TFN) upang makatanggap ng anumang mga suportang kabayaran para sa kita. Ang Centrelink ay maaaring magbigay sa iyo ng application form ng TFN na maaari mong ilagak sa Opisina ng Pagbubuwis sa Australya.

Mga panahon ng paghinhintay

Karaniwan ang mga bagong dating na migrante ay kailangang manirahan bilang mga permanenteng residente sa Australya sa loob ng dalawang taon bago sila makakuha ng karamihang kabayaran nauukol sa kasiguruhang panlipunan, kabilang ang mga benepisyo para sa mga walang trabaho at may sakit, panustos para sa pag-aaral, at ilan pang mga kabayaran. Ang mga panahon lamang na inilagi sa Australya bilang isang permanenteng residente ang bibilangin para sa panahon ng paghinhintay. Upang maging karapat-dapat na tumanggap ng pensiyon para sa matanda at para sa may kawalang-lakas, ikaw ay kinakailangang nanirahan sa Australya sa loob ng 10 taon.

Mga iksemsiyon sa panahon ng paghinhintay

Ang mga migranteng pumasok bilang refugee at kasong humanitarian ay may iksemsiyon sa 2 taong panahong paghinhintay. Ito ay angkop din sa kanilang mga asawa/kinakasama at mga umaasang anak kung umiiral ang relasyon nang sila ay dumating sa Australya bilang refugee at kasong humanitarian.

Gayundin, ang mga partner at umaasang mga anak ng mga mamamayang Australyano at mga taong naging permanenteng residente nang dalawang taon man lamang ay may iksemsiyon sa panahon ng paghinhintay. Maaaring mayroon ding iba pang naaangkop na mga iksemsiyon.

Karamihan sa mga kabayaran ay makukuha lamang ng mga taong naninirahan sa Australya at may pahintulot na mamalagi nang permanente. Maaaring matanggap ang kabayaran tinatawag na **Special Benefit** sa panahon ng paghihintay, kung ikaw ay dumaranas ng kahirapan dahil sa malaking pagbabago ng iyong kalagayan na hindi mo inaasahan. Ang kabayaran ito ay makukuha lamang sa limitadong mga kalagayan. Ang iyong kawalan ng kakayahang makahanap ng trabaho o nauubusan ng pera ay hindi sapat na mga dahilan para maging karapat-dapat na tumanggap ng Special Benefit. Kung ikaw ay dumating na mayroong Garantiya ng Suporta o tinatawag na Assurance of Support, ang iyong tagapaggarantiya ang may pananagutan sa muling pagbabayad ng halagang ibinayad sa iyo.

Kung ikaw ay nag-aalaga ng isang permanenteng residente ikaw ay maaring makakuha ng Carer Payment na hindi batay sa panahon ng paghihintay at kung ikaw ay palagiang nagbibigay ng pangangalaga ikaw ay maaari ding maging karapat-dapat para sa Carer Payment sa panahon ng paghihintay.

Kung ikaw ay nabalo, naging inutil o naging isang solong magulang matapos na maging residente ng Australya, ikaw ay maaaring maging karapat-dapat na tumanggap ng panustos o pensiyon. Maaari ka ring makatanggap ng pensiyon kahit hindi nanirahan sa Australya sa loob ng 10 taon kung ikaw ay nasasakupan ng pandaigdigang kasunduan kaugnay ng kasiguruhang panlipunan. Sa pagsapit ng Enero 2009, ang Australya ay mayroon ng mga kasunduan sa 22 bansa kaugnay ng kasiguruhang panlipunan.

Crisis Payment para sa mga pumasok sa ilalim ng programang humanitarian

Mula 1 Enero 2008, ang karapatan para sa **Crisis Payment** ay ibinigay sa mga taong pumasok sa ilalim ng programang humanitarian na dumating sa Australya sa unang pagkakataon sa petsang 1 Enero 2008 o matapos ito, at may hawak ng isa sa sumusunod na mga visa:

- subclass 200 – Refugee
- subclass 201 – In-country Special Humanitarian
- subclass 202 – Global Special Humanitarian
- subclass 203 – Emergency Rescue, at
- subclass 204 – Woman at Risk

Upang maging karapat-dapat para sa kabayaran, ang tao ay kailangang maging karapat-dapat para sa pensiyon o benepisyo mula sa Centrelink at nasa kahirapang pampinansiya. Ang taong ito ay **kailangang gumawa ng claim sa loob ng 7 araw ng pagdating sa Australya** o kumontak sa Centrelink ukol sa intensyong mag-claim sa loob ng 7 araw ng pagdating at maglagak ng claim sa loob ng 14 na araw ng pagkontak na iyon.

Ang Crisis Payment para sa bagong dating na mga humanitarian entrant ay isang minsanang kabayaran na nagbibigay ng karagdagang pampinansyang suporta upang makatulong sa panimulang mga pangangailangan sa paninirahan ng mga taong karapat-dapat. Ang halaga ng Crisis Payment ay katumbas ng halaga ng isang linggong kabayaran ng batayang kabayaran ng isang tao mula sa Centrelink (hindi kabilang ang mga dagdag na kabayaran katulad ng Rent Assistance o Pharmaceutical Allowance).

Family Assistance payments (Mga Kabayaranang Tulong Pampamilya)

Kung ikaw ay may umaasang mga anak, ang Pamahalaang Australya ay nagbibigay ng hanay ng mga kabayaran sa pamamagitan ng **Family Assistance Office** (Opisina ng Tulong Pampamilya) upang suportahan ang mga pamilya sa kanilang mga pananagutang pantrabaho at pampamilya. Kabilang sa pangunahing mga kabayaranang tulong pampamilya ay ang Family Tax Benefit, Child Care Benefit, Child Care Tax Rebate, Baby Bonus at Maternity Immunisation Allowance.

Kadalasan, ikaw ay kinakailangang may visa para sa pagiging permanenteng residente upang maging karapat-dapat na tumanggap nito ngunit may ilang mga eksepsiyon. Walang panahon ng paghihintay para sa mga kabayaranang ito. Mahalaga na maunawaan na ang mga kabayaranang tulong pampamilya ay inilaan lamang bilang dagdag sa kita at hindi ito sapat upang mabuhay. Ang mga Kabayaranang Tulong Pampamilya ay nakapailalim sa pagsusuri ng kinikita.

Ang **Family Assistance Offices** (Mga Opisina ng Tulong Pampamilya) ay matatagpuan sa mga opisina ng Centrelink, Medicare at Australian Taxation. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga kabayaranang tulong pampamilya o pagpapayo kung ano ang karapat-dapat mong tanggapin, kontakin ang Family Assistance Office.

Opisina ng Tulong Pampamilya – mga detalye ng pagkontak

Telepono	13 6150
Mga wikang maliban sa Ingles	13 1202
TTY (para sa mga may kapansanan sa pandinig at pagsasalita)	1800 810 586
Family Assistance website	www.familyassist.gov.au

Mga kabataan

Kung ikaw ay may mga anak na lampas sa 16 na taong gulang ang edad, sila ay maaaring maging karapat-dapat para sa mga kabayaran ng kasiguruhang panlipunan katulad ng Youth Allowance o Austudy. Para sa karagdagang impormasyon bisitahin ang website na: www.centrelink.gov.au o tumawag sa:

Mga Serbisyong Pangkabataan at Pang-estudyante	13 2490
Upang makipag-usap sa Centrelink sa wikang maliban sa Ingles	13 1202

Isang taong makikitungo sa Centrelink o sa Opisina ng Tulong para sa iyo

Maaari kang maghirang ng iba pang tao o organisasyon - tinatawag na 'nominee', upang humarap para sa iyo sa iyong mga pakikitungo sa Centrelink at/o sa Opisina ng Tulong Pampamilya.

Mga Karapatan at mga Katungkulan

May ilang mga patakaran at mga kondisyon na kailangan mong tugunan upang tumanggap ng mga kabayaran. Kung hindi mo ito gagawin, maaaring maapektuhan ang iyong mga kabayaran at maaari din itong matigil.

Centrelink

Dapat mong ipaalam sa Centrelink ang tungkol sa mga pagbabago sa iyong kalagayan upang matiyak na ikaw ay binabayaran nang tamang halaga. Kabilang dito ang:

- mga pagbabago sa iyong kinikita
- mga pagbabago sa mga kaayusan ng iyong pammuhay
- kung ikaw ay nag-asawa o humiwalay
- kung ikaw ay nagsimula o tumigil ng pag-aaral
- kung ikaw ay nagsimula o tumigil ng trabaho.

Dapat mo ring basahin ang lahat ng mga sulat na ipinadala sa iyo ng Centrelink at sumagot kung kinakailangan

Ang Centrelink ay nakikinig sa mga kliyente nito at ito ay nakatutulong sa Centrelink na mapabuti ang mga serbisyo nito. Kung ikaw ay may papuri, mungkahi o reklamo, kontakin ang:

Centrelink's Customer Relations Unit (Freecall)	1800 050 004
Sa mga wikang maliban sa Ingles	13 1202

Pagiging pribado ng iyong impormasyon – Ang iyong personal na impormasyon ay maaari lamang ihayag ng Centrelink o ng Family Assistance Office kung saan ito ay pinapayagan ng batas o may ibinigay na pahintulot.

Family assistance office (opisina ng tulong pampamilya)

Kung ikaw ay tumanggap ng kabayaran, ikaw ay kinakailangang magbigay-alam sa Opisina ng Tulong Pampamilya ng anuman sa mga pagbabago sa kalagayan ng iyong pamilya na maaaring makaapekto sa iyong tinatanggap. Bisitahin ang website ng Family Assistance para sa karagdagang impormasyon tungkol sa iyong mga [karapatan at katungkulan](#).

Mga Opisyal para sa Serbisyong Multikultural ng Centrelink

Ang mga Opisyal para sa Serbisyong Multikultural o Multicultural Services Officers (MSOs) ay ang ugnay ng Centrelink sa mga refugee at mga migranteng komunidad. Sila ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga programa at mga serbisyo sa mga kostumer at mga komunidad at nagkokonsulta nang malawakan upang makatulong sa Centrelink na mapabuti ang mga serbisyo nito.

Higit pang impormasyon

Centrelink

Ang Centrelink ay maraming impormasyon tungkol sa mga serbisyo at kabayaran nito. Para sa mga bagong dating na migrante at sinuman na ang pangunahing wika ay hindi-Ingles, may malaking hanay ng isinaling impormasyon kabilang ang pangkalahatang gabay na, '**Welcome to Centrelink**'. Para makakuha ng kopya nito at ng iba pang isinaling impormasyon, tumawag sa 13 1202 o bisitahin ang website: www.centrelink.gov.au at piliin ang '[We speak your language](#)', sa homepage ng Centrelink. Ikaw ay maaaring makakuha ng higit pang impormasyon tungkol sa mga kabayaran at serbisyo mula sa Centrelink sa pamamagitan ng pag-click sa '[individuals](#)' sa Centrelink home page at pagpili sa opsyong '[Moved to Australia](#)'. Maaari kang makakuha ng iba pang impormasyon sa pamamagitan ng pagtawag sa mga sumusunod na numero:

Centrelink multilingual (tulong sa mga wikang maliban sa Ingles)	13 1202
Mga Appointment at oras ng pagbubukas	13 1021
Serbisyong Nauukol sa Pagtatrabaho, Newstart, Special Benefit	13 2850
Age Pensions at Pensioner Concession Cards	13 2300
Magulang o tagapag-alaga	13 6150
Youth Allowance at Mga Serbisyo para sa Estudyante	13 2490
Pagkainutil, Pagkakasakit at mga Tagapangalaga	13 2717
Mga Serbisyong Pandaigdig ng Centrelink (mga pensiyon sa ibang bansa)	13 1673
New Apprenticeship Line	13 3633

Feedback mula sa Kostumer	1800 050 004
Centrelink TTY (para sa may kapansanan sa pandinig at pagsasalita)	1800 810 586
Customer feedback TTY	1800 000 567
Kung tumatawag mula sa ibang bansa	+613 6222 3455

Family assistance office (opisina ng tulong pampamilya)

Ang Family Assistance Office (Opisina ng Tulong Pampamilya) ay nagbibigay din ng impormasyon kaugnay ng mga serbisyo at mga kabayaran nito. Para sa mga bagong dating na migrante at para sa sinumang ang pangunahing lengguwahe ay hindi Ingles, may makukuhang mga isinaling impormasyon tungkol sa tulong pampamilya. Upang makatanggap ng kopya ng isinaling Fact Sheet tungkol sa kabayaranang Tulong Pampamilya, tumawag sa **13 1202** o bisitahin ang website ng Family Assist at piliin ang [Multilingual Services](#).

9. Sasakyan.

Sasakyang Pampubliko

Ang sistema ng pampublikong sasakyan ay binubuo ng mga tren, tram, bus at lantsang pantawid (ferry). May iba't ibang mga pamasaha at uri ng mga ticket. Ang lahat ng mga uri ng sasakyan sa sistemang metropolitan ay tumatanggap ng tinatawag na mga *prepaid ticket*, ngunit ang ilan lamang na mga uri ng sasakyan ang papayag na ikaw ay bumili ng ticket pagsakay (ibig sabihin sa mga bus at tram – barya lamang). Ang mga pasahero sa tren ay kailangang bumili ng ticket bago sumakay nito. Makatutulong na tandaan na ang ilang mga ticket, (katulad ng “buong-araw” o “2-oras” na mga ticket) ay maaaring gamitin ng pasahero na magpalit ng ibang uri ng sasakyan sa paggamit ng parehong ticket. Mayroon ding makukuhang mga konsesyon ang mga mag-aaral at nagmamay-ari ng health care card. Para sa impormasyon tungkol sa pampublikong sasakyan sa Victoria kabilang ang tungkol sa ticket, talaorasan at mga konsesyon, kumontak sa :

Metlink (Pampublikong sasakyan sa Melbourne)	13 1638
Vline (Mga serbisyong pansasakyan sa kanayunan at ibang estado)	13 6196

Ang mga timetable o talaan ng oras para sa mga bus ay kadalasang maaaring ibigay ng drayber ayon sa kahilingan, o sa pamamagitan ng pagtawag sa kompanya ng bus. Ang mga kompanya ng bus ay nakalista sa [Yellow Pages](#) na direktoryo ng telepono sa bahagi na ‘Bus and coach scheduled services’.

Mga serbisyo ng Taksi

May mga pumapasadang taksi 24 oras baw’t araw sa halos lahat ng bahagi ng Australya. Makikita ang halaga ng pamasaha sa pamamagitan ng metro na nasa dashboard ng taksi. Ang mga kompanya ng taksi ay nakalista sa [Yellow Pages](#) na direktoryo ng telepono sa seksiyong ‘Taxi cabs’. Ang karamihang mga siyudad ay may espesyal ng mga taksi para sa mga taong gumagamit ng wheelchair.

Pribadong mga sasakyan

Ang mga bago at segunda manong mga sasakyan ay inaanunsiyo upang maibenta sa mga pahayagan at magasin at makikita din sa mga showroom ng mga bagong kotse at mga talyer ng segunda manong sasakyan. Kadalasan ay hindi kabilang sa pagbili ng kotse ang halaga ng pagrerehistro, stamp duty at sapilitang seguro. Ang mga gastos na ito ay kadalasang kailangang bayaran nang hiwalay ng bumibili.

Upang alamin kung ang dating may-ari ng sasakyan ay may utang pa sa sasakyan na rehistrado sa kahit anong estado o teritoryo maliban sa Western Australia o Tasmania, kumontak sa:

Registrar of Encumbered Vehicles

Mga pagtatanong (para sa halaga ng isang lokal na tawag) **133220**

www.revs.nsw.gov.au

Para sa impormasyon tungkol sa paghiram ng pera upang makabili ng sasakyan, kontakin ang iyong bangko o kompanya ng pananalapi. **Tandaan na tiyakin na iyong naiintindihan ang lahat ng mga sinasabi at kondisyon bago ka pumirma ng anumang kontrata para sa pananalapi.**

Sa baw’t Estado at Teritoryo ay may mga asosasyon ng mga motorista na nagbibigay ng mga serbisyong katulad ng pag-iinspeksiyon ng sasakyan para sa mga malamang na mamimili ng mga segunda manong mga sasakyan, impormasyon sa paglalakbay, seguro, at serbisyo sa kalsada (kung sakaling masiraan ka ng sasakyan). Karamihan sa kanilang mga

serbisyo ay makukuha ng mga hindi kasapi gayundin ng mga kasapi, at umaabot upang masakop ang mga kasapi ng mga kapatid na samahan sa ibang mga estado at teritoryo.

Sa Victoria, maaari mong kontakin ang :

Royal Automobile Club of Victoria (RACV)

13 1955

www.racv.com.au

Kapag ikaw ay nagkaroon ng sasakyan, kailangan mo itong irehistro sa iyong pangalan sa VicRoads sa loob ng 14 na araw mula sa araw ng pagbili. Ipinagbabawal ang pagmamaneho ng sasakyan hangga't hindi ito nairerehistro. Kabilang sa pagrerehistro ng sasakyan ang sapilitang kabayaran para sa insyurans primyum ng Transport Accident Commission (TAC). Siniseguro ng TAC ang mga medikal na gastos ng mga aksidente sa kalsada at mga pagtatrabaho upang mapanatili ang kaligtasan sa kalsada sa Victoria.

VicRoads

13 1171

www.vicroads.vic.gov.au

Transport Accident Commission (TAC)

1300 654 329

www.tac.vic.gov.au

Kailangan mo ng kasalukuyang lisensiya sa pagmamaneho upang makapagmaneho sa Australya. Para sa impormasyon tungkol sa pagkuha ng **lisensiya sa pagmamaneho**, basahin ang Tsapter 1, *Ano ang kailangang gawin kaagad matapos na dumating?*

Mangyari lamang na tandaan: Ang mga batas na nauukol sa trapik sa Australya ay talagang mahigpit. Basahin ang Tsapter 5, *Kaugalian at batas sa Australya*.

10. Edukasyon at pangangalaga sa bata

Pangangalaga sa bata

May maraming uri ng full time at part time na serbisyong nauukol sa pangangalaga ng bata na magagamit para sa mga anak na masyadong bata pa upang makapasok sa eskuwela at sa mga oras matapos ang eskuwela. Matatagpuan mo ang hanay ng mga mapagpipiliang child care sa [Yellow Pages](#) na direktoryo ng telepono , kabilang ang mga **preschool** o **kindergarten**, na siyang naghahanda sa mga bata para sa eskuwela, **child care** o **day care centre**, na nag-aalaga ng mga batang anak at **family day care**, kung saan ang mga bata ay inaalagaan ng ibang magulang kasama ng kanilang sariling pamilya.

Mayroong mga **playgroup**. na kung saan ang mga magulang at ang kanilang mga anak ay magkakasama-sama upang ang mga bata ay matutong makisalamuha sa isa't isa at para sa mga magulang na makapag-usap, magbahaginan ng impormasyon, atbp.

[Playgrouping Victoria](#)

9388 1599
1800 171 882

Victorian Cooperative on Children's Services for Ethnic Groups (VICSEG)

9383 2533

[Department of Human Services](#)

1300 650 172

Habang ikaw ay dumadalo ng mga klase sa **Adult Migrant English Program (AMEP)**, ikaw ay maaaring maging karapat-dapat para sa libreng pag-aalaga sa bata para sa iyong mga anak na hindi pa nag-aaral. Kung ikaw ay nagpatuloy sa ibang programa ng pag-aaral matapos na makumpleto ang iyong karapatan sa AMEP mahalagang repasuhin ang mga kaayusan sa pagbabayad para sa pag-aalaga ng bata sa dahilang hindi saklaw ng ibang mga programa ang mga gastos na ito.

Para sa impormasyong ibinibigay ng pamahalaan tungkol sa:

- mga serbisyong nauukol sa pangangalaga ng bata sa iyong lugar
- mga uri ng pangangalaga na maaaring makuha at posibleng mga bakante
- tulong ng pamahalaan sa halaga ng pangangalaga
- mga serbisyo para sa mga batang nangangailangan ng espesyal na pangangalaga
- mga serbisyo para sa mga batang mula sa iba't ibang kultura

kontakin ang serbisyong pang-impormasyon ng Child Care Access Hotline

Child Care Access Hotline (8n.u-9n.g., Lunes - Biyernes)

1800 670 305

TTY (para sa mga may kapansanan sa pandinig at pagsasalita)

1800 639 327

Sa Victoria, kailangan mong ipakita ang rekord ng pagbabakuna ng iyong anak kapag nagpapatala ng iyong anak sa child care. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagbabakuna, mangyari lamang na tunghayan ang Tsapter 11, *Ang Sistemang Pangkalusugan*, at Tsapter 14, *Lokal na Pamahalaan at mga Serbisyong Pangkomunidad*.

Ang impormasyon tungkol sa Mga Sentro para sa Pangangalaga sa Bata at Kindergarten sa iyong lokal na laogar ay maaaring makuha mula sa:

[Early Childhood Management Services](#)

8481 1100

Tandaan, ikaw ay maaaring maging karapat-dapat para Child Care Benefit at mga Family Assistance payment (Kabayaranang Tulong Pampamilya) upang makatulong sa pangangalaga ng bata at iba pang mga gastos. (Basahin ang Tsapter 8, *Kasiguruhang panlipunan*).

Mga Paaralan

May mga **preschool** para sa lahat ng mga batang apat na taong gulang. Ang mga preschool ay tumutulong sa mga bata sa kanilang pisikal, emosyonal at panglipunang pag-unlad sa taong bago sila pumasok ng iskuwela. Ang mga pamilyang mababa ang kinikita ay maaaring tumanggap ng tulong mula sa Pamahalaan upang maipasok ang kanilang anak sa preschool. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga preschool kumontak sa:

[The Kindergarten Fee Subsidy](#)

Ang brochure ay makukuha sa 16 na mga wika o tumawag sa	1300 731 947
Amharic	1800 890 400
Arabic	1800 890 401
Dinka	1800 890 402
Cambodian	1800 890 403
Cantonese	1800 890 404
Korean	1800 890 405
Filipino	1800 890 406
Mandarin	1800 890 407
Nuer	1800 890 408
Macedonian	1800 890 409
Russian	1800 890 410
Serbian	1800 890 411
Somali	1800 890 412
Spanish	1800 890 413
Turkish	1800 890 414
Vietnamese	1800 890 415

[The Early Years Services Branch](#)

Sapilitan para sa mga batang nasa pagitan ng 6 at 15 taong gulang ang pumasok sa paaralan. Ang bata ay karaniwang nagsisimulang pumasok sa paaralan kung sila ay 4 o 5 taong gulang at kadalasan ay nagpapatuloy hanggang sila ay 17 o 18 taong gulang bilang paghahanda para sa unibersidad o iba pang karagdagang edukasyon. Sa pangkalahatan, ang mga batang mababa sa 12 o 13 taong gulang ay dumadalo ng **primaryang paaralan** at ang mga mas nakatatanda ay dumadalo ng **haiskul** (o sekundaryong paaralan). Tungkulin mo na tiyakin na kumain ng almusal ang iyong anak bago pumasok ng paaralan at na ang iyong anak ay may dalang pagkain para sa tanghalian o pera upang bumili ng pananghalian mula sa kantina ng paaralan.

Maaari mong ipatala ang iyong mga anak sa alinman sa pampamahalaan o pribadong paaralan. Upang makahanap ng paaralan sa iyong lugar, tumingin sa seksiyong 'Schools' sa [White Pages](#) na direktoryo ng telepono o bisitahin ang mga website na ito: www.education.vic.gov.au o www.eduweb.vic.gov.au/schoolsonline.

Nagbibigay ng libreng edukasyon ang mga **pampamahalaang paaralan**, ngunit ang karamihang paaralan ay humihingi ng boluntaryong kontribusyon upang makadagdag sa mga programa nito kaugnay ng edukasyon at palakasan. Nasa mga magulang ang desisyon

kaugnay ng pagbabayad. May karagdagang mga pang-edukasyong materyales o mga serbisyo na inaasahang maaring ibigay ng mga magulang o bayaran upang ibigay ng paaralan. Maaaring kailanganin ng mga magulang na magbigay sa kanilang mga anak ng mga lapis, pluma, mga aklat-aralin at mga uniporme sa paaralan (kung naaangkop).

Tandaan: Ang mga mag-aaral na may hawak na mga pansamantalang *visa* ay maaaring kailanganing magbayad ng buong kabayaran sa paaralan. Magsiyasat sa bawat paaralan para sa mga detalye.

Ang mga **di-pampamahalaan o pribadong paaralan** ay sumisingil ng bayad, at maaaring sila ay kasapi ng isang grupong pagrelihiyon o natatanging pilosopiyang pang-edukasyon. Ang mga magulang na nagnanais na makaalam tungkol sa pribadong edukasyon ay kailangang makipagpanayam sa may-kaugnayang autoridad ng pribadong edukasyon o kumontak nang direkta sa piniling paaralan.

Magtanong sa iyong paaralan tungkol sa **before and after school care** o **mga programang pangbakasyon ng eskuwela** para sa mga batang pumapasok sa eskuwela.

Mga batang hindi nagsasalita ng wikang Ingles

Ang bagong dating na mga bata na hindi nagsasalita ng wikang Ingles ay kailangang magpatala nang direkta sa English Language Schools (ELS) and Centres (ELC) na nagbibigay ng masinsinang mga programa sa wikang Ingles na nakalaan para sa mga bata. Ang mga ito ay matatagpuan sa metropolitang mga lugar at sa ilang malalaking mga sentro sa kanayunan. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga programa sa wikang Ingles para sa mga batang mag-aaral kumontak sa:

[Department of Education and Early Childhood Development](#)

9637 2000

ESL website

www.education.vic.gov.au/studentlearning/programs/esl/newstudents.htm

Mga Interpreter

Ang mga magulang at tagapag-alagang limitado ang pagsasalita ng wikang Ingles o hindi nakakapagsalita nito ay maaaring humiling sa paaralan na kumuha ng isang interpreter kung tatalakayin ang mga bagay na may kaugnayan sa kanilang mga anak. Maaari din nilang gamitin ang **Serbisyong Pagsasalin at Pag-iinterpretar (TIS National)** sa telepono bilang 131 450 na kumontak sa paaralan.

Translating and Interpreting Service (TIS National)

13 1450

TIS National website

www.immi.gov.au/tis

Pagpapalista

Upang mapalista ang iyong anak sa isang paaralan, kontakin ng personal o sa pamamagitan ng telepono ang paaralan. Kailangan mong dalhin ang iyong *visa* o mga dokumento ng iyong pagdating sa Australya, patunay ng petsa ng kanilang kapanganakan, at anumang mga papeles kabilang ang mga report sa paaralan kaugnay ng kanilang dating edukasyon. Maaaring mabigyan ng interpreter sa oras ng pagpapalista.

Kailangan mong magdala ng anumang mga dokumento ng pagpapabakuna sa lokal na konseho (basahin ang Tsapter 14, *Lokal na Pamahalaan*) upang makakuha ng pinagsamang Sertipiko ng Pagpapabakuna. Ipakita ang sertipikong ito sa paaralan sa pagpapatala. Ang mga paaralan ay hindi tumatanggap ng mga isahang dokumento ng pagpapabakuna at igigiit ang Sertipiko ng Pagpapabakuna mula sa konseho. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagbabakuna, manyari lamang na tunghayan ang Tsapter 11, *Ang Sistemang Pangkalusugan*.

Isinaling impormasyon tungkol sa mga paaaralan

Ang impormasyon tungkol sa Victorian Certificate of Education ay makukuha sa 15 mga lengguwahe:

<http://www.vcaa.vic.edu.au/vce/publications/WhereToNow/vcelote.html>

Ang Centre for Multicultural Youth (CMY) ay naglathala ng isang multikultural na gabay, *isang gabay para sa mga bagong dating na kabataan: Understanding the Victorian Education and Training System*, upang makatulong sa mga kabataan at sa kanilang mga magulang na mapag-aralan ang pinakaangkop na edukasyon o mga opsyon sa pagsasanay. Ang [The Guide for Newly Arrived Young People](#) ay maaaring makuha sa 13 mga lengguwahe mula sa CMY o maaaring i-download mula sa kanilang website, kumontak sa:

Centre for Multicultural Youth

9340 3700

www.cmyi.net.au

Bokasyonal na Edukasyon

Ang mga kursong **VET (Vocational Education and Training)** at **TAFE** (Technical and Further Education) ay inilaan para sa mga mag-aaral na nagnanais ng mga bokasyonal, teknikal o mga kasanayang pantrabaho. Maraming kurso ang sumasakop sa bokasyonal na pagsasanay katulad ng teknolohiyang impormasyon, serbisyong pangnegosyo, sining at media, turismo at mabuting pakikitungo, konstruksiyon at transportasyon, pangnayon at minahang pagmamanupaktura, at pag-iinhinyero. Ang mga kolehiyong VET at TAFE ay sumisingil ng bayad at ang mga mag-aaral ay karaniwang bumibili ng kanilang sariling mga libro. Kailangang makatapos ng haikul ang mga mag-aaral upang maging karapat-dapat para sa ilang mga kurso.

Para sa higit pang impormasyon kumontak sa:

TAFE Course Information Line

13 1823

www.education.vic.gov.au/tafecourses

Adult Multicultural Education Services (AMES)

1300 304 685

www.ames.net.au/course_catalogue.asp

Ang mga kurso ng **ACE** ay ibinibigay sa mga lokal na komunidad sa kabuuang Victoria. Ang mga ito ay ibinibigay ng mga organisasyong pangkomunidad kabilang ang mga sentro ng ACE at Neighbourhood Houses.

Ang mga sentrong ito ay nagbibigay ng malawak na hanay ng mga programa at gawain na maaaring kabilang ang mga kursong katulad ng karunungan bumasa at sumulat para sa matatanda, pangkalahatang edukasyon para sa mga matatanda, Ingles bilang Pangalawang Wika (ESL), impormasyong pangteknolohiya at mga asignaturang pangnegosyo, sining at mapanlikhang pagsusulat, pagbabadyet at pagluluto.

Ang mga ito ay maaari ding magbigay ng mga grupo at gawaing panlibangan at pangsosyalan, paminsan-minsang pag-aalaga sa bata at mga grupong panlaro, impormasyon at suporta.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa maaaring makuha sa iyong lugar kumontak sa:

- iyong lokal na konseho
- website ng Adult Community and Further Education Board
www.acfe.vic.gov.au

- website ng Association of Neighbourhood Houses and Learning Centres
<http://www.anhlc.asn.au>

Mga unibersidad

Ang mga unibersidad sa Australya ay kabilang sa mga pinakamahusay sa buong mundo. Ang isang normal na kursong undergraduate na degree ay umaabot nang 3 taon, ngunit may mga dobleng karera at mga pag-aaral na post graduate na mas matagal bago matapos. Ang ibang mga kurso ay maaaring gawin sa labas o ang tinatawag na distance learning o kaya'y part time lamang. Ang mga unibersidad ay maaari ding mag-alok ng mas maikling mga kurso para sa propesyonal na pagpapaulad.

Para sa impormasyon tungkol sa pagpapalista at sa mga kurso, kumontak sa mismong unibersidad, o bisitahin ang **going to university** website.

Ang website na **Study in Australia** may makatutulong na impormasyon tungkol sa pag-aaral sa Australya na makukuha sa 12 lengguwahe.

Going to Uni website

www.goingtouni.gov.au

Study in Australia website

studyinaustralia.gov.au

Para sa higit pang impormasyon kumontak sa:

Victorian Tertiary Admissions Centre (VTAC)

1300 364 133

Website

www.vtac.edu.au

Kabilang sa mga bayarin para sa mga kursong pang-unibersidad ang mga tuition fee, mga incidental fee, mga libro, tirahan at pangkalahatang mga gastos sa pamumuhay. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa tulong na maaari mong makuha magpunta sa:

Going to Uni

1800 020 108

Student Enquiry Line

Ang **Youth Allowance** o panustos para sa kabataan (para sa mga taong nasa edad na 16-24 na taon) at ang mga kabayaranang **Austudy** o pag-aaral sa Australya (para sa may edad na 25 taon at mahigit pa) ay nagbibigay ng pananalaping tulong para sa mga full-time na mag-aaral na kumukuha ang mga naaprubahang kurso. Ang parehong kabayaran na may ilang limitasyon ay batay sa kita at aria-arian . Ang 2-taong panahon ng paghihintay ay karaniwang inaaplay. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga panukalang suportang pananalapi na ito, kumontak sa Centrelink (basahin ang Tsapter 8, *Kasiguruhang panlipunan*).

11. Ang sistemang pangkalusugan

Medicare

Ang Pamahalaang Australya ay nagbibigay ng tulong para sa mga medikal na gastos at pangangalaga sa ospital sa pamamagitan ng panukalang tinatawag na **Medicare**. Nagbabayad ang Medicare para sa halos lahat ng gastos ng mga pagpapatingin sa doktor, mga x-ray, pagsusuri ng dugo, pangangalaga sa publikong ospital, at ilan pang mga serbisyo.

Upang malaman kung ikaw ay karapat-dapat at upang magparehistro sa Medicare, kailangan mong pumunta sa isang tanggapan ng Medicare na dala ang iyong pasaporte, mga dokumento sa pagbibiyahe at permanenteng visa.

Hindi nagbabayad ang Medicare para sa gastos ng ambulansiya, serbisyong dental, pisiyoterapi, salamin sa mata, podyatriya, serbisyong kayropraktik, o akomodasyon sa pribadong ospital. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Medicare, basahin ang Tsapter 1, *Ano ang kailangang gawin kaagad matapos na dumating*.

Medicare website

www.medicareaustralia.gov.au

Centrelink Health Care Card (Kard para sa Pangangalaga ng Kalusugan mula sa Centrelink)

Kung ikaw ay tumatanggap ng kabayaran mula sa Centrelink o mababa ang kinikita, ikaw ay maaaring maging karapat-dapat para sa Pampamahalaang Health Care Card (kard para sa pangangalaga ng kalusugan). Ang kard ay magbibigay sa iyo ng benepisyo sa hanay ng mga konsesyon, kabilang ang halaga ng mga gamot at mga serbisyong pangkalusugan (doktor, dentista at ambulansiya). Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Centrelink, basahin ang Tsapter 8, Kasiguruhang Panlipunan.

Kahit na ikaw ay may Health Care Card, kailangan mo pa ring ipakita ang iyong Medicare card para sa lahat ng mga batayang ospital at medikal na pagpapagamot kasabay ng iyong Health Care Card.

Pribadong segurong pangkalusugan

Pinipili ng maraming mga Australyano na magbayad ng pribadong health insurance. Ito ay sumasakop sa lahat or ilang bahagi ng halaga ng pagpapagamot bilang pribadong pasyente sa mga pribado o publikong ospital, at maaaring kabilang ang ilang mga serbisyo na hindi sakop ng Medicare, tulad ng pangangala sa ngipin, karamihang pangangalaga sa mata at sasakyang pang-ambulansya. Ang mga halaga at uri ng cover o sakop nito ay nagkakaiba-iba sa pangkalahatan, kaya kung ikaw ay magpapasiyang kumuha ng pribadong health insurance, mahalagang ikumpara ang iba't ibang pondo at alamin **nang maingat ang mga detalye bago bumili ng policy**.

Mga insentibo

Ang pamahalaan ay nagbibigay ng mga pananalaping insentibo na naglalayong mahikayat ang mga tao na kumuha ng pribadong health insurance. Kung pinag-iisipan mong kumuha ng pribadong health insurance, ikaw ay kailangang maging maalam sa:

- 1 **Ang 30 per cent Rebate** – Ang lahat ng mga Australyano ay karapat-dapat na mag-claim ng 30 per cent Rebate kung sila ay karapat-dapat para sa Medicare at mayroong tumutupad na health insurance policy na nagbibigay ng pagpapagamot sa ospital, pangkalahatang sakop na pagpapagamot ('ancillary' o mga 'extra') o ng pareho. (para sa mga taong nasa edad na 65-69 taon ang Rebate ay 35 porsiyento, at para sa mga taong nasa edad na 70 taon at lampas pa ang Rebate ay 40 porsiyento).

2. Ang Medicare Levy Surcharge – Karamihan sa mga Australyanong nagbabayad na buwis ay may Medicare Levy na kabilang sa halaga ng buwis na kanilang ibinabayad. Ang Medicare Levy Surcharge ay ang karagdagang 1 % surcharge na ipinapataw sa mga taong kumikita nang lampas sa ilang tiyak na income threshold at walang hospital insurance. Sa kasalukuyan ang mga income threshold ay AUD70,000 baw't taon para sa mga nagsosolo at AUD140,000 baw't taon para sa mga mag-asawa o mga pamilya.

3. Ang Lifetime Health Cover – Hinihikayat ng panukalang ito ang mga tao na kumuha ng hospital cover sa maagang edad. Kung ang isang tao ay kumuha ng hospital cover matapos ang unang araw ng Hulyo makalipas ng kanilang ika-31 taong kaarawan, sila ay magbabayad nang higit pa para sa parehong antas ng cover kaysa sa taong kumuha ng cover bago sumapit ang unang araw ng Hulyo matapos ang kanilang ika-31 kaarawan. Ang halaga ay tumataas nang 2% bawat taon kung ipagpapaliban ng isang tao ang pagkuha ng cover.

May espesyal na mga kondisyon na angkop para sa mga bagong migrante na dumating sa Australya matapos ang unang araw ng Hulyo kasunod ng kanilang ika-31 kaarawan. Ang mga migrante ay hindi nagbabayad ng nadagdagang halaga kung sila ay kukuha ang pribadong hospital cover sa loob ng 12 buwan mula sa araw na sila ay magparehistro bilang karapat-dapat sa Medicare.

Mahalagang isaalang-alang ang pagkuha ng hospital cover sa unang taon pagkatapos na ikaw ay magrehistro sa Medicare. Kung pinili mong maghintay nang mahigit sa 12 buwan matapos na ikaw ay magrehistro sa Medicare, kakailanganin mong magbayad ng Lifetime health Cover loading na katumbas ng 2 porsiyento para sa baw't taon na ikaw ay lampas sa edad 30 taon kapag ikaw ay magpasya na kumuha ng hospital cover.

Karagdagang impormasyon

Ikaw ay maaaring makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa pribadong health insurance ay maaaring makuha sa pamamagitan ng pagbisita sa mga website na: www.privatehealth.gov.au at www.phiac.gov.au/ o sa pamamagitan ng pagkontak sa:

Private Health Insurance Ombudsman **1800 640 695**
(Linyang Pang-impormasyon kaugnay ng Pribadong Segurong Pangkalusugan)

Private Health Insurance Ombudsman website www.phio.org.au

Ang mga Sentro ng Commonwealth Carelink ay nagbibigay ng impormasyon at suporta sa mga taong nag-aalaga ng mga matatanda at mga taong may mga kapansanan. Para sa karagdagang impormasyon kumontak sa

Commonwealth Carelink Centres **1800 052 222**

Carelink Centres website www.commcarelink.health.gov.au

Medikal na tulong

Mga kagipitan

Maaaring makatanggap ng emergency treatment o kagipitang paggamot mula sa mga medical centre o mga departamento ng emergency ng mga ospital. Ang mga publiko at pribadong ospital ay nakalista sa bahagi na 'Hospitals' sa [White Pages](#) na direktoryo ng telepono. Ang impormasyon tungkol sa mga ambulansya ay nasa Tsapter 3, *Mga Serbisyong Pangkagipitan*.

Kung ikaw ay pupunta sa ospital, alalahanin mong dalhin ang mga gamot na iyong iniinom at gayundin ang iyong Medicare kard, kard ng pagiging miyembro ng pribadong health insurance, Health Benefits o Pension Concession Card.

Ang kagipitang paggamot ay maaaring makuha sa loob ng 24 na oras sa mga departamentong 'Casualty' o 'Emergency' ng mga publikong ospital.

Kung ang kalagayan ay hindi isang kagipitan dapat kang humingi ng medikal na tulong mula sa isang general practitioner.

MGA General Practitioner (Mga Doktor Ng Pamilya)

Kung ito ay hindi isang kagipitan, magpunta muna sa doktor ng iyong pamilya (tinatawag ding 'general practitioner' o **GP**) o sa isang medical centre. Maaari kang pumili ng doktor na titingin sa iyo o pupuntahang medical centre – ang mga ito ay nakalista sa [Yellow Pages](#) na direktoryo ng telepono sa seksiyong 'Medical practitioners'.

Ang iyong doktor ay maaaring mag-**bulk bill**. Ang ibig sabihin nito ay papipirmahin ka sa Medicare form, at ipapadala ito sa Medicare na siyang magbabayad sa doktor. Kung hindi, sisingilin ka ng doktor at maaari mong singilin ang halaga mula sa Medicare o sa pondo ng iyong pribadong health insurance kung ikaw ay may karapatan para dito. Sa alinmang pagkakataon, kailangan mong dalhin ang iyong Medicare (at Health Care Card kung mayroon ka nito)

Pag-iinterpretate

Maaaring gamitin ng mga doktor ang karapatang mauna sa linyang pantelepono upang ikaw ay magkaroon ng interpreter sa panahon ng iyong pagpapatingin. Ito ay walang bayad para sa iyo o sa doktor, sa isang kondisyon na ikaw ay permanenteng residente o mamamayan ng Australya at kung ang medikal na konsultasyon ay sakop ng Medicare. Maaari ding magbook ng 'on-site interpreter' ang doktor kung ito ay kinakailangan.

TIS National Doctors Priority Line (24 Hours)

1300 131 450

TIS National website

www.immi.gov.au/tis

Mga espesyalista

Ikaw ay hindi maaring magpatingin sa isang medikal na **espesyalista** hangga't hindi muna nakikipagkita sa isang GP. Maaari kang irekomenda ng doktor sa isang medikal o ibang espesyalista para sa higit pang paggamot.

Mga gamot

Kung sa palagay ng doktor ay kailangan mo ng mga gamot, maaari kang bigyan ng reseta na dadalhin mo sa **botika** (o **farmasya**). Maraming mga gamot, tulad ng antibiotic, ang mabibili lamang kung may reseta. Kung ikaw ay may Health Care Card o Pension Concession Card na ibinigay ng Centrelink, ikaw ay makakakuha ng concession para sa ilang mga gamot. Kailangan mo ring dalhin ang iyong Medicare card kung kukuha ng mga gamot sa iyong botika.

Mahalagang basahin nang maingat ang mga etiketa at mga tagubilin at magtanong kung hindi maliwanag. Para sa tulong o impormasyon tungkol sa mga gamot , kausapin ang isang parmasyutiko o tumawag sa:

Medicines Line

1300 888 763

(Lunes - Biyernes, 9 n.u. - 6 n.g)

Website

www.nps.org.au

Community Health Centres (Mga Sentrong Pangkalusugan sa Komunidad)

Ang mga **Community Health Centres** (Sentrong Pangkalusugan sa Komunidad) ay nagbibigay ng mababang halagang mga serbisyo para sa mga taong mula sa lahat ng hanay ng edad. Hindi lahat ng mga centre ay nagbibigay ng parehong mga serbisyo. Ngunit, kadalasan kabilang sa mga makukuhang serbisyo ay ang pag-aalaga sa maysakit, pagtataguyod at edukasyong pangkalusugan, pisiyoterapi, pangangalaga sa ngipin, pangangalagang medikal, pagpapayo at kapakanang panlipunan.

Ang listahan ng mga Sentrong Pangkalusugan sa Komunidad sa Victoria ay matatagpuan sa website ng [Victorian Government Health Information](#) (i-click sa "Community Health" menu) o

sa [White Pages](#) na direktoryo ng telepono sa seksiyon ng 'Community Health Centres' o 'Health'.

Community Health Centres

www.health.vic.gov.au/communityhealth/service_provider/community_health_directory.htm

Mga serbisyo para sa mga pamilyang may mga batang anak

Ang **Maternal and Child Health Service** (Serbisyonang Pangkalusugan para sa Ina at Anak) ay isang libreng serbisyo para sa lahat ng mga pamilya na may mga batang nasa edad na mula sa pagkapanganak hanggang sa edad na maari ng pumasok sa iskuwela. Ito ay nagbibigay sa mga pamilya na may mga maliliit na bata ng impormasyong pangkalusugan, kabilang ang pagbabakuna, pagpapayo tungkol sa pag-unlad ng bata, pagiging magulang at nutrisyon. Ang mga pamilya ay maaaring kumontak sa kanilang lokal na konseho para sa mga detalye ng kanilang pinakamalapit na Serbisyonang Pangkalusugan para sa Ina at Anak. Para sa isinaling impormasyon tungkol sa kalusugang pambata kumontak sa:

Maternal and Child Health Line (24 na Oras)

13 2229

Kalusugan at Kagalingang Pangkababaihan

Ang **Women's Health Services (Mga Serbisyonang Pangkalusugan ng Kababaihan)** ay **sumusuporta** sa mga kababaihan sa Victoria upang gumawa ng mga pagpapasiyang batay sa impormasyon at mga mapagpipilian tungkol sa kanilang sariling kalusugan. Sila ay tumutulong sa mga kababaihan nang isahan o sa mga grupo sa pamamagitan ng pagbibigay ng impormasyon katulad ng, saan makikita ang pinakamalapit na babaing doktor sa iyo; saan ka maaaring pumunta para magpa-pap smear; pangangalaga sa suso; pag-aalaga sa sarili sa panahon ng pagbubuntis; at sa partikular na mga problema kabilang ang mga problemang kaugnay ng alak at mga bawal na gamot; paghingi ng tulong kaugnay sa pagsusugal, at saan maaaring pumunta kung naging biktima ng karahasan sa tahanan.

Ang lahat ng mga Serbisyonang Pangkalusugan ng Kababaihan ay maaaring kumuha ng interpreter at bukas mula 9 n.u. – 5 n.h. Lunes hanggang Biyernes. Para sa karagdagang impormasyon kontakin ang:

Mga Serbisyonang Pangkalusugan ng Kababaihan – Panglungsod

Collingwood

Multicultural Centre For
Women's Health
Tel: **9418 0999**
Website: www.mcwh.com.au

Footscray

Women's Health West
Tel: **9689 9588**
Website: www.whwest.org.au

Ringwood

Women's Health East
Tel: **9845 8000**
Website: www.whe.org.au

Carlton

Women's Health Information Centre
Royal Women's Hospital
Tel: **9344 2007**
Website: www.thewomens.org.au/WomensHealthInformationCentre

Melbourne

Women's Health Victoria
Tel: **9662 3755**
Website: www.whv.org.au

Frankston

Women's Health In the South East
Tel: **9783 3211**
Website: www.whise.org.au

Thornbury

Women's Health In the North

Tel: **9484 1666**Website: www.whin.org.au**Mga Serbisyon Pangkalusugan ng Kababaihan- Pangrehiyon:****Gippsland Region**Gippsland Women's Health Service
SaleTel: **5143 1600**www.gwhealth.asn.au**Barwon South Western Region**Portland Community Health Centre
Tel: **5522 1180**

Colac Area Health

Tel: **5232 5140****Hume Region**Women's Health Goulburn North East
WangarattaTel: **5722 3009**www.whealth.com.au

Barwon Health

Tel: **5260 3719**www.wholewoman.org.au**Loddon Mallee Region**Women's Health - Loddon Mallee
BendigoTel: **5443 0233** or **1800 350 233****Grampians Region**Women's Health Grampians
BallaratTel: **5322 4100**

Ouyen

Tel: **5092.1686**<http://www.whlm.org.au/>

Horsham

Tel: **5362 1400**www.whg.org.au**Warrnambool**

Community Health

Tel: **5564 4190****Kalusugang Pangkaisipan**

May ilang mga serbisyo para sa mga taong nangangailangan ng tulong para sa mga problema at sakit na nauukol sa kalusugang pangkaisipan. Sa karamihang situwasyon, ang mga taong nangangailangan ng tulong para sa mga problemang nauukol sa kalusugang pangkaisipan ay kailangang kumontak sa kanilang GP o Sentrong Pangkalusugan sa Komunidad.

Upang alamin ang pinakamalapit na serbisyo sa iyo, kontakin ang doktor ng iyong pamilya o publikong ospital sa iyong lugar (tignan sa seksiyong 'Public Hospitals' sa [White Pages](#) na direktoryo ng telepono), kumontak sa:

Victoria's Mental Health Serviceswww.health.vic.gov.au/mentalhealth/index.htm**Department of Human Services****1300 650 172****Mental Health Legal Centre Inc****9629 4422****Libreng Tawag****1800 555 887**

Mga Serbisyong Pangkapansanan

May hanay ng mga serbisyong pansuporta na maaaring makuha ng mga taong may kapansanan at ng kanilang mga pamilya at tagapag-alaga. Kumontak sa:

Department of Human Services

Disability Intake and Response Service

Libreng Tawag 1800 783 783

Job Watch Employment Rights 9662 1933

Legal Centre Telephone Service

Libreng Tawag 1800 331 617

Villamanta Disability Rights Legal Service (Intellectual Disabilities)

5229 2925

Mga serbisyo para sa mga taong mula sa magkakaibang kultura at lengguwahe

Maraming mga ospital at malalaking sentrong pangkalusugan ang may mga pangkat ng mga pangkalusugang propesyonal na nagbibigay ng mga serbisyo para sa mga lokal na migranteng komunidad. Kabilang sa mga serbisyong ito ang pagbibigay-payo, rekomendasyon, at mga impormasyong pangkalusugan. Tawagan ang iyong lokal na ospital o Sentrong Pangkalusugan sa Komunidad upang alamin kung may **Multicultural Health Worker** o multikultural na manggagawang pangkalusugan para sa grupo ng iyong wika.

Kaligtasang pambata at pag-iwas sa aksidente

Ang **Kidsafe**, ang Child Accident Prevention Foundation of Australia ay isang di-pampamahalaang organisasyon na nagbibigay ng impormasyon at mga serbisyo sa mga magulang at komunidad ukol sa kaligtasang pambata at pag-iwas sa aksidente. Ang ilang isinaling mga Fact Sheet ay maaaring makuha sa website ng Kidsafe sa seksiyon ng Western Australia at Victoria.

Kidsafe VIC 9251 7725

Tulong sa mga wikang maliban sa Ingles 131 450

Website www.kidsafe.com.au

Pagbabakuna

Pinangangalagaan ng pagbabakuna ang mga bata (at matatanda) laban sa mapanganib na mga impeksiyon. Ang pagbabakuna ay hindi sapilitan ngunit inirerekomenda para sa lahat ng mga bata. Ang ilang mga estado at teritoryo (NSW, VIC, TAS at ACT) ay mangangailangan ng pagpapakita ng ulat ng pagbabakuna kapag ang bata ay dumadalo ng day care o magsisimula sa iskuwela. Ito ay upang malaman ng mga sentro para sa pangangalaga ng bata at mga paaralan kung sino ang mga batang hindi pa nababakunahan. Ang pagbabakuna ay maaaring makuha mula sa doktor ng iyong pamilya o sa iyong Sentro para sa Kalusugang Pangkomunidad.

Kung nais mong makakuha ng mga pagbabakuna mula sa iyong Sentro para sa Kalusugang Pangkomunidad o lokal na konseho, kailangan mong kontakin sila upang alamin kung anong mga pagbabakuna ang maaaring makuha at kung kailan maaaring makuha ang mga ito.

Ang iyong anak ay kailangang maging up-to-date sa mga pagbabakuna o magkaroon ng iksemsiyon sa pagpapabakuna upang ikaw ay makatanggap ng Child Care benefit.

Kung ang iyong mga anak ay hindi nabakunahan, maaaring ikaw ay hindi karapat-dapat para sa mga kabayaran para sa pangangalaga ng bata.

National Immunisation Infoline

1800 671 811

[Australian Childhood Immunisation Register](#)

1800 653 809

National Immunisation website

<http://immunise.health.gov.au>

Sa Victoria, kailangan mong dalhin ang mga dokumento ng pagpapabakuna sa lokal na konseho (basahin ang Tsapter 14, *Lokal na Pamahalaan at mga serbisyong pangkomunidad*) upang makakuha ng pinagsamang Sertipiko ng Pagpapabakuna bago ipatala ang iyong anak sa paaralan.

Mga Serbisyong nauukol sa Pangangalaga ng Ngipin

Ang mahusay na kalusugan sa bibig ay mahalaga para sa pangkalahatang kalusugan at kagalingan. Ang pangangalaga para sa ngipin ay pangunahing ibinibigay ng mga pribadong dentista. Ang mga serbisyo ng pampublikong dentista ay makukuha ng mga taong may Centrelink concession card at lahat ng mga batang mag-aaral sa primarya.

Mga Pribadong Serbisyong Pangdentista

May mga pribadong dentista sa iyong lokal na lugar na karaniwang sumisingil ng bayad para sa serbisyo. Maaari mong naising kumuha ng pribadong health insurance upang makatulong sa pagbabayad para sa mga serbisyong nauukol sa pangangalaga ng ngipin. Upang alamin ang kinaroroonan ng mga dentista sa iyong lugar kontakin ang:

Victorian Branch of the Australian Dental Association

9826 8318

www.adavb.com.au

Ang mga pustiso at mouthgard ay maaari ding makuha mula sa mga prostetista. Para sa impormasyon tungkol sa mga prostetista sa iyong lugar kontakin ang:

Dental Prosthetists and Technicians Association of Victoria

9852 9969

www.dpavic.com.au/content/index.php

Mga Serbisyo Ng Pampublikong Pangangalaga Sa Ngipin

Ang mga pampublikong klinikang pangdentista ay matatagpuan sa kabuuang Victoria. Ang maliit na bayad o tinatawag na *copayment* ay naaangkop sa mga nararapat na grupo na nangangailangan ng mga serbisyo ng pampublikong dentista. Ang mga batang mababa sa 18 taong gulang ang edad na may concession card o umaasa sa mayroong concession card ay tatanggap ng libreng serbisyo ng pampublikong pangangalaga sa ngipin.

Mahaba ang panahon ng paghihintay sa karamihan sa pampublikong mga serbisyong pangdentista. Kung kinakailangan ang pangkagipitang pangangalaga, ang isang tao ay karaniwang tinatasa sa loob ng 24 na oras matapos kumontak sa pinakamalapit na klinika. Ang karagdagang impormasyon tungkol sa pampublikong mga serbisyong pangdentista, kabilang ang kinaroroonan ng pinakamalapit na klinika ng dentista, ay makukuha mula sa:

Dental Health Services Victoria Hotline

9341 1000

www.dhsv.org.au

Paglapit sa Serbisyong nauukol sa Pangangalaga sa Matanda

Ang pangresidenteng pangangalaga sa matanda ay para sa mga matatandang tao na hindi na kayang manirahan sa tahanan sa iba't ibang dahilan katulad ng sakit, kapansanan, pangungulila sa namatay, isang kagipitan, mga pangangailangan ng kanilang tagapag-alaga,

pamilya o mga kaibigan o dahilan lamang na mahirap mag-asikaso sa tahanan nang walang katulong. Maaaring naisin ng mga taong nangangailangan ng mas kaunting pangangalaga kaysa sa ibinibigay sa mga tahanan para sa pangangalaga sa matanda na isaalang-alang ang mga independiyenteng mga tirahang yunit o mga retirement village.

Ang mga Pangkat para sa Pagtatasa ng Pangangalaga sa Matanda o Aged Care Assessment Teams (ACATs) ay nagbibigay payo kung anong uri ng pinondohang mga serbisyo ng Pamahalaang Australya ang kailangan mo upang makatulong sa iyo na magpatuloy sa paninirahan sa iyong sariling tahanan o kung kailangan mong pumasok sa isang tahanan para sa pangangalaga sa matanda.

May 5 hakbang na kailangang sundin kung nais mong lumipat sa isang tahanan para sa pangangalaga sa matanda. Ang mga ito ay:

- Pagtatasa ng iyong pagiging karapat-dapat
- Paghahanap ng tahanan
- Pag-alam ng halaga
- Pag-aaplay
- Paglipat at paninirahan

Para sa tulong kaugnay ng anumang bagay na may kinalaman sa pangangalaga sa matanda, kontak in ang:

Aged and Community Care InfoLine

1800 500 853

Seniors website

www.seniors.gov.au

Ang mga Commonwealth Carelink Centre ay nagbibigay ng impormasyon at suporta sa mga taong nag-aalaga ng mga nakatatanda at mga taong may mga kapansanan. Para sa karagdagang impormasyon kumontak sa:

Commonwealth Carelink Centres

1800 052 222

Carelink Centres website

www.commcarelink.health.gov.au

Karagdagang impormasyon

Para sa karagdagang impormasyon at mga detalye ng iba pang mga serbisyong pangkalusugan, magtanong sa iyong lokal na doktor, medical centre, Sentrong Pangkalusugan sa Komunidad, ospital o parmasya.

12. Libangan at Media

Mga gawain sa labas

Ang Australya ay talagang angkop para sa mga gawaing may panlabas na pokus, katulad ng paglalakbay, bushwalking, kamping at isport. May ilang mga panuntunang nauukol sa kaligtasan kapag nasa labas :

- Sa tabing-dagat, lumangoy lamang sa mga lugar na pinapatrulyahan ng mga lifesaver. Palaging lumangoy sa pagitan ng mga bandera. Hindi lahat ng tabing-dagat ay pinapatrulyahan ng mga lifesaver.
- Iwasan ang paglangoy at pangingsda nang nag-iisa.
- Magsuot ng sumbrero kapag maiinit ang panahon upang maiwasan ang pagkasunog ng balat at kanser sa balat. Ito ay lalong mahalaga para sa mga maliliit na bata at maraming paaralan ang maggigiit na magsuot ng mga sumbrero sa kabuuang panahon ng tag-init.
- Magsuot ng pamproteksiyon sa araw. Makakabili nito mula sa botika o supermarket
- Ang pagsisindi ng apoy sa labas at mga barbecue ay hindi pinahihintulutan sa mga araw na bawal ang apoy sa kalahatan o ang tinatawag na **total fire ban**. Para sa impormasyon tungkol sa mga araw na bawal ang apoy sa kalahatan kumontak sa:

Weather forecasts (Nagsasabi ng lagay ng panahon) **1196**

Bureau of Meteorology website www.bom.gov.au/weather/

Bushfire Information Line **1800 240 667**

The Royal Life Saving Society Australia www.royallifesaving.com.au

Swim Australia www.swimaustralia.org.au

Kidsafe www.kidsafe.com.au

Ang **Parks Victoria** ay naglalabas ng hanay ng mga libreng gabay na *pre-visit map*, mga tala tungkol sa liwasan, at mga polyeto tungkol sa mga pinakatanyag na liwasan sa Victoria.

[Parks Victoria Information Centre](#) **13 1963**

Palakasan at Libangan sa Victoria

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa palakasan at libangan sa Victoria, mangyari lamang na bisitahin ang: www.sport.vic.gov.au

Ang **Victorian Council on Fitness and General Health (VICFIT)** (Konseho ng Victoria para sa Pangkalahatang Kalusugan) ay may libreng linyang pang-impormasyon kung nais mong lumahok sa malusog na pag-eehersisyo, gawaing pampalakasan at mga klub. Para sa karagdagang impormasyon kumontak sa:

KINECT AUSTRALIA (Inc VICFIT) **8320 0100**

www.vicfit.com.au

GO FOR YOUR LIFE **1300 739 899**

www.goforyourlife.vic.gov.au

Ang **Centre for Multicultural Youth (CMY)** (Sentro para sa mga Multikultural na Isyung Pangkabataan) ay naglalayong madagdagan ang mga pagkakataon sa buhay ng mga kabataang nagmula sa iba't ibang kultura at lengguwahe. Ang CMY ay may mahusay na mga kontak sa ilang organisasyon at klub na pampalakasan, panlibangan at pangkalusugan.

Ang website ng CMY ay may pahina para sa mga kaganapan na naglilista ng mga pagkakataon para sa palakasan at libangan para sa mga kabataang mula sa iba't ibang kultura at lengguwahe .

Para sa karagdagang impormasyon kumontak sa:

Centre for Multicultural Youth (CMY)

03 9340 3700

www.cmyi.net.au

Ang iba pang impormasyon kaugnay ng paglalaro ng isport sa Australya - 'Keeping Sport Fun' at Safe and 'Playing Team Sport Kit' – ay isinalin at maaaring makuha mula sa website na: <http://www.cmyi.net.au/TranslatedandCommunityInfo>

Ang [Sport and Recreation Victoria](#) ay may direktoryo ng mga organisasyong pampalakasan at panlibangan at ang mga detalye ng pagkontak.

Media

Karamihan sa mga tindahan ng pahayagan sa mga malalaking sentrong pamilihan ay may mga pahayagan sa iba't ibang wika, nguni't kung wala silang natatabi ng tanging pahayagang gusto mo maaari kang humiling na umorder sila nito para sa iyo.

Ang istasyon ng telebisyon at radyo ng [Special Broadcasting Service \(SBS\)](#) ay may mga programa sa maraming iba't ibang wikang pangkomunidad. Ang panlingguhang programa ay nakalista sa mga metropolitang pahayagan. Ang listahan ng mga etnikong istasyon ng radyo ay matatagpuan sa website ng **National Ethnic and Multicultural Broadcasters' Council (NEMBC)**.

NEMBC

03 9486 9549

Website

www.nembc.org.au

Ang ilan sa lokal na mga istasyon ng radyong multikultural ay ang:

SBS Radio

1224 AM

93.1 FM

3CR

855 AM

3ZZZ

92.3 FM

Television

Channel 28

Channel 31

Bago pumirma sa anumang kontrata para sa mga serbisyong pangkomunikasyon, ang lahat ng mga mamimili ay kailangang magsiyasat kung ang serbisyong kanilang papasukan ay kailangan kung isasaalang-alang ang kanilang mga kaayusan sa paninirahan. Sa ilang mga kaso may mga taong pumirma para sa isang suskrisyon sa may bayad na telebisyon sa paniniwalang kailangan nila ang serbisyo para sa tinatawag na 'free-to-air' na panonood.

Mga gawain at palabas na pangkultura

Ang **Multicultural Arts Victoria** (Multikultural na Sining sa Victoria), isang organisasyong hindi para kumita na pinondohan ng pamahalaan ay isang multikultural na organisasyong pangsining na nagtataguyod ng pagkakaiba ng kultura sa sining. Ito ay nagbibigay ng malawak na hanay ng tulong, pagpapayo at pagtangkilik sa mga artista, grupo at komunidad at nagpapakita at nagpapalabas ng mga gawain at programang pangkultura at pansining.

Multicultural Arts Victoria

9417 6777

Website

www.multiculturalarts.com.au

Internet

May ilang mga programa na nagtitiyak na ang lahat ng mga taga Victoria ay nakakuha ng benepisyo mula sa mga mapagkukunan ng impormasyon sa internet. Kabilang sa mga programang ito ang libre at murang Internet access at pagsasanay para doon sa mga walang access. Para sa karagdagang impormasyon, kontakin ang iyong lokal na konseho o iyong lokal na paaralan (sa kanayunan at mga pangrehiyong lugar). Ang mga pampublikong aklatan ay maaaring magbigay ng libreng paggamit sa internet.

Australian Library Gateway www.nla.gov.au/libraries

Australian Internet Cafes www.gnomon.com.au/publications/netaccess/

VICNET **1800 629 835**

www.roadshow.skills.net.au

Multimedia Victoria www.mmv.vic.gov.au/Communityprograms

13. Kagawaran ng Imigrasyon at Pagkamamamayan

Ang **Department of Immigration and Citizenship (DIAC)** o Kagawaran ng Imigrasyon at Pagkamamamayan ay ang inyong matatawagan para sa lahat ng bagay na nauukol sa *visa* at pagkamamamayan ng Australya. Marami ding mga pangkalahatang impormasyon na maaaring makuha mula sa pahina ng website ng **Living in Australia** ng DIAC kabilang ang paninirahan sa Australya.

Mga pagtatanong sa DIAC	131 881
DIAC website	www.immi.gov.au
Living in Australia web pages	www.immi.gov.au/living-in-australia

Ang mga pangrehiyong tanggapan ng DIAC ay tumutugon sa hanay ng mga serbisyong pang-imigrasyon, katulad ng mga *visa* at permit, at mga aplikasyon para sa pansamantala o permanenteng paninirahan:

Melbourne Office
Casselden Place
2 Lonsdale St
MELBOURNE VIC 3000

Dandenong Office
51 Princes Highway
DANDENONG VIC 3175

Pagkamamamayan sa Australya

Para sa karamihang mga permanenteng residente, ang unang hakbang sa pagiging isang mamamayan ng Australya ay ang pagpasa ng pagsusulit sa pagkamamamayan. Upang makapaghanda para sa pagsusulit, dapat mong basahin ang citizenship resource book na maaaring makuha mula sa website na nakalista sa ibaba.

Kapag ikaw ay nakapasa sa pagsusulit at natugunan ang iba pang mga kinakailangan para sa pagkamamamayan ng Australya, kabilang ang paninirahan sa Australya sa isang tiyak na haba ng panahon at pagkakaroon ng mabuting pagkatao, ikaw ay kailangang gumawa ng aplikasyon para sa pagkamamamayan ng Australya. Kung ang iyong aplikasyon ay matagumpay, ikaw ay aanyayahang dumalo ng seremonya para sa pagkamamamayan. Sa seremonya, karamihan sa may sapat na gulang na mga aplikante ay kakailanganing gumawa ng Pledge of Commitment bago sila maging mga mamamayan ng Australya. Para sa karagdagang impormasyon kabilang ang pagiging karapat-dapat at mga application form tunguhan ang:

Citizenship Information Line (in Australia)	131 880
Citizenship website	www.citizenship.gov.au/

Matapos na ikaw ay maging mamamayan ng Australya, maaari kang mag-aplay para sa Australian passport. Kung ikaw ay magpapatuloy na humawak ng citizenship mula sa ibang bansa gayundin ng iyong Australian citizenship, ikaw ang kailangang magbiyahe papasok at palabas ng Australya na gamit ay iyong Australian passport.

Para sa mga mamamayan ng Australya, sapilitan ang pagpapatala upang bumoto kung ikaw ay 18 taong gulang ang edad o mas matanda. May pagkakataong magpatala sa seremonya ng iyong pagiging mamamayang Australyano. Maaari ka din magpatala sa edad na 17 taon upang maging handa sa pagboto kapag ikaw ay dumating sa edad na 18.

Ang mga porma ng pagpapatala ay maaaring makuha mula sa mga tanggapan ng koreo, mga opisina ng **Australian Electoral Commission (AEC)** at sa website ng AEC. Ang pagkumpleto ng isang form ay magtatala sa iyo para sa pagboto sa mga pederal na eleksiyon, eleksiyon ng estado/teritoryo at karamihan sa mga eleksiyon ng mga lokal na

pamahalaan. Tuwing ikaw ay lilipat ng tirahan dapat mong kumpletohin ang isang bagong enrolment form. Maaaring makakuha ng karagdagang impormasyon mula sa website (kabilang ang mga lengguwaheng maliban sa Ingles) o tumawag sa AEC kung mayroon kang anumang katanungan.

Australian Electoral Commission (AEC)

13 2326

AEC website

www.aec.gov.au

Resident return visa o visa para makabalik ang residente

Kung ikaw ay isang permanenteng residente ng Australya na nagbabalak na umalis ng Australya para sa anumang pansamantalang panahon at nagnanais na bumalik sa Australya, maaaring mangailangan ka ng **Resident Return Visa** o ang tinatawag na visa para makabalik ang isang residente. Kontakin ang DIAC upang alamin kung kailangan mo ng visa para makabalik sa Australya.

Mga pagbisita ng pamilya sa Australya

Upang bumisita

Ang mga bisita ay kailangang mag-aplay para sa visa na sakop ang buong panahon ng kanilang pamamalagi sa Australya. Ang baw't uri ng visitor's visa ay may kalakip na espesyal na mga kondisyon, kaya kontakin ang pinakamalapit na opisina ng **Australian Overseas Immigration** (basahin sa ibaba) para sa higit pang impormasyon.

Ang sistemang **Electronic Travel Authority (ETA)** ay maaaring gamitin ng mga taong may pasaporte sa mahigit na 30 bansa sa pamamagitan ng pinahintulutang ahensiya ng pagbibiyaha at mga airline, at mula sa karamihan sa mga diplomatikong opisina sa Australya. Sa pamamagitan ng ETA maraming pansamantalang bisita ang nakakakuha ng pahintulot sa pagbiyahe sa Australya kasabay ng pagsasaayos ng kanilang biyahe. Para sa ETA, hindi na kailangan ng biyahero na magkumpleto ng application form para sa visa. Makakakuha ng karagdagang impormasyon sa website na: www.eta.immi.gov.au.

Upang mangibang-bayan

May tatlong pangunahing mga bahagi sa programa ng imigrasyon sa Australya:

- **Family migration** (Imigrasyon ng pamilya). Ang aplikante ay kailangang may kamag-anak sa Australya na mag-iisponsor sa kanila.
- **Skilled migration** (Imigrasyon kaugnay ng kasanayan). Ang aplikante ay kailangang may mga kasanayan na makatutulong sa ekonomiya o sa iba pang aspeto ng pamumuhay sa Australya
- **Refugee, Humanitarian, Special Humanitarian and Special Assistance programs.** (Programang nauukol sa Refugee, Makatao, Espesyal na Makatao at Espesyal na tulong).

May mga istriktong pangangailangan sa baw't kategorya ng imigrasyon na kailangang matugunan ng iyong mga kamag-anak upang sila ay makapangibang-bayan. Ang mga regulasyon ng migrasyon ay mahirap unawain at madalas magbago, kaya mas mabuting kontakin ang DIAC para sa impormasyon sa iyong sariling kalagayan. Para sa karagdagang impormasyon basahin ang:

Migrating to Australia

www.immi.gov.au/immigration.htm

Ang listahan ng mga tanggapan ng Australian Overseas Immigration Office ay matatagpuan sa website na: www.immi.gov.au/contacts/overseas/index.htm

14. Lokal na pamahalaan at mga serbisyong pangkomunidad

Ang Australya ay may tatlong saklaw ng pamahalaan: Komonwelt, Estado o Teritoryo, at lokal. Ang iyong lokal na konseho ang nangangalaga sa lugar na iyong tinitirhan at nagbibigay ng maraming mahalagang mga serbisyo na nakalaan para sa lahat ng mga tao sa lokal na komunidad. Ang mga konseho ay pinopondohan sa kalakhan ng mga rates o buwis na ibinabayad ng mga lokal na nagmamay-ari ng mga ari-arian. Hindi mo kinakailangang magkaroon ng ari-arian upang makakakuha ng mga serbisyong ito.

Mga serbisyong pangkomunidad

Ang mga konseho ay madalas na nagpapagamit ng mga publikong bulwagan sa mga grupo sa komunidad, mga kagamitang para sa palakasan, libangan at pangkultura. Ang mga konseho ay nagbibigay din ng maraming mga serbisyong pansuporta katulad ng mga sentrong pangkalusugan para sa bata, sentro para sa pangangalaga ng mga bata, manggagawa para sa mga kabataan, at mga serbisyong nauukol sa pangangalaga para sa mga matanda at sa pagkainutil.

Ang mga lokal na konseho ay makakapagbigay ng mga naka-iskedyul na pagbabakuna para sa iyong mga anak nang walang bayad. Ang iyong lokal na konseho ay makakapagsabi sa iyo kung anong mga pagbabakuna ang maaaring makuha at kung kailan maaaring makuha ang mga ito. Ang iyong lokal na konseho ay magbibigay din ng "Sertipiko ng Pagbabakuna", na opisyal na buod ng anumang mga dokumento ng pagpapabakuna na mayroon ka. Ang "Sertipiko ng Pagpapabakuna" ay kailangang ipakita sa paaralan ng iyong anak sa oras ng (o sa loob ng madaling panahon matapos) pagpapatala.

Mga serbisyong Multikultural

Maraming mga konseho ang mayroong multikultural o pangkomunidad na manggagawa na maaaring magbigay ng mahalagang tulong at payo habang ikaw ay nagsisimulang manirahan sa Australya. Ang ilan ay may mga serbisyo na inilaan upang matugunan ang mga tanging pangangailangan ng mga matandang mamamayan na mula sa magkakaibang kultura at lengguwahe.

Mga Aklatan

Karamihan sa mga lugar ay mayroong mga pampublikong aklatan kung saan ang mga tao ay maaaring maging miyembro upang makahiram ng mga libro nang walang bayad. Ang mga aklatan ay mayroon din o maaaring maka-order ng mga libro sa mga wikang maliban sa Ingles. Maaari kang makagamit ng internet sa karamihang mga aklatan.

Iba pang mga serbisyo

Ang mga konseho ay nagmamantina ng mga lokal na kalsada, nagtatayo ng mga publikong palikuran at tinitiyak na ang mga tindahan at restoran ay tumutugon sa tamang mga pamantayan ng kalusugan. Kinokontrol nila ang mga pagpapatayo ng mga gusali, at kung nais mong magsagawa ng mga pagbabago sa iyong tinitirhang ari-arian, kailangang alamin mo sa iyong konseho kung ito ay aaprubahan.

Ang mga konseho ay may katungkulan sa koleksiyon at pagreresaykel ng mga basura. Makipag-alam sa iyong konseho o mga kapitbahay tungkol sa mga araw ng koleksiyon. Maraming mga konseho ang naglalathala ng mga 'Council Information Booklets' o mga 'New Residents Kits' na nagbibigay ng maraming impormasyon tungkol sa mga serbisyo at mga kagamitan (kabilang ang mga oras ng koleksiyon ng basura). Ang mga ito ay maaaring ipadala sa iyo sa pamamagitan ng koreo o kolektahin mula sa mga opsina ng konseho.

Higit pang impormasyon

Pumunta sa iyong lokal na konseho o lokal na aklatan para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga serbisyo na maaring makuha sa iyong distrito. Ang mga numero ng telepono at lokasyon ng konseho ay nakalista sa [White Pages](#) na direktoryo ng telepono sa seksiyong 'local district'. Tandaan, sila ang mga eksperto sa iyong lokal na lugar ! Ang impormasyon tungkol sa lokal na konseho ay maaari ding makuha mula sa website na www.gov.au

Local Government Website

www.dvc.vic.gov.au

Victoria Website

www.vic.gov.au